


ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HULYO 2015

Liahona



**Pamana ng mga Pioneer: Angkla
ng Pag-asa sa Kaluluwa, p. 14**

**Hindi Nawala ang Lahat: Mga Aral mula
sa Buhay ni Propetang Joseph, p. 20**

**Paano Mamuhay nang Matwid sa
Isang Masamang Mundo, p. 26**

Maghanda para sa Templo, mga pahina 56, 76, 78, 79



*"Kaya't ang bawa't duminig ng aking mga salitang ito at ginaganap,
ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay
sa ibabaw ng bato:*

*At lumagpak ang ulan at bumaha, at humihip ang mga hangin, at
hinampas ang bahay na yaon; at hindi nabagsak: sapagka't natatayo
sa ibabaw ng bato.*

Mateo 7:24–25

Ang paghampas ng mga alon ng Atlantic Ocean sa baybayin ng Maine, USA, sa kasagsagan ng Hurricane Sandy, 2012.



MGA MENSAHE

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Kay-inam ng Buhay**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Mga Banal na Katangian ni Jesucristo—Mapagpatawad at Maawain**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

- 14 Mga Pioneer: Isang Angkla sa Panahong Ito**
Ni Elder Marcus B. Nash
Alamin kung paano maaaring maging angkla ang diwa ng mga pioneer para sa atin ngayon.

20 Ang Paglabas ng Aklat ni Mormon

Ni Matthew S. Holland
Tulad ni Joseph Smith, hindi ninyo kailangang mamuhay nang perpekto para maging mabisang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos.

26 Pag-ani ng mga Gantimpala ng Kabutihan

Ni Elder Quentin L. Cook
Paano natin matatamasa ang mga gantimpala ng kabutihan sa ating pamilya?

34 Relihiyon at Pamahalaan

Ni Elder Wilford W. Andersen
Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay may responsibilidad na maging mabubuting mamamayan saanman sila nakatira.

MGA BAHAGI

- 8 Notebook para sa Kumperensya ng Abril 2015**
- 10 Ang Ating Paniniwala: Ang Organisasyon ng Simbahan ay Banal**
- 12 Mga Balita sa Simbahan**
- 38 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Tungkol sa mga Tupa at Pastol**
Ni Pangulong James E. Faust

SA PABALAT

Harap: Paglalarawan ni Dan Burr. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni Robbie George/National Geographic Creative. Panloob na pabalat sa likod: Larawang kuha ni Richard M. Romney.

46



42 Puno ng Buhay at Sigla

Ni Randal A. Wright

Isagawa ang kaugaliang ito sa inyong buhay at magkaroon ng mas mabuting kalusugan, higit na sigla, at dagdag na inspirasyon.

46 Mga Haligi ng Lakas sa Hungary

Ni McKelle George

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nagdudulot ng pag-asa, pananampalataya, at lakas sa mga young adult ng Hungary.



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Tapusin ang linya: "Templo'y ibig makita. . ."



48 Jesucristo—Ating Prinsipe ng Kapayapaan

Ni Elder Russell M. Nelson

Ang tanging pinagmumulan ng tunay at walang-hanggang kapayapaan ay si Jesucristo.

51 Tuwirang Sagot

52 Handa nang Tanggapin ang Melchizedek Priesthood?

Alamin pa ang iba tungkol sa sumpa at tipan ng priesthood.

56 Paghahanda sa Pagpasok sa Bahay ng Panginoon

Ni Elder Kent F. Richards

Habang nadaragdagan ang antas ng inyong espirituwalidad, hahangarin ninyong maghanda para sa at makapasok sa templo.

60 Paghahanap ng Paraan na Magpatawad

Ni Bonnie Brown

Paano ka magpatawad kung tila imposibleng kalimutan ang idinulot na sakit?

62 Poster: Liwanag ay Ibahagi

63 Musika sa Aking Buhay

Ni Sabrina de Sousa Teixeira

Nawala ang takot kong ibahagi ang aking talento.

66



64 Nakipag-usap Ako sa Diyos Bilang Isang Kaibigan

Ni Elder Juan A. Uceda

66 Ang Paglalakbay ni Anna

Ni Jessica Larsen

Nang dumating si Anna sa Amerika, wala siyang kilalang sinuman at walang sinumang nagsasalita ng kanyang wika. Pagkatapos ay naalala niya ang payo ng kanyang ina na manalangin.

70 Sinasagot ng Ama sa Langit ang Aking mga Dalangin

Ni George R.

Nalaman ko na matutulungan ko ang pinsan ko sa pamamagitan ng pag-aayuno at pagdarasal.

71 Musika: Magsisunod Kayo sa Akin

Nina John Nicholson at Samuel McBurney

72 Oras para sa Banal na Kasulatan: Ang Talinghaga ng mga Talento

Ni Jean Bingham

74 Ang Ating Pahina

75 Mga Temple Card

76 Ano ang Ginagawa Natin sa Templo?

Ni Carolyn Colton

78 Doon ay Pupunta

Ni Mary N.

Handa na akong magpunta sa templo noon.

79 Natatanging Saksi: Ano kaya ang pakiramdam kapag pumasok na ako sa templo?

Ni Elder Neil L. Andersen

48

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson,
Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson,
Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott,
Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar,
Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden,
Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

Namamahalang Direktor: David T. Warner

Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Publications Assistant: Lisa Carolina López

Writing and Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson,
David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H.
Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R.
Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough,
Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley,
C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P.
Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison,
Brad Teare, K. Nicole Walkenhurst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett,
Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson,
Gayle Tate Rafferty

Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila
Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline
Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee,
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling
Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon
City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas
Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas.
Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa
Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa
mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa
liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420,
50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA;
o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang Liahona (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin
ay “kompas” o “panuro ng direksyon”) ay inilalathala sa
wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian,
Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech,
Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German,
Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano,
Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese,
Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian,
Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian,
Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng
paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay
nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa Liahona para
sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad
na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat
ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office,
50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA;
e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

July 2015 Vol. 18 No. 7. LIAHONA (USPS 311-480)
Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church
of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt
Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year;
Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid
at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of
address. Include address label from a recent issue; old and new
address must be included. Send USA and Canadian subscriptions
to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription
help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard,
American Express) may be taken by phone or at store.lds.org.
(Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5).

NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes
to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368,
Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.



“Ang Paglabas ng Aklat ni Mormon,”

pahina 20: Sa kabila ng kanyang mga kahinaan, si Joseph Smith ay naging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon habang nagsisikap siyang sundin ang Tagapagligtas. Tayo man ay maaaring maging mga kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon kapag sinikap nating magpakabuti at maging higit na katulad ni Jesucristo. Isiping mapanaling magtakda ng ilang mithiin bilang indibiduwal at bilang isang pamilya. Maaari ninyong talakayin ang mga kalakasan at talento ng bawat miyembro ng pamilya at talakayin kung paano ninyo magagamit ang inyong mga kalakasan para tulungan ang isa’t isa na maisakatuparan ang bawat mithiin. Isalaysay kung paano magagamit ng

bawat isa sa inyo ang mga kalakasan ninyo upang isulong ang gawain ng Panginoon, tulad ng ginawa ni Propetang Joseph.

“Paglalakbay ni Anna,”

pahina 66: Isiping tumulong sa inyong pamilya na matuklasan at ingatan ang mga kuwento ng kasaysayan ng inyong pamilya. Maaari kayong magplanong interbyuhin ang isang lolo o lola, basahin ang mga journal ng pamilya at iba pang mga dokumento, o i-browse ang FamilySearch.org. Sa susunod na family home evening, ibahagi ang mga kuwento at talakayin kung paano naging bayani ang inyong mga ninuno. Isiping magdagdag ng mga kuwento sa bahaging “Memories” sa FamilySearch.org.

SA INYONG WIKA

Ang Liahona at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, 20

Awa, 7, 20

Banal na kasulatan, mga,
20, 40

Gobyerno, pamahalaan,
34

Home teaching, 51, 80

Jesucristo, 48

Joseph Smith, 20

Kabutihan, 26

Kaligayahan, 26

Kalusugan, 42

Kapatawaran, 7, 51, 60

Kapayapaan, 26, 40, 48

Katapatan, 38

Magandang pananaw, 4

Organisasyon ng

Simbahan, 10

Pag-aayuno, 70

Pag-asa, 14, 46

Pagbabalik-loob, 39

Paghahayag, 42

Pagkakaisa, 14

Pagsubok, mga, 20, 40,

66, 70

Pag-unlad, kaunlaran, 26

Pamilya, 26, 64, 66

Panalangin, 64, 66, 70

Pananampalataya, 14, 20,

38, 40, 41, 63, 66, 70

Pioneer, mga, 4, 14, 66

Priesthood, 52

Relihiyon, 34

Talento, mga, 63, 72

Templo, mga, 56, 75, 76,

78, 79

Trabaho, gawain, 4

Visiting teaching, 80



**Ni Pangulong
Dieter F. Uchtdorf**

Pangalawang Tagapayo
sa Unang Panguluhan

Kay-inam NG BUHAY

Kapag naiisip ko ang pamana sa atin ng mga pioneer, ang isa sa pinaka-nakaaantig na mga bagay na pumapasok sa isip ko ay ang himnong “Mga Banal, Halina” (*Mga Himno*, blg. 23). Madalas kantahin ng mga kasama sa mahabang paglalakbay papuntang Salt Lake Valley ang himnong ito habang naglalakad.

Alam na alam ko na hindi mainam ang buhay ng mga Banal na ito. Dumanas sila ng karamdaman, init, pagod, ginaw, takot, gutom, pasakit, pag-aalinlangan, at maging ng kamatayan.

Ngunit kahit may katwiran silang sumigaw ng, “Hindi mainam ang buhay,” nagkaroon sila ng ugaling hindi natin maiiwasang hangaan sa ngayon. Hindi ang mga problema ang inisip nila kundi ang mga walang-hanggang pagpapala. Nagpasalamat sila sa kanilang sitwasyon. Sa kabila ng katibayan na kabaligtaran ang nangyari, kinanta nila nang buong pananalig ng kaluluwa na, “Kay-inam ng buhay!”

Walang kabuluhan ang ating papuri para sa mga pioneer kung hindi natin ito pinagninilayan. Babanggit ako ng ilan sa kanilang mga katangian na nagbibigay-inspirasyon sa akin habang pinagninilayan ko ang kanilang sakripisyo at katapatan.

Habag

Pinangalagaan ng mga pioneer ang isa’t isa anuman ang uri ng kanilang lipunang ginagalawan, katayuan sa buhay, o sinusuportahang partido sa pulitika. Kahit ito ay nagpabalag ng kanilang pag-unlad, nagpahirap, o nangahulugan ng personal na sakripisyo at paghihirap, nagtulungan sila.

Sa ating mundong naiimpluwensyahan ng mga mithiin

at opinyon, ang mga adhikain ng bawat tao o partido ay maaaring mas pahalagahan kaysa pangalagaan ang iba o patatagin ang kaharian ng Diyos. Sa lipunan sa ngayon, ang pagkakamit ng ilang pulitikal na mithiin ay maaaring magmukhang sukatan ng ating kahalagahan.

Ang pagtatakda at pagkakamit ng mga mithiin ay maaaring napakagandang bagay. Ngunit kapag nagtagumpay kayo sa inyong mga mithiin dahil binalewala, winalang-bahala, o sinaktan ninyo ang iba, ang kapalit ng tagumpay na iyan ay maaaring napakalaki.

Inalagaan ng mga pioneer ang mga kasama nila sa pangkat, ngunit inisip din nila ang mga taong kasunod nila, kaya nagtanim sila ng mga pananim para sa kasunod na mga bagon.

Alam nila ang katatagan ng mga pamilya at kaibigan. At dahil umasa sila sa isa’t isa, naging matatag sila. Ang magkakaibigan ay naging magpapamilya.

Ang mga pioneer ay nagsisilbing magandang paalala kung bakit kailangan nating lumayo sa tukso para maihiwalay natin ang ating sarili at, sa halip, tulungan ang isa’t isa at magkaroon ng habag at pagmamahal sa isa’t isa.

Trabaho

“Mga Banal, halina’t gumawa.”

Ang mga katagang ito ang naging awitin ng lupaypay na mga manlalakbay. Mahirap isipin kung gaano nagpakahirap ang mga dakilang kaluluwang ito. Ang paglalakad ay isa sa mga pinakamadali nilang ginawa. Lahat sila ay nagtulungang maglaan ng pagkain, magkumpuni



ng mga bagon, mag-alaga ng mga hayop, magbasbas ng maysakit at mahihina, maghanap at mag-ipon ng tubig, at protektahan ang kanilang sarili sa mga panganib na dulot ng panahon at marami pang panganib sa ilang.

Nagigising sila tuwing umaga na may malilinaw na layunin at mithiing naunawaan ng lahat: ang maglingkod sa Diyos at sa kanilang kapwa at makarating sa Salt Lake Valley. Araw-araw ang mga layunin at mithiing iyon ay malinaw sa kanila; alam nila ang kailangan nilang gawin at ang progreso sa bawat araw ay mahalaga.

Sa ating panahon—na halos lahat ng ninanais natin ay napakadaling makuha—nakatutuksong lumihis o sumuko tuwing tila medyo matagtag ang daraanan o matarik ang banging babagsakan natin. Sa mga sandaling iyon, baka mabigyang-inspirasyon tayo nito na isipin ang kalalakihan, kababaihan, at mga batang iyon na hindi hinayaan ang sakit, hirap, pasakit, at maging ang kamatayan na pigilan sila sa kanilang piniling landas.

Nalaman ng mga pioneer na ang paggawa ng mahihirap na bagay ay nagpatibay at nagpalakas ng katawan, isipan, at espiritu; nagpalawak ng pag-unawa nila sa kanilang likas na kabanalan; at nagpaibayo ng kanilang pagkahabag sa iba. Ang gawi na ito ay nagpatibay sa kanilang kaluluwa at naging pagpapala sa kanila matapos nilang tawirin ang kapatagan at kabundukan.

Magandang Pananaw

Nang kumanta ang mga pioneer, kinanta nila ang ikatlong aral: “Maglakbay sa tuwa.”

Ito ang isa sa malalaking kabalintunaan ng ating panahon na napakarami nating pagpapala subalit napakalungkot pa rin natin. Sagana tayo sa mga kagandahang dulot ng kaunlaran at teknolohiya at labis tayong nabibigyan ng seguridad, libangan, dagliang kasiyahan, at kaginhawahan. Subalit sa buong paligid natin ay nakikita natin ang labis na kalungkutan.

Ang mga pioneer, na nagsakripisyo nang malaki, ay nagtiis at nagutom kahit sa pinakamaliliit na pangangailangan para mabuhay. Naunawaan nila na ang kaligayahan ay hindi dumarating dahil sa suwerte o aksidente. Siguradong hindi ito dumarating kapag nagkatotoo ang lahat ng ating pinapangarap. Ang kaligayahan ay hindi nagmumula sa mga nangyayari sa labas. Ito ay nagmumula sa loob—anuman ang nangyayari sa ating paligid.

Alam iyan ng mga pioneer, at sa diwang iyan natagpuan nila ang kaligayahan sa bawat sitwasyon at sa bawat pagsubok—maging sa mga pagsubok na nakaapekto sa kaibuturan ng kanilang kaluluwa.

Mga Pagsubok

Nililingon natin kung minsan ang tiniis ng mga pioneer at maginhawang nasasambit na, “Salamat na lang at hindi ako nabuhay sa panahong iyon.” Ngunit iniisip ko kung ang matatapang na pioneer na iyon, kung nakita nila tayo ngayon, ay hindi mag-aalala nang gayon.

Bagama’t nagbago na ang panahon at mga sitwasyon, hindi pa nagbabago ang mga alituntunin para sa pagharap

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Maaari kayong magsimula sa pagkanta ng “Mga Banal, Halina” (*Mga Himno*, blg. 23) sa mga binibisita ninyo. Maaari kayong magbahagi ng karanasan kung saan naipamuhay ninyo o ng isang taong kilala ninyo ang mga alituntunin ng pagkahabag, pagtatrabaho, o pagkakaroon ng magandang pananaw. Kung madarama ninyo, maaari ninyong patotohanan ang mga pagpapalang nagmumula sa pamumuhay ng mga alituntuning ito at mangako sa mga binibisita ninyo na maaari din nilang matanggap ang mga pagpapalang iyon.

sa mga pagsubok at matagumpay na pagsasama bilang isang mapagmalasakit at umuunlad na komunidad sa ilalim ng pamamahala ng Diyos.

Mula sa mga pioneer maaari tayong matutong manam-palataya at magtiwala sa Diyos. Maaari tayong matutong mahabag sa iba. Maaari nating matutuhan na ang pagtatra-baho at kasipagan ay nagpapala sa atin hindi lamang sa temporal kundi maging sa espirituwal. Maaari nating malaman na ang kaligayahan ay napapasaatin anuman ang ating sitwasyon.

Ang pinakamainam na paraan para magpakita ng

MGA KABATAAN

Pag-iingat ng Talaan

Inihambing ni Pangulong Uchtdorf ang ating panahon sa panahon ng mga pioneer. Kahit maaaring hindi pa ninyo natawid ang kapatagan, mas katulad kayo ng mga pioneer kaysa inaakala ninyo! Maaari kayong magpakita ng habag, kasipagan, at magandang pananaw. At tulad ng alam natin na ipinamalas ng mga pioneer ang mga kata-ngiang ito dahil sa mga talaang iningatan nila, maaari din kayong makilala ng inyong mga inapo sa pamamagitan ng inyong journal.

Mag-ukol ng ilang minuto na magtala nang kaunti tungkol sa inyong sarili sa inyong journal. Maaari kayong magsulat tungkol sa mga espirituwal na bagay, gaya ng pa-ano ninyo natamo ang inyong patotoo o nadaig ang mga pagsubok sa tulong ng Ama sa Langit. Matutulungan din ninyo ang inyong kaapu-apuhan (na maaaring makabasa ng inyong journal balang-araw!) na malaman kung ano ang naging buhay ninyo sa araw-araw. Anong mga pro-yekto ang ginagawa ninyo sa paaralan? Ano ang hitsura ng kuwarta ninyo? Ano ang paborito ninyong alaala tungkol sa inyong pamilya?

Kapag nagsimula kayong magsulat nang kaunti araw-araw, hindi lamang ninyo makikita nang mas malinaw kung paano kayo tinutulungan ng Ama sa Langit sa inyong buhay araw-araw, kundi mag-iiwan din kayo ng pamana para sa sarili ninyong mga inapo.

paggalang at pasasalamat sa mga pioneer ay gawing bahagi ng ating sariling buhay ang katapatan sa mga utos ng Diyos, kahabagan at mahalin ang ating kapwa, at maging masipag, magkaroon ng magandang pananaw, at magalak na lubos sa ipinamalas ng mga pioneer sa sarili nilang buhay.

Kapag ginawa natin ito, matatawid natin ang mga dekada ng panahon, mahahawakan ang kamay ng mga dakilang pioneer na iyon, at maidaragdag ang ating sa-riling tinig sa kanila habang kinakanta nating lahat ang: “Kay-inam ng buhay!” ■

MGA BATA

Pagsunod sa Halimbawa ng mga Pioneer

Nagbahagi si Pangulong Uchtdorf ng ilang paraan na nagpakita ng pagmamahal sa Ama sa Langit ang mga pioneer. Maaari ninyong sundan ang kanilang halimbawa. Narito ang ilang ideya para makapagsimula kayo:

HABAG

- ☐ Sumulat ng magiliw na liham o mag-handa ng pagkain para sa isang taong nalulungkot.
- ☐ Tulungan ang isang kaklase sa kanyang homework.

TRABAHO

- ☐ Magtakda ng mithiin. Gumawa ng isang bagay araw-araw sa buwang ito para matulungan kang marating ang iyong mithiin.
- ☐ Tulungan ang inyong mga magulang na maghanda ng hapunan.

MAGANDANG PANANAW

- ☐ Maglista ng 10 masasayang bagay sa iyong buhay.
- ☐ Ngitian ang lahat ng taong makita mo.

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at mga papel na ginagampanan ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.

Mga Banal na Katangian ni Jesucristo: Mapagpatawad at Maawain

Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching na nagtatampok sa mga banal na katangian ng Tagapagligtas.

Ang pag-unawa na si Jesucristo ay Anaging mapagpatawad at maawain sa atin ay matutulungan tayong patawarin at kaawaan ang iba. “Si Jesucristo ang ating Huwaran,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson. “Ang Kanyang buhay ay pamana ng pag-ibig. Pinagaling Niya ang maysakit, iniangat Niya ang nabibigatan, iniligtas Niya ang makasalan. Sa huli ay pinatay Siya ng galit na mga mandurumog. Gayunpaman umaalingawngaw mula sa burol ng Golgota ang mga salitang: ‘Ama, patawarin mo sila; sapagka’t hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa’—isang sukdulang halimbawa ng habag at pag-ibig sa mortalidad.”¹

Kung patatawarin natin ang iba sa kanilang mga pagkakasala, patatawarin din tayo ng ating Ama sa Langit. Inuutusan tayo ni Jesus na “magmaawain kayo, gaya naman ng inyong Ama na maawain” (Lucas 6:36). “Ang kapatawaran para sa ating mga kasalan ay dumarating nang may mga kundisyon,” sabi ni Pangulong



Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan. “Kailangan tayong magsisi. . . . Hindi ba lahat naman tayo, sa iba’t ibang pagkakataon, ay mapagpakumbabang dumulog sa luklukan ng awa at nagsumamong makatanggap ng biyaya? Hindi ba natin hinangad nang buong lakas ng ating kaluluwa na kahabagan tayo—na mapatawad tayo sa mga pagkakamali at pagkakasalang nagawa natin? . . . Hayaang baguhin at paghilumin ng Pagbabayad-sala ni Cristo ang inyong puso. Mahalin ang isa’t isa. Patawarin ang isa’t isa.”²

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

Mateo 6:14–15; Lucas 6:36–37; Alma 34:14–16

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Pag-ibig—ang Pinakadiwa ng Ebanghelyo,” *Liahona*, Mayo 2014, 91.
2. Dieter F. Uchtdorf, “Ang Mahabagin ay Kahahabagan,” *Liahona*, Mayo 2012, 70, 75, 77; binigyang-diin sa orihinal.
3. Jeffrey R. Holland, “The Peaceable Things of the Kingdom,” *Ensign*, Nob. 1996, 83.

Pananampalataya,
Pamilya,
Kapanatagan



Mula sa mga Banal na Kasulatan

“Dapat tayong magpatawad tulad ng pagpapatawad sa atin,” sabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol.³ Ipinapakita sa atin ng kuwento tungkol sa alibughang anak ang magkabilang panig ng kapatawaran: ang isang anak ay pinatawad at ang isa namang anak ay nahirapang magpatawad.

Kinuha ng nakababatang anak ang kanyang mana, mabilis itong winaldas, at nang magutom ay nagtrabaho bilang tagapagpakain ng mga baboy. Sinasabi sa mga banal na kasulatan na “nang siya’y makapagisip,” umuwi siya at sinabi sa kanyang ama na hindi siya karapat-dapat na maging anak nito. Ngunit pinatawad siya ng kanyang ama at ipinapatay nito ang isang pinatabang guya para sa isang piging. Umuwi ang panganay na anak mula sa pagtatrabaho sa bukid at nagalit. Ipinaalala niya sa kanyang ama na maraming taon siyang nagsilbi, at hindi sumuway sa mga utos, subalit “hindi mo ako binigyan kailan man ng isang maliit na kambing, upang ipakipagkatuwa ko.” Sagot ng ama, “Anak, ikaw ay palaging nasa akin, at iyo ang lahat ng akin. Datapuwa’t karapatdapat mangagkatuwa at mangagsaya tayo: sapagka’t patay ang kapatid mong ito, at muling nabuhay; at nawala, at nasumpungan” (tingnan sa Lucas 15:11–32).

Isipin Ito

Paano makikinabang sa pagpapatawad ang nagpapatawad?

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG ABRIL 2015

“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2015, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga turo kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

PANGAKO NG PROPETA



Walang-Katumbas na mga Pagpapala ng Templo

“Kapag nagpunta tayo sa templo, kapag inalala natin ang mga tipang ginawa natin doon, mas kakayanin nating daigin ang mga tukso [sa atin] at malalagpasan natin ang mga pagsusbok. Sa templo makasusumpung tayo ng kapayapaan.

“Ang mga pagpapala ng templo ay walang katumbas. Ang isang pinasalamatan ko araw-araw sa buhay ko ay ang natanggap namin ng mahal kong asawang si Frances nang lumuhod kami sa harap ng sagra-dong altar at gumawa ng mga tipan na nagbigkis sa amin para sa buong

kawalang-hanggan. Walang ibang pagpapalang mas mahalaga sa akin kaysa sa kapayapaan at kapanatagang natanggap ko mula sa kaalaman na siya at ako ay magkakasamang muli.

“Nawa’y pagpalain tayo ng ating Ama sa Langit na magkaroon tayo ng hangarin sa tuwina na pumunta at maglingkod sa templo, na tayo ay maging masunurin sa Kanyang mga utos, at na nawa’y sundan nating mabuti ang mga yapak ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Mga Pagpapala ng Templo,” *Liahona*, Mayo 2015, 93.

TAMPOK NA DOKTRINA



MGA PUNDASYON NG KALAYAAN SA RELIHIYON

“Habang tinatahak natin ang landas ng espirituwal na kalayaan sa mga huling araw na ito, dapat nating maunawaan na ang tapat na paggamit ng ating kalayaan ay batay sa pagkakaroon natin ng kalayaang pangrelihiyon. . . .

“May apat na pundasyon ang kalayaang pangrelihiyon na dapat nating panghawakan at protektahan bilang mga Banal sa mga Huling Araw.

“Ang una ay ang kalayaang mani-wala. Walang sinumang tao ang dapat batikusin, usigin, o atakihin ng mga indibiduwal, o kahit ng pamahalaan, anuman ang kanyang paniniwala tungkol sa Diyos. . . .

“Ang pangalawa . . . ay ang kalayaang magbahagi ng ating pananampalataya at mga paniniwala sa iba. . . .

“Ang pangatlo . . . ay ang kalayaang bumuo ng organisasyong pangrelihiyon, ng simbahan, upang sumamba nang matiwasay kasama ang iba. . . .

“Ang pang-apat . . . ay ang kalayaang ipamuhay ang ating pananampalataya—ang malayang paggamit ng pananampalataya hindi lamang sa tahanan at chapel kundi sa mga pampublikong lugar din.”

Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Pangangalaga sa Kalayaan, Pagprotekta sa Kalayaang Pangrelihiyon,” *Liahona*, Mayo 2015, 112.

"ANG MAG-ANAK: ISANG PAGPAPAHAYAG SA MUNDO"



"May tatlong alituntuning itinuro sa pagpapahayag na palagay ko'y talagang nanga-ngailangan ng matatag na mga


tagapagtanggol. . .

"... Tumulong tayong itayo ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng paninindigan nang buong tapang at pagiging mga tagapagtanggol ng kasal, pagiging magulang, at tahanan. Kailangan ng Panginoon na tayo ay maging matapang, matatag, at di-natitinag na mga mandirigma na magtatanggol ng Kanyang plano at ituturo sa darating na mga henerasyon ang Kanyang mga katotohanan."


Bonnie L. Oscarson, Young Women general president, "Mga Tagapagtanggol ng Pagpapahayag tungkol sa Mag-anak," *Liahona*, Mayo 2015, 15, 16.



1. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae.



2. Ang tungkulin ng mga ama at ina.



3. Ang kasagraduhan ng tahanan.

Para sa iba pang mga artikulo tungkol sa kasal at pamilya mula sa pangkalahatang sesyon ng kababaihan sa kumperensya ng Abril 2015, tingnan sa Cheryl A. Esplin, "Punuin ang Ating mga Tahanan ng Liwanag at Katotohanan," 8, at Carole M. Stephens, "Ang Pamilya ay sa Diyos," 11.



MAGAGANDANG KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA

Ano ang mas umaagaw ng ating pansin kaysa sa isang magandang kuwento? Ang mga sumusunod ay tatlo sa maraming kuwentong ibinahagi sa kumperensya:

- Sa talinghaga ng manghahasik, anong klase ng lupa ba kayo? Paano mababago ng pagkilala ukol sa bagay na ito ang inyong buhay? —Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Ang Talinghaga ng Manghahasik," 32.
- Anong matitinding karanasan ang nakatulong sa isang bata pang ina na bumalik sa ebanghelyo ni Jesucristo? —Tingnan sa Rosemary M. Wixom, "Pagbalik sa Pananampalataya," 93.
- Paano dinaragdagan ng madamdaming kuwento tungkol sa dalawang magkapatid na nagipit sa matarik na bangin ang ating pag-unawa sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo? —Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Kapag ang Katarungan, Pag-ibig, at Awa ay Nagtugma," 104.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bumisita sa **conference.lds.org**.

ANG ORGANISASYON NG SIMBAHAN AY BANAL

Madalas marinig ng mga bagong miyembro ng Simbahan ang mga katagang ngayon lamang nila narinig: mga susi ng priesthood, pagtatalaga, pagpapatong ng kamay, pagbibinyag para sa patay, Mutwal, Relief Society, at kung anu-ano pa. At naririnig nila ang mga pamilyar na kataga na ginagamit sa di-pamilyar na mga paraan: deacon, patriarch, bishop, mga tagapayo, sacrament, calling, release, patotoo, ordenansa, at marami pang iba.

Kung matagpuan ninyo ang inyong sarili sa gayong sitwasyon, huwag mag-alala. Habang lalo kayong nagsisimba, pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan at materyal ng mga aralin, at nakikisalamuha sa mga

miyembro ng Simbahan, mas mauunawaan ninyo ang mga katagang ito. Samantala, huwag mag-atubiling magtanong sa mga miyembro ng inyong ward o branch; matutuwa silang ipaliwanag ang anumang bagay na walang katuturan sa inyo.

Ang mga katagang tulad nito ay mahalaga dahil ipinapakita ng mga ito ang doktrina, mga patakaran, kaugalian, at organisasyon ng Simbahan, na nagmumula sa mga banal na kasulatan at sa pamamagitan ng paghahayag sa mga makabagong propeta. Pinamumunuan ng Tagapagligtas ang Kanyang Simbahan ngayon sa pamamagitan ng paghahayag ng Kanyang kalooban sa Unang Pangu-luhan (ang Pangulo ng Simbahan at ang kanyang dalawang tagapayo) at sa Korum ng Labindalawang Apostol. Inorganisa ang Simbahan ngayon sa halos parehong paraan na itinatag ito ng Panginoon noong narito Siya sa lupa (tingnan sa Saligan ng Pananampalataya 1:6). Tulad noong panahon ng biblia, mayroon tayong mga propeta, mga apostol, mga miyembro

ng Pitumpu, mga missionary na lumalabas nang dala-dalawa, at mga bishop at iba pang mga lokal na lider.

Lahat ng naglilingkod sa Simbahan ay boluntaryo. Sila ay tinatawag (pinaglilingkod) sa pamamagitan ng inspirasyong natatanggap ng kani-ang mga lider. Darating ang panahon na bibigyan kayo ng calling—isang responsibilidad, isang pagkakataong maglingkod. Kapag tinanggap ninyo ito nang maluwag sa loob at ginampanan ninyo ito sa abot ng inyong makakaya, pagpapalain ng Panginoon ang inyong mga pagsisikap na paglingkuran ang Kanyang mga anak. Anuman ang inyong pinagmulan, makapag-aambag kayo ng mahahalagang espirituwal na kaloob. Bilang miyembro ng Simbahan, kayo ay bahagi ng “katawan ni Cristo” (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12). Mahalaga ang inyong kontribusyon sa pagpapatakbo ng Simbahan. ■

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa Moroni 6; Doktrina at mga Tipan 20; at “Church Organization” sa [lds.org/topics](https://www.lds.org/topics).

SALIGAN NG MGA APOSTOL AT PROPETA

“Kaya nga hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo’y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios.

“[At] itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok.”

Mga Taga Efeso 2:19–20

Ang mga lider sa inyong ward ay naglilingkod sa isang presidency o panguluhan (isang pangulo at dalawang tagapayo):



Ang bishop at ang kanyang dalawang tagapayo ang bumubuo sa bishopric at nangungulo sa ward.



Ang Relief Society presidency ay naglilingkod sa kababaihan sa ward at tumutulong na mapatatag ang kanilang pamilya.



Ang elders quorum presidency at ang mga high priests group leader ay naglilingkod sa kalalakihan sa ward at tumutulong na mapatatag ang kanilang pamilya.



Ang Primary presidency ay naglilingkod sa mga bata, at ang mga Young Men at Young Women presidency ay naglilingkod sa mga kabataang edad 12–18.



Ang Sunday School presidency ay nangangasiwa sa mga klase ng Sunday School at tumutulong na mapagbuti ang pagkatuto at pagtuturo ng ebanghelyo sa ward.

MGA BALITA SA SIMBAHAN

Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.



LDS Charities: 30 Taon ng Paglilingkod

Ang alituntunin ng paglilingkod sa ating kapwa ay hindi na bago. Sa lahat ng dispensasyon, ang Simbahan ay nakalaan na sa pagtulong sa mga maralita at nangangailangan.

Tatlumpung taon na ang nakaraan, noong Enero 27, 1985, ang paglalaang iyon ay ipinakita sa isang espesyal na ayuno kung saan nagbigay ng U.S. \$6 milyon ang mga miyembro ng Simbahan para makatulong sa mga biktima ng taggutom sa Ethiopia. Ito ang naging tanda ng pag-sisimula ng magiging LDS Charities. Sa taon ding iyon, nakalikom ng \$5 milyon pa sa isang ayuno sa buwan ng Nobyembre para mabigyan ng lunas ang mga nagugutom. Ang dalawang ayunong iyon ay lubhang nagpabilis sa gawain sa ating panahon.

Sa loob ng 30 taon simula noong mga ayunong iyon, nakapagbigay na ang Simbahan ng \$1.2 bilyon sa pagtulong sa mga taong naghihirap.

Kabilang na rian ang pagkain, tirahan, mga medical supply, damit, at mga bagay na nagdudulot ng ginhawa. Bukod pa rito, nag-alok ang LDS Charities ng pangmatagalang tulong sa pamamagitan ng mga inisyatibong naglalaan ng mga wheelchair, bakuna, malinis na tubig, nutrisyon sa pamilya, pangagamot sa mata, at pangangalaga sa ina at bagong-silang na sanggol. Ang Simbahan ay nakikipagtuwang sa iba pang kilalang mga organisasyong pangkawanggawa para magamit nang husto ang mga donasyon.

Madalas ituro ni Pangulong Thomas S. Monson na, bilang mga miyembro ng Simbahan, responsibilidad nating tulungan ang mga nagugutom, walang tahanan, at naapi. Tumugon ang mga miyembro ng Simbahan sa hamon. Walang gaanong kasayahan o pormal na pasasalamat, tahimik silang nag-ambag ng milyun-milyong oras ng paglilingkod

at daan-daang milyong dolyar. Bukod pa sa pag-aambag sa humanitarian fund sa donation slip, nagbigay ang mga miyembro sa LDS Philanthropies, naglingkod sa mga misyon, naging mabubuting kaibigan at kapitbahay, nagboluntaryong magtrabaho sa mga welfare facility o komunidad, at nagbigay ng kanilang oras at pagmamahal sa daan-daang libong mapagkakatiwalaang lokal na organisasyon.

Habang ginagawa nila ito, sinisimulan nilang isakatuparan ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan:

“Sapagka’t ako’y nagutom, at ako’y inyong pinakain; ako’y nauhaw, at ako’y inyong pinainom; ako’y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy; . . .

“Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa” (Mateo 25:35, 40). ■



Mga Templo Nag-aalok ng Oras para sa Pamilya

Para matulungan ang mga pamilya na sama-samang makadalo sa templo, may oras na ngayong nakatakda linggu-linggo sa mga bautismuhan sa templo para makapag-iskedyul ng mga proxy baptism ang mga pamilya nang hindi na naghihintay nang matagal. Tumawag sa templo sa inyong lugar para malaman ang mga oras at gumawa ng mga appointment. ■

Tulong para sa mga Pamilya

May mga family home evening lesson na ngayon para tulungan ang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak kung paano paglalabanan ang pornograpiya.

Kasama sa mga lesson, na matatagpuan sa overcomingpornography.org/resources, ang "My body is from God," "The Spirit can help me choose good media," "What should I do if I see pornography?" "The Savior desires to forgive and heal the wounds of pornography," at "Sexual intimacy is sacred and beautiful."

Ang mga sangguniang ito ay naglalaan ng mga ideyang tatalakayin at hindi kailangang ituro nang magkakasunod. ■

LDS.org Pinaghusay ang mga Function

Bukod pa sa bagong puting background at asul na mga menu, pina-simulan ng LDS.org ang pagpapahusay sa mga function nito sa pagsisimula ng taong ito.

Pinalitan ng country and language selector ang language selector, kaya mas madali nang mahahanap ng mga miyembro ang local content sa kanilang country communication pages.

Ang country communication pages ngayon ay nagtatampok ng iisang navigation menu na matatagpuan sa LDS.org: Scriptures, Teachings, Resources, at News. Dahil dito maa-access ng mga miyembro ang local content at mga materyal ng Simbahan nang hindi binubuksan ang LDS.org at makapipili sa pagitan ng local content at ng LDS.org content kapag nahahanap. ■



Mahahalagang Pangyayari sa Family Home Evening

Ipinagdiriwang ng family home evening ang dalawang mahahalagang pangyayari sa kasaysayan nito ngayong 2015.

Isandaang taon na ang nakararaan, hinimok ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918) at ng kanyang mga tagapayo ang mga miyembro ng Simbahan na maglaan ng isang gabi para sama-samang umunlad at matuto. Nangako sila na ang mga gagawa nito ay masasaksihan ang mas malaking pagmamahalan sa tahanan at ibayong pagkamasunurin sa mga magulang. Ang konsepto ng home evening ay hindi na bago, ngunit ang panghihikayat na ito mula sa Unang Panguluhan noong Abril 27, 1915, ay nakatulong para maging mas laganap ang paggawa nito.

Limampung taon na ang nakararaan, muling binigyang-diin ni Pangulong David O. McKay (1873–1970) ang family home evening. Noong Enero 1965, ipinalathala niya ang unang family home evening manual, na may mga lingguhang araling ituturo sa bawat tahanan. Noong 1970 Lunes ng gabi ang iminungkahing gabi para sa family home evening.

Ngayon, 100 taon matapos itong ipatupad at 50 taon matapos bigyang-diing muli ang kahalagahan nito, ang family home evening ay nananatiling mahalaga sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan. ■



Ni Elder
Marcus B. Nash
Ng Pitumpu

Mga Pioneer

ISANG ANGKLA SA PANAHONG ITO

Alalahanin ang mga pioneer, ang kanilang mga kuwento, at ang nagpapalakas, nagliligtas, at nagpapalayang kapangyarihan ng Diyos na dumating dahil sa kanilang pananampalataya at pag-asa.



Naantig ng kapangyarihan ng kanyang pananampalataya sa Diyos, nilisan ni Isaac Bartlett Nash (larawan sa itaas at ipinintang larawan sa kanan), ang kanyang bayang sinilangan sa Wales, naglayag sa Atlantic Ocean, at tumawid sa kapatagan upang makasama ang mga Banal sa Salt Lake City.

Noong 1832, si Weltha Bradford Hatch— isang ninuno ng asawa kong si Shelley —at ang kanyang asawang si Ira ay nakatira sa munting bayan ng Farmersville, New York, USA, malapit sa Lake Seneca. Nang bumisita ang mga missionary na sina Oliver Cowdery at Parley P. Pratt sa bahay ng mga Hatch, bumili si Weltha ng Aklat ni Mormon at binasa ito kaagad. Kumbinsido sa katotohanan nito, hiniling niyang mabinyagan siya.

Gayunman, binalaan siya ng kanyang asawa na maghintay dahil sa tumitinding pang-uusig at sa isisilang nilang sanggol. Hindi nagtagal matapos manganak, nabinyagan si Weltha—ngunit matapos lamang makagawa ng butas sa nagyeyelong ilog kung saan isinagawa ang ordenansa!¹

Natawag ang pansin ni Ira sa mensahe ng ebanghelyo. Ginusto niyang malaman ang iba pa at makapag-ambag din sa pagtatayo ng Kirtland Temple. Kaya nagbiyahe sila ni Weltha sakay ng karetela patungong Kirtland, Ohio, USA, upang makilala si Propetang Joseph Smith. Pagdating doon, sinabihan sila na makikita nila ang Propeta na kasama ng isang grupo ng kalalakihan na nagpuputol ng mga puno sa isang kalapit na kakahuyan.

Nang marating nila ang kakahuyan, iniwan ng isa sa mga lalaki ang kanyang palakol sa isang puno, pinuntahan sila, at sinabing, “Brother Hatch, tatlong araw na kitang hinihintay; ang perang dala mo ay gagamitin sa pagtatayo ng pulpito sa templo.”

Ang lalaking ito ay si Joseph Smith. Hindi na kailangan pang sabihin na nabinyagan si

Ira, at umuwi sila ni Weltha sa bahay nila, tinipon ang kanilang mga ari-arian, at sumama sa mga Banal sa Kirtland.²

Sumapi ang isa sa aking mga ninuno, si Isaac Bartlett Nash, sa Simbahan sa Wales at tumawid ng Atlantic at kapatagan bago nakasama ang mga Banal sa Salt Lake City. Pagdating niya ay narinig niya ang isa sa mga namumunog elder ng Simbahan na tinuligsa ang paggamit ng tabako sa mga salitang ito: “May mga Elder sa pagtitipong ito na may nakasubong tabako sa kanilang bibig, bagama’t kahit ang baboy ay hindi ngangatain ang masamang damong ito.” Si Isaac, na may nakasubong tabako sa bibig, ay tahimik itong inalis sa pagkakasubo, inilaglag sa lupa, at sinabi sa tabako, “Diyan ka lang hanggang sa balikan kita.” Hindi na niya ito binalikan kailanman.³

Ano ang nagtulak kay Weltha na hilinging mabinyagan sa nagyeyelong ilog sa halip na hintaying sumapit ang tag-init? Ano ang nagudyok kay Ira na maglakbay mula New York hanggang Ohio at mag-ambag ng pera para makapagtayo ng templo ang isang simbahan kung saan hindi pa siya miyembro? Ano ang nagbigay kay Isaac ng kakayahang iwanan ang kanyang bayan, maglayag sa Atlantic Ocean, tumawid sa kapatagan, at pagkatapos ay idagdag ang pagngata ng tabako sa listahan ng mga bagay na tinalikuran niya?

Napuna ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): “Ang kapangyarihang umantig sa mga ninuno natin sa ebanghelyo ay ang kapangyarihan ng pananampalataya sa Diyos. Ginawa ding posible ng kapangyarihan ding





Kumbinsido sa katotohanan ng Aklat ni Mormon, hiniling ni Weltha Bradford Hatch na mabinyagan sa nagyeyelong ilog sa halip na hintaying sumapit ang tag-init.

iyon ang paglikas mula sa Egipto, ang pagtawid sa Dagat na Pula, ang mahabang paglalakbay sa ilang, at ang pagtatatag ng Israel sa Lupang Pangako.”⁴

Ang pananampalataya ay kapwa isang alituntunin ng pagkilos at ng kapangyarihan.⁵ Ito “ay hindi pagkakaroon ng ganap na kaalaman sa mga bagay” (Alma 32:21). Bagkus, ang “pagtiyak” ng Espiritu (tingnan sa Sa Mga Hebreo 11:1, talababa *b*) ang nagtutulak sa atin na kumilos (tingnan sa Santiago 2:17–26; 2 Nephi 25:23; Alma 34:15–17), na sundan ang Tagapagligtas, at sundin ang lahat ng Kanyang mga utos, kahit sa mga panahon ng sakripisyo at pagsubok (tingnan sa Eter 12:4–6).⁶ Tulad ng katunayan na sumisikat ang araw sa umaga, ang pananampalataya ay nagbubunsod ng pag-asa—ang pag-asa sa mabubuting bagay na darating (tingnan sa Moroni 7:40–42)—at naghahatid sa atin ng kapangyarihan ng Panginoon upang palakasin tayo.⁷

Kung pananampalataya ang kapangyarihang umantig sa ating mga ninunong pioneer, ang pag-asang ibinunsod ng kanilang pananampalataya ang nagpatatag sa kanila. Isinulat ni Moroni:

“Sa pamamagitan ng pananampalataya ang lahat ng bagay ay naisasakatuparan—

“Kaya nga, sinuman ang maniniwala sa Diyos ay maaaring umasa nang may katiyakan para sa isang daigdig na higit na mainam, oo, maging isang lugar sa kanang kamay ng Diyos, kung aling pag-asa ay bunga ng pananampalataya, na gumagawa ng isang daungan sa mga kaluluwa ng tao, na siyang magbibigay sa kanila ng katiyakan at katatagan, nananagana sa tuwina sa mabubuting gawa, inaakay na purihin ang Diyos” (Eter 12:3–4).

Ang pundasyon ng pananampalataya ng mga pioneer kay Cristo ang nagtulak sa kanila na kumilos nang may pag-asa, na umasa sa mas mabubuting bagay na darating—hindi lamang para sa kanilang sarili kundi maging para sa kanilang mga inapo. Dahil sa pag-asang ito, sila ay nakatitiyak at matatag, at naakay na luwalhatiin ang Diyos kahit pagmalupitan sila. Para sa mga taong matibay ang pananalig, ang kapangyarihan ng Diyos ay ipinakita sa mahimalang mga paraan.

Paano nagiging angkla para sa atin ang mga pioneer ngayon? May tatlong mungkahi ako.

Alalahanin ang mga Pioneer

Alalahanin ang mga pioneer, ang kanilang mga kuwento, at ang nagpapalakas, nagligtas, at nagpapalayang kapangyarihan ng Diyos na dumating dahil sa kanilang pananampalataya at pag-asa. Tinutulungan tayo ng ating mga pioneer na ama at ina na malaman kung sino tayo bilang pinagtipanang mga tao at pinagtitibay na ang ating Diyos—kung kanino tayo nakipagtipan at “hindi nagbabago” (Mormon 9:19)—ay pagpapalain tayo sa mga oras ng paghihirap at pagsubok, tulad ng ginawa Niya sa ating mga pioneer na ama at ina.

Itinuro ni Alma na “tutuparin [ng Diyos] ang lahat ng kanyang pangako na gagawin niya sa iyo, sapagkat tinupad niya ang kanyang mga pangakong ginawa niya sa ating mga ama” (Alma 37:17). Batid ito, bibigyan tayo ng inspirasyon ng mga pioneer na kumilos din nang may pananampalataya at mapatatag ng pag-asa.

Ito ang angklang hinahangad natin sa ating moral, espirituwal, at temporal na magulong mundo: ang buhay at nakaaantig na pananampalataya kay Cristo at ang pag-asang nagpapanatili sa atin sa Kanyang mga paraan.

Ang kuwento ng Willie at Martin handcart company ay naging simbolo ng pananam-palataya at pag-asa ng mga pioneer noong araw. Himala na mga 200 lamang ang namatay sa tinatayang 1,000 miyembro ng grupo.⁸ Ang pagsisikap ng mga sumaklolo sa kanila na puno ng pananampalataya at pag-asa, na may kaakibat na tulong ng langit, ang nagligtas sa mga handcart company na ito.⁹

Matapos lisanin ang Salt Lake Valley, nilukob ng gayon din kaaga, katindi, at kawalang-tigil na mga unos sa taglamig ang mga handcart company. Sa harap ng bangis ng kalikasan, ilan sa mga sumaklolo ang nanghina ang pananampalataya, nawalan ng pag-asa, at umatras.

Sa kabilang-banda, tatlong linggong matatag na nanatili si Reddick Allred sa rescue station (himpilan ng saklolo) sa peligrosong panahon ng taglamig. Nang subukang hikayatin ng isa pang sumaklolo si Brother Allred na sumama sa kanya na umatras, tumanggi si Reddick:

“Tinanggihan ko ang kanyang panukala, at . . . pinayuhan siyang manatili, sapagkat

ang buhay ng grupo ay nakasalalay [sa] amin,” pagsulat niya sa kanyang journal. “Pagkatapos ay . . . isinusog niya na dahil ako ang pinuno ng himpilan, dapat silang manalig sa akin, na dapat kong hingin ang payo ng Panginoon upang malaman ang dapat naming gawin. Tinutulan ko ito dahil sinabi na [ng Panginoon] ang gusto niyang ipagawa [sa amin].”¹⁰

Ang gayon katatag na pananampalataya sa mga oras ng pagsubok ay lumilikha ng matatag na kalalakihan at kababaihan at nagbibigay ng tiyak at matatag na patnubay kapag napaligiran tayo ng nakalilitong mga mensahe. Isa sa mga bunga ng gayong pananampalataya ay na yaong mga nag-aangkin nito ay nasa posisyon para pangalagaan, iligtas, at pagpalain ang iba. Isipin na lamang ang init na nadama ni Reddick Allred nang makita niyang pumasok sa kanyang himpilan ang handcart company. Isipiin ang galak na nadama ng grupo nang makita nila siya!

Alalahanin ang Kanilang Pagkakaisa

Alalahanin na sa pangkalahatan ang mga pioneer ay nagkakaisa. Naobserbahan ng mga mananalaysay na ang pandarayuhan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa kanluran ay kaiba sa iba pang mga pandarayuhan sa American West.

“Sila ay literal na mga nayon na sama-samang kumikilos, mga nayon na may malinaw na pag-iisip, pagkakaisa, at disiplina na hindi ninyo maririnig saanmang mga daanan sa kanluran. . . .

“Ilan lamang sa mga dayuhang nagpunta sa California o Oregon ang nakaisip sa mga taong kasunod nila. . . . Hindi ganyan ang mga Mormon. Ang unang naisip ng pioneer company ay pansinin ang magagandang bakuran ng kampo, kahoy, tubig, damo, sukatin ang mga distansya at lagyan ng tanda ang bawat milya. Sila at ang sumunod na mga grupo ay nagpakahirap na gumawa ng mga tulay at pinantay ang matatarik na daanan sa tabing-ilog. Gumawa sila ng mga balsa at bangka at iniwan ang mga ito para magamit ng darating pang mga grupo.”¹¹

Nagkaroon ng ganitong kaibhan dahil nagpunta ang mga miyembro ng Simbahan para itayo ang Sion. Sa madaling salita, ang Sion ay “bawat tao na [pinahahalagahan] ang kanyang kapatid gaya ng kanyang sarili,



KAILANGAN NG MUNDO NG MGA PIONEER

“Maaari ba tayong magkaroon ng katapatan at katatagan ng layunin na siyang katangian ng mga pioneer noong naunang henerasyon? Maaari ba kayo at ako, sa totoong buhay, na maging mga pioneer? Alam kong maaari. Talagang kailangan ng mundo ng mga pioneer ngayon!

Pangulong Thomas S. Monson,
“Kailangan ng Mundo ng mga Pioneer Ngayon,” *Liahona*,
Hulyo 2013, 5.



“Ang perang dala mo ay gagamitin sa pagtatayo ng pulpito sa templo,” sabi ni Propetang Joseph Smith kay Ira Hatch sa una nilang pagkikita. Humanga sa propeta, nabinyagan si Ira at lumipat sila ng kanyang asawa mula sa New York pa-puntang Kirtland, Ohio.

at guma[ga]wa ng kabutihan at kabanalan sa harapan [ng Panginoon]” (D at T 38:24). Ang Sion—isang lipunan ng mga tao na may isang puso at isang isipan, namumuhay sa kabutihan, at walang maralita sa kanila (tingnan sa Moses 7:18)—ay bunga at magiging bunga ng “bawat taong hinahangad ang kapakanan ng kanyang kapwa, at ginagawa ang lahat ng bagay na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos” (D at T 82:19).

Ang diwang ito ng pagiging isang komunidad at pagtutulungan sa responsibilidad ay nagbunsod ng nagkakaisang pagsisikap na sumunod sa propeta ng Diyos. Iyan ang isang pangunahing dahilan kaya nagtagumpay nang gayon ang mga pioneer, at mahalagang bahagi ito ng pamanang ipinapasa nila sa atin. Ibinubulong nila na tayo man ay uunlad sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Panginoon kung kikilos tayo sa diwa ng pagiging isang komunidad at pagtutulungan sa responsibilidad na sundin ang propeta ng Panginoon.

Ipasa ang Diwa ng mga Pioneer

Responsibilidad nating ikintal sa isipan ng ating mga anak at apo ang diwa ring iyon na nagtulak sa mga pioneer na kumilos. Isang

simpleng aral kung paano ito ginagawa ang makikita sa pamilya Muñoz sa Otavalo, Ecuador. Noong Marso 2013, kinausap ko si Brother Juan José Muñoz Otavalo, ang asawa niyang si Laura, at ang isa sa kanilang mga anak na si Juan Amado para alamin ang ginagawa nila sa Simbahan. Nalaman ko na si Brother Muñoz ay isa sa mga unang nabinyagan sa Otavalo.

Noong bata pa siya, nabigyan si Brother Muñoz ng isang kopya ng Aklat ni Mormon sa wikang Espanyol. Hindi niya ito mabasa, ngunit nakadama siya ng malaking kapangyarihan at espiritu nang hawakan niya ito. Itinago niya ito sa bahay niya, dahil alam niyang sisirain ito ng kanyang mga kapatid na lalaki.

Paminsan-minsa’y kinukuha niya ang aklat mula sa pinagtaguan niya rito, para lang hawakan at damhin ang kapangyarihan nito. Nagtiis ng malaking hrap at oposisyon, sumapi siya sa Simbahan at naging isa sa pinakaunang mga missionary na tinawag mula sa nayon ng Otavalo. Kalaunan ay pinakasal niya ang isang returned sister missionary, at magkasama nilang itinaguyod ang isang pamilyang tapat at nakasentro sa ebanghelyo. Naglingkod siya nang tapat bilang lider sa

Simbahan at tumulong na maisalin ang Aklat ni Mormon at ang mga ordenansa sa templo sa kanyang katutubong wikang Quichua.

Si Juan Amado, isang returned missionary, ay umiyak habang pinakikicking namin ang isinalaysay ni Brother Muñoz na kuwento ng kanyang pananampalataya. Nang matapos ang kanyang ama, sinabi ng mabait na anak na ito: “Noon pa man ay pinahalagahan ko na ang sinaunang mga pioneer na tumawid sa kapatagan sakay ng kanilang mga kariton sa North America. Ang kanilang pananampalataya at debosyon at katapatan ay nagbigay-inspirasyon at umantig sa akin sa buong buhay ko. Ngunit hanggang sa araw na ito, hindi ko natanto na may mga pioneer din dito sa Otavalo, at sila’y ang mga magulang ko! Pinuspos ako nito ng kagalakan.”

Itinuro sa amin nina Brother at Sister Muñoz na ipinapasa natin ang isang pamana ng pananampalataya ng mga pioneer sa pamamagitan ng *pagiging* isang pioneer—sa pagbubukas ng daan, pagpapakita, at pamumuhay ayon sa ebanghelyo na susundan ng iba. Kapag palagi tayong sumasampalataya sa Panginoon at pinatatatag ang ating kaluluwa sa pag-asa sa Kanya, tayo ay nabibigyan ng “katiyakan at katatagan, nananagana sa tuwina sa mabubuting gawa, inaakay na purihin ang Diyos” (Eter 12:4). Pagkatapos, gaya ni Reddick Allred, maglilingkod tayo sa mga naligaw sa daan ng buhay, at sila—pati na ang darating na mga henerasyon—ay matututo sa atin tungkol sa kapangyarihan at kapayapaan ng gayong buhay.

Napuna ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol:

“Hindi pag-iimpake ng ilang kagamitan sa mga bagon o kariton at paglalakad ng 1,300 milya (2,090 km) ang paraang ipagagawa sa karamihan sa atin para ipakita ang ating pananampalataya at katapangan. Nahaharap tayo sa iba’t ibang pagsubok ngayon—iba’t ibang mga bundok na aakyatin, iba’t ibang ilog na tatawirin, iba’t ibang lambak na ‘[pamumulaklak] na gaya ng rosa[s]’ (Isaias 35:1). . .

“Ang pagsubok natin ay nasa paninirahan sa isang mundong makasalanan at walang pagpapahalaga sa mga espirituwal na bagay, kung saan ang pagpapakasaya, panloloko,



Itinuturo sa atin ng mga pioneer na kagaya ni Juan José Muñoz Otavalo at ng kanyang asawang si Laura ng Otavalo, Ecuador, na nagpapasa tayo ng isang pamana ng pioneer sa pagbubukas ng daan, pagpapakita, at pamumuhay ng ebanghelyo na susundan ng iba.

at kasakiman ay tila makikita sa lahat ng dako. Ang mundo sa panahong ito ay puno ng kalituhan at kaguluhan.”

Hindi natin dapat balewalain ang mga utos ng Diyos, dagdag pa ni Elder Ballard. “Ang pag-iwas sa mga tukso at kasamaan ng daigdig ay nangangailangan ng pananampalataya at katatagan ng isang tunay na makabagong pioneer.”¹²

Nawa’y magpasiya rin ang bawat isa sa atin na maging isang pioneer at manguna at buksan ang daan para sa iba na napapaligiran ng mundong baon sa kasalanan, kalituhan, at pag-aalinlangan. Nawa’y maalala natin ang mga pioneer at ang kanilang mga kuwento, maalala na pumarito sila upang itatag ang Sion sa isang nagkakaisang pagsisikap, pagkatapos ay tanggapin ang responsibilidad na ikintal ang gayong pananampalataya sa lahat ng nakikilala natin—lalo na sa bagong henerasyon—at gawin ito sa pamamagitan ng pag-aalay ng sarili nating “haing buhay” (Mga Taga Roma 12:1) ng isang buhay na inantig ng pananampalataya sa

Panginoong Jesucristo at pinatatag ng pag-asa sa mabubuting bagay na darating sa pamamagitan Niya.

Ang ibig sabihin ng maging pioneer ay na “huwag [tayong] mapagod sa paggawa ng mabuti” (D at T 64:33). Walang dudang walang nadamang espesyal na kahalagahan si Weltha Hatch nang mabinyagan siya sa nagyeyelong ilog. Ni hindi inisip si Isaac Nash na napakahalagang itapon ang nginunguyang tabako sa lupa. At para kay Reddick Allred, ginawa lang niya ang sinabi ng Panginoon na dapat niyang gawin.

Mula sa lahat ng maliliit at simpleng bagay na ito ay dumating ang isang bagay na dakila! Kaya alalahanin natin na walang maliliit na bagay sa mga dakilang adhikain. Habang ipinamumuhay natin ang ebanghelyo, sinusunod natin ang propeta, pinipili nating sumampalataya sa halip na mag-alinlangan, at ginagawa natin ang maliliit na bagay na nagpapalago ng pananampalataya at nagbubunsod ng pag-asang nagpapatatag sa kaluluwa, bawat isa sa atin ay magiging isang pioneer, na naghahanda ng daang susundan ng iba. ■

Mula sa mensaheng, “Pioneers—Anchors for the Future,” na ibinigay sa Salt Lake City sa Sons of Utah Pioneers Sunrise Service noong Hulyo 24, 2013.

MGA TALA

1. Tingnan sa *Wandering Home: Stories and Memories of the Hatch Family* (1988), 3.
2. Tingnan sa *Wandering Home*, 3.
3. Isaac Bartlett Nash, *The Life-Story of Isaac B. Nash* [nd], 2.

4. Gordon B. Hinckley, “The Faith of the Pioneers,” *Ensign*, Hulyo 1984, 5.
5. Tingnan sa *Lectures on Faith* (1985); Sa Mga Hebreo 11:4–40; Jacob 4:6; Eter 12:7–22.
6. Tingnan din sa *Lectures on Faith* (1985), 69.

7. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Pananampalataya”; tingnan din sa Alma 57:19–27; 58:10–13; Mormon 9:8–21; Moroni 7:33–37; Doktrina at mga Tipan 27:17.
8. Tingnan sa Andrew D. Olsen, *The Price We*

- Paid: The Extraordinary Story of the Willie and Martin Handcart Pioneers* (2006), 470.
9. Tingnan sa Olsen, *The Price We Paid*, 473–74.
 10. Sa Olsen, *The Price We Paid*, 160.
 11. Wallace Stegner, *The Gathering of Zion: The*

- Story of the Mormon Trail* (1964), 11.
12. M. Russell Ballard, “Pananampalataya at Katatagan ng mga Noon at Ngayon,” *Liahona*, Hulyo 2013, 20, 21.

Ang Paglabas

AKLAT NI MORMON



*Tulad ni Joseph Smith, hindi kailangang maging
perpekto ang inyong buhay para maging
mabisang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos.*

Ni Matthew S. Holland

Ito ang ikalawang artikulo sa dalawang-bahaging serye tungkol kay Propetang Joseph Smith. Lumabas ang unang artikulong, “Ang Landas Patungong Palmyra,” sa isyu ng Liahona noong Hunyo 2015.

Tulad ng landas ni Joseph Smith patungong Palmyra na puno ng mga pagsubok at dalamhati, gayon din na puno ng pagsubok at dalamhati ang kanyang pagsisikap na ilabas ang Aklat ni Mormon—isang proseso na naghatid sa kanya minsan sa isa sa kanyang pinakamatitinding kawalan ng pag-asa.

Noong gabi ng Setyembre 21, 1823, hindi mapalagay si Joseph. Tatlong taon na mula nang matanggap niya ang dakilang pangitain, na nakita niya nang harapan ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo bilang tugon sa kanyang taos-pusong pagsamo na malaman kung aling simbahan ang tama. Mula nang araw na iyon, siya ay “madalas [nang] makagawa ng maraming kamalian, at naipakita ang kahinaan ng kabataan, at ang mga kalokohan na likas sa tao” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:28).

Batid ang mga pagkukulang na ito, nagsumamo ang 17-taong-gulang na si Joseph “para sa kapatawaran ng lahat ng [kanyang] kasalanan at mga kalokohan” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:29). Bilang tugon, iniulat ni Joseph na isang anghel ang lumitaw sa tabi ng kama niya, “at sinabing pinatawad na ng Panginoon ang aking mga kasalanan.”¹

Sinabi ng anghel, na tinawag ang kanyang sarili na Moroni, kay Joseph na nakalagak ang isang aklat na “nakasulat sa mga laminang ginto” at naglalaman ng “kabuuan ng walang hanggang Ebanghelyo” sa isang burol malapit sa kanyang tahanan sa Palmyra, New York. Kasama ng aklat na iyan ang “dalawang bato sa mga balantok na pilak—at ang mga batong ito, na nakakabit sa isang baluti sa dibdib, ay siyang bumubuo ng tinatawag na Urim at Tummim,” na “inihanda ng Diyos sa layuning maisalin ang aklat” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:34, 35).

Nang gabing iyon dalawang beses pang dinalaw ni Moroni ang lalong nanggilalas na binata, at maingat na inulit ang lahat ng sinabi niya noong una. Sa bawat pagkakataon, nagdagdag siya ng babala, na “sinasabi sa akin,” sabi ni Joseph, “na susubukin akong tuksuhin ni Satanas (sa kadahilanang ang mag-anak ng aking ama ay maralita), na kunin ang mga lamina upang magpayaman. Dito ay pinagbawalan niya ako, at sinabi na wala akong dapat na maging layunin sa pagkuha ng mga lamina maliban sa ikaluluwalhati ng Diyos, at maudyukan ng ano pa mang layunin sa pagtatayo ng kanyang kaharian; kung hindi ay di ko makukuha ang mga yaon” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:46).

Kinabukasan napagod si Joseph sa naranasan sa nagdaang gabi. Hindi na siya pinagrabaho ng kanyang ama sa bukid, at nang pauwi na si Joseph para magpahinga, binisita siya ni Moroni sa ikaapat na pagkakataon. Inutusan ng anghel

si Joseph na bumalik sa kanyang ama at ikuwento rito ang pangitain, na ginawa naman ni Joseph. Pagkatapos ay nagpunta siya sa kalapit na burol (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:49–50).

Pagdating sa burol, gamit ang isang kahoy ay binuksan ni Joseph ang batong kahon na nakabaon na kinalalagyan ng mga lamina at dumukwang upang kunin ang mga ito. Nang gawin niya ito, napaigtad siya sa tindi ng pangingingin at nanghina nang husto. Nang sumigaw siya, na nagtatatong kung bakit hindi niya makuha ang mga lamina, sinabi sa kanya ni Moroni, “Dahil hindi mo nasunod ang mga utos ng Panginoon.”²

Sa kabila ng malinaw na babala ng anghel, natanim sa isipan ni Joseph na baka malutas ng mga lamina ang karalitaan ng kanyang pamilya.³ Dahil dito, nagtakda si Moroni ng apat-na-taong pagsubok para magkaisip si Joseph at maihanda ang kanyang puso’t isipan na isagawa ang kanyang tungkulin nang may kadalisan ng layunin na kailangan para sa isang napakasagradong gawain.

Mga Balakid sa Pagsasalin

Pagkaraan ng apat na taon handa na si Joseph sa wakas. Gayunman, ang mga balakid sa pagsasalin ng mga lamina



Habang pauwi si Joseph para magpahinga mula sa kanyang gawain sa bukid, binisita siya ni Moroni sa ikaapat na pagkakataon.

ay napakalaki. Dahil bagong kasal, kinailangang magtrabaho ni Joseph para mabuhay sila ni Emma, gayundin ang kanyang mga kamag-anak, na masyado pa ring umaasa sa kanyang tulong. Marahil ang mas nakakagambala, naharap si Joseph sa laganap na oposisyon at kasakiman ng komunidad na nagbantang ilantad at kunin ang mga lamina.

Nang utusan ng mga tao sa Palmyra si Joseph na ipakita niya sa kanila ang mga lamina dahil kung hindi ay bubuhusan nila siya ng alkitran at balahibo, nabatid niya na kailangan niyang umalis.⁴ Kaya, noong mga huling buwan ng 1827, inilagay ni Joseph ang mga lamina sa isang gusi ng beans, nag-empake siya ng ilang ari-arian, nanghiram ng \$50 sa kanyang kaibigan at unang nanalig na si Martin Harris, at ibinyahe ang kanyang buntis na asawa nang mahigit 100 milya (161 km) patimog sa Harmony, Pennsylvania, upang makitira sa mga magulang ni Emma. Umasa siya na mapapagaan ng pagbabago ang kanilang mga gawain sa araw-araw at mapapalaya sila sa tindi ng kasakiman at poot na laganap sa Palmyra.

Umigi ang kalagayan noong taglamig na iyon kaya naisalin ni Joseph ang ilang letra sa Aklat ni Mormon. Pagsapit ng Abril, lumipat si Martin Harris sa Harmony para tulungan si Joseph bilang tagasulat, at masigasig na nasimulan ang gawain ng pagsasalin. Sa kalagitnaan ng Hunyo—halos limang taon mula nang papuntahin si Joseph sa Burol Cumorah para kunin ang mga lamina—nakapagsalin sila ng 116 na mga pahina ng manuskrito.⁵

Sa puntong ito nakiusap si Martin kay Joseph na pagyagan siyang dalhin ang manuskrito sa Palmyra para maipakita ito sa kanyang asawang si Lucy, na hindi kataka-takang gustong makakita ng kaunting katibayan ng pinag-uukulan ng panahon at yaman ng kanyang asawa. Subalit, matapos magtanong sa Panginoon, dalawang beses sinabihan si Joseph na huwag payagan si Martin na dalhin ang manuskrito.⁶

Desperadong pahupain ang pagdududa at tumitinting pamimilit ng kanyang asawa, muling inabala ni Martin si Joseph. Sa matinding hrap ng kalooban, nagtungo si Joseph sa Panginoon sa ikatlong pagkakataon. Bilang tugon, sinabi ng Panginoon kay Joseph na maaaring dalhin ni Martin ang manuskrito kung sa limang itinakdang tao lamang niya ito ipapakita at agad itong ibabalik pagkatapos. Atubiling ibinigay ni Joseph ang manuskrito sa kanya, at ginawa iyon matapos lamang lumagda si Martin sa isang nakasulat na kasunduan na susundin niya ang utos ng Panginoon.⁷

Dito nagsimula ang sunud-sunod na pangyayari na maghahatid kay Joseph sa pinakamalungkot na

*Tumigil si Martin Harris
sa tarangkahan papasok
sa bahay ng mga Smith,
sumampa sa bakod,
itinakip ang sumbrero sa
kanyang mga mata, at
naupo lang doon.*



kalagayan sa kanyang buhay. Hindi nagtagal pagkaalis ni Martin, nagsilang si Emma ng isang anak na lalaki. Pinangalanan nila ni Joseph ang panganay nilang anak na Alvin, isang nakapapanatag na papugay sa pumanaw na pinakamamahal na kapatid ni Joseph, na namatay limang taon bago iyon. Ang malungkot, sa halip na punan ang kahungkagan, pinatindi pa ito ng batang si Alvin nang pumanaw siya matapos siyang isilang noong Hunyo 15, 1828.

Para bang hindi pa sapat na tiisin iyon, sa pagitan ng pagod sa mahaba at matinding pagtatrabaho at sa sama-ng-loob sa pagkamatay ng anak, muntik na ring mamatay si Emma. Dalawang linggong nag-alala si Joseph kay Emma,

sa kanya ng karwahe—sa tulong ng kapwa niya pasahero (isang “dayuhan”) na naawa sa kanya.⁹

Nang makarating at makakain nang kaunti si Joseph, ipinatawag niya si Martin. Dapat makakasalo ito ng mga Smith sa almusal ngunit hindi ito nagpakita hanggang sa sumapit ang tanghali. Dahan-dahang naglalakad, tumigil siya (si Martin) sa tarangkahan papasok sa bahay, sumampa sa bakod, itinakip ang sumbrero sa kanyang mga mata, at naupo lang doon.¹⁰

“Nawala nang Lahat!”

Sa huli, pumasok na si Martin sa bahay. Walang kibong hinawakan niya ang kanyang kutsara at kubyertos para kumain. Ngunit bago sumubo, sumigaw siya, “Ah, naligaw na ang aking kaluluwa!”¹¹

Dito napatindig si Joseph at bumulalas: “Martin, nawala mo ba ang manuskritong iyon? [Na]sira mo ba ang sumpa mo, at ipinahamak mo ako pati na ang sarili mo?”

Malungkot na sumagot si Martin, “Oo, nawala, at hindi ko alam kung nasaan na.”¹² (Naipakita ni Martin ang mga pahina ng manuskrito sa iba maliban sa lima, “at sa pakana nila,” paggunita kalaunan ni Joseph, “kaya nakuha ang mga iyon sa kanya.”¹³)

Hindi na nakapagtimpi si Joseph, at napabulalas ng: “Nawala nang lahat! [N]awala nang lahat! Ano ang gagawin ko? Ako’y nagkasala—ako ang siyang [nag-udyok] sa poot ng Diyos.” Dahil dito, “napuno ng mga hikbi at hinagpis, at pinakamapapait na panaghoy ang bahay,” at si Joseph ang nagpakita ng pinakamatinding sama-ng-loob sa lahat.¹⁴

Panandaliang tumigil ang gawain ng pagsasalin, at ang mga lamina at tagapagsalin ay binawi kay Joseph hanggang noong Setyembre 22—isang madamdaming paalala ng kanyang panahon ng pagsubok noong una. Nagdusa rin siya sa mahigpit na pagsaway na ito mula sa Panginoon:

“At masdan, kaydalas mong nilabag ang mga kautusan at ang mga batas ng Diyos, at nagpadala sa mga panghihi-kayat ng mga tao.

“Sapagkat, masdan, hindi mo dapat kinatakutan ang tao nang higit sa Diyos. Bagaman pinawawalang-kabuluhan ng mga tao ang mga payo ng Diyos, at ipinagwawalang-bahala ang kanyang mga salita—

“Gayon pa man ikaw ay dapat na naging matapat; at kanya sanang iniunat ang kanyang bisig at itinaguyod ka laban sa lahat ng nag-aapoy na sibat ng kaaway; at siya sana ay nakasama mo sa bawat panahon ng kaguluhan” (D at T 3:6–8).



at inalagaan ito para manumbalik ang kalusugan kahit binabata ang sarili niyang pagdadalamhati sa pagkamatay ng sanggol na si Alvin. Nang makita ang mga palatandaan na bumubuti na ang lagay ni Emma, nabaling ang isipan ni Joseph kay Martin at sa manuskrito.⁸

Nang madama ni Emma ang pag-aalala ni Joseph, hinikayat niya itong bumalik sa Palmyra para kumustahin si Martin at ang manuskrito. Halatang nalulungkot, sumakay siya sa upahang karwahe patungong hilaga. Hindi nakakain o nakatulog sa paglalakbay, nakarating si Joseph sa bahay ng kanyang mga magulang—20-milya (32 km) ring paglalakad iyon sa karimlan ng gabi mula sa pinagbabaan

Isipin ang hirap ng pagtanggap ng gayong paghahayag. Kamamatay lang ng panganay na anak ni Joseph. Muntik nang mawala ang kanyang asawa. At ang desisyon niyang ibigay ang manuskrito kay Martin ay tulak ng marubdob na hangaring tulungan ang isang kaibigan na tumutulong sa kanya sa isang sagradong gawain. Oo, gaano man kabagabag si Joseph, at gaano man niya inakala na umaasa siya kay Martin Harris, nakaligtaan niya ang isang bagay na lubos na inaasahan ng Diyos sa Kanyang mga disipulo: laging magtiwala sa bisig ng Panginoon at hindi sa bisig ng tao. Dahil karapat-dapat purihin nang walang katapusan si Joseph, natutuhan niya ang aral na ito sa napakalalim at napakalawak na paraan kaya hindi na niya inulit



Sa gitna ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon, sina Joseph at Oliver ay nangaral, tumanggap at nagtala ng mga paghahayag, at nabinyagan.

ang pagkakamaling iyon at, hindi pa natatagalan matapos matanggap na muli ang mga lamina at mga tagapagsalin, sinimulan niya ang pagtulong na mapalaganap ang relihiyon sa paraang hindi pa nakikita ng buong mundo simula noong personal na ministeryo ni Jesucristo. Simula noong tagsibol ng 1829, na si Oliver Cowdery na ang nasa kanyang tabi, isinalin ni Joseph ang kahanga-hangang 588 na mga pahina ng Aklat ni Mormon sa loob ng halos 65 araw na pagtatrabaho.¹⁵ Talagang kagila-gilalas ang bilis na ito

kumpara sa kanyang naunang mga pagsisikap. Makabubuti ding pansinin na 47 dalubhasang scholar ang nagsalin ng King James Bible, na nagsasalin sa mga wikang alam na nila, at pitong taon nila itong kinumpleto.¹⁶

Bukod pa rito, sa gitna ng napakalaking produksiyong ito, sina Joseph at Oliver ay nangaral din, tumanggap at nagtala ng mga paghahayag, nakibahagi sa panunumbalik ng Aaronic at Melchizedek Priesthood, nabinyagan, gumanap ng mga tungkulin sa tahanan, at lumipat sa Fayette, New York, para ipalathala ang manuskrito. Ngunit ang pinakamalaking himala sa lahat ng ito ay hindi matatagpuan sa bilis ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay kundi sa pagiging kumplikado ng inilathala sa napakaikling panahon.

Isang Pambihira at Kumplikadong Aklat

Ayon sa isang masusing pagbubuod kamakailan, narito ang inilathala ni Joseph sa 65 araw na iyon ng pagsasalin: “Hindi lamang mahigit isang libong taon ng kasaysayan [sa Aklat ni Mormon] na kinasasangkutan ng mga dalawandaang pinangalanang tao at halos isandaang magka-kaibang lugar ang salaysay na ito, kundi inilahad pa ito mismo bilang gawain ng tatlong pangunahing patnugot/mananalaysay—sina Nephi, Mormon, at Moroni. Sa kabilang dako, sinabi ng mga tauhang ito na ibinatay nila ang kanilang mga salaysay sa maraming talaan noong araw. Ang resulta ay isang kumplikadong halu-halong maramihang kategorya mula sa tahasang pagsasalaysay na may nakasingit na mga sermon at sulat at komentaryo sa banal na kasulatan at tula. Kailangan dito ang malaking pagtitiyaga para maisaayos ang lahat ng detalye ng cronolohiya, heograpiya, genealogy, at pinagmulang mga talaan, ngunit ang Aklat ni Mormon ay hindi nagpabagu-bago sa lahat ng ito. Ang cronolohiya ay pinangangasiwaan nang halos walang problema, sa kabila ng ilang paggunita sa nakaraan at patung-patong na mga salaysay; . . . at itinutuwid ng mananalaysay kapwa ang pagkakasunud-sunod at ang koneksyon ng magkakamag-anak sa dalawampu’t anim na talaan ng mga Nephita at apatnapu’t isa ng mga haring Jaredita (kabilang na ang magkakaibang genealogy). Ang kumplikasyon ay na ipapalagay ng isang tao na humango ang may-akda sa mga tsart at mapa, bagaman ang asawa ni Joseph Smith . . . ay malinaw na ikinaila na may una nang isinulat si Joseph na isinaulo niya o kaya’y isinangguni habang siya ay nagsasalin, at talagang sinabi niya na nagsimula ng mga sesyon ng pagdidikta si Joseph nang hindi tumitingin sa manuskrito o ipinapabasa ang huling talata sa kanya.”¹⁷



Idagdag pa rito ang presensya ng napaka-sopistikado at pang-literaturang istruktura at kapansin-pansing pagkakatulad ng mga sinaunang kaugalian at uri ng komunikasyon, bukod pa sa ibang mga bagay, na may kaugnayan sa aklat at sa pagsasalin nito.¹⁸

Sa katibayang ito, kailangan lang itanong ng isang tao, paano naisakatuparan ng isang tao—lalo na ng taong halos walang pinag-aralan—ang gayon kadakilang gawain? Para sa akin, kahit paano, hindi inimbento ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon dahil hindi niya kayang gawin iyon. Ngunit ang lohikang ito, kahit mukhang matatag, ay hindi, sa huli, tiyak na katibayan na totoo ang aklat; ni hindi ito ang pundasyon ng aking patotoo. Ang talagang ginagawa nito ay dinaragdagan ang kahalagahan ng itinuro sa akin ng Espiritu kailan lang noong full-time missionary ako. Sa banal na gusali ng Provo Missionary Training Center at sa luntiang kaburulan at lambak ng Scotland, naranasan ko ang sunud-sunod na espirituwal na patotoo na si Joseph Smith ay tinawag ng Diyos, na siya ang Kanyang kasangkapan sa mga huling araw na ito, at na inilabas niya ang isang aklat na matagal nang umiral bago pa siya isinilang, isang aklat na tunay at walang katulad—ang walang-kapantay na saligang bato ng isang makadiyos at maligayang buhay.

Ipinapahayag ko rin na ang buhay ni Joseph Smith ay isang marubdob na patotoo ng mensahe ng aklat mismo na maaaring dahilan ng pagkakaisa ng lahat. Sa pagbubukas ng Aklat ni Mormon, ipinahayag ni Nephi, “Masdan, ako, si Nephi, ay magpapatunay sa inyo na ang magiliw na *awa* ng Panginoon ay sumasalihat ng kanyang mga pinili, dahil sa kanilang pananampalataya” (1 Nephi 1:20; idinagdag ang pagbibigay-diin). Sa pagtatapos ng aklat, nagsumamo si Moroni, “Masdan, nais kong ipayo sa inyo na kung inyong mababasa ang mga bagay na ito . . . na inyong

maalaala kung paano naging *maawain* ang Panginoon sa mga anak ng tao, mula sa paglikha kay Adan, maging hanggang sa panahong inyong matanggap ang mga bagay na ito” (Moroni 10:3; idinagdag ang pagbibigay-diin).¹⁹

Mula simula hanggang wakas, ang patotoo at kasaysayan ng Aklat ni Mormon ay nagpapakita na ang Diyos ay sabik at handang tulungan, pagalingin, at pagpalain ang mga taong lumalapit sa Kanya—sa kabila ng kanilang mga sala at pagkakamali—na tunay na nagsisisi at sumasampalataya.

Magtiwala sa Diyos

Tulad ni Joseph Smith, hindi kailangang maging perpekto ang inyong buhay para maging mabisang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos. Ang mga pagkakamali, kabiguan, at pagkalito ay bahagi ng buhay at misyon ni Joseph, at magiging bahagi rin ito ng sa inyo. Huwag panghinaan ng loob. Huwag matuksong mag-isip na “nawala nang lahat.” Hindi nawala at hindi kailanman mawawala ang lahat para sa mga umaasa sa Diyos ng awa at nabubuhay.

May isang Kapatid kayo na nagbabantay sa inyo, handang sagipin kayo at isulong ang inyong paglilingkod nang mas malakas pa kaysa inyong mga bisig—mas malakas, ang totoo, kaysa lahat ng iba pang bisig ng laman na pinagsama-sama. Nariyan ang mga bisig para palakasin at pagpalain kayo, “sa bawat panahon ng kaguluhan” (D at T 3:8), gaano man ang inyong kalungkutan sa pag-iisa at panghihina ng kalooban. Samakatwid, habang sumusulong kayo sa buhay, magtiwala sa mga bisig na iyon at “magpakalakas at magpakatatang, huwag kayong matakot, ni mangilabot . . . sapagka’t ang Panginoon mong Dios ay siyang yumayaong kasama mo; hindi ka niya iiwan ni pababayaang” (Deuteronomio 31:6).

Natuklasan ito ni Joseph at binago niya ang mundo. Magagawa mo rin ito. ■

MGA TALA

1. Sa *Histories, Volume 1: 1832–1844*, tomo 1 ng seryeng *Histories* ng *The Joseph Smith Papers*, (2012), 14; tingnan din sa josephsmithpapers.org.
2. Sa *Histories, Vol. 1: 1832–44*, 83.
3. Tingnan sa Oliver Cowdery, “A Remarkable Vision,” *The Latter-day Saints’ Millennial Star* 7 (Nob. 1840): 175.
4. Tingnan sa Martin Harris, sa *Tiffany’s Monthly*, Hunyo 1859, 170.
5. Tingnan sa *Histories, Vol. 1: 1832–44*, 244; tingnan din sa Gospel Topics, “Book of Mormon Translation,” lds.org/topics.
6. Tingnan sa *Histories, Vol. 1: 1832–44*, 245.
7. Tingnan sa *Histories, Vol. 1: 1832–44*, 245–46.
8. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches of Joseph Smith the Prophet, and His Progenitors for Many Generations* (1853), 118.
9. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches*, 119–20.
10. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches*, 120.
11. Sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches*, 121.
12. Sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches*, 121.
13. Sa *Histories, Vol. 1: 1832–44*, 247.
14. Sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches*, 121–22.
15. Tingnan John W. Welch, “How Long Did It Take Joseph Smith to Translate the Book of Mormon?” *Ensign*, Ene. 1988, 47.
16. Tingnan sa “King James I of England,” kingjamesbibleonline.org/King-James.php.
17. Grant Hardy, *Understanding the Book of Mormon: A Reader’s Guide* (2010), 6–7.
18. Tingnan sa Terryl L. Givens, *By the Hand of Mormon: The American Scripture that Launched a New World Religion* (2002), 156.
19. Tingnan sa Grant Hardy, *Understanding the Book of Mormon*, 8.



Pag-ani

NG MGA GANTIMPALA NG Kabutihan



Ni Elder
Quentin L. Cook

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

*Walang mabuting bagay na ipagkakait sa kanila
na namumuhay nang matwid.*

Ang mundo ay talagang puno ng kaguluhan (tingnan sa D at T 45:26). Marami sa ating mga hamon ay sa espirituwal. Ang mga ito ay mga isyu sa lipunan na hindi natin kayang lutasin bilang mga indibiduwal. Gayunpaman, may mga praktikal na gantimpala na *maaari* nating makamtan bilang mga indibiduwal, kahit sa panahon na nawawala na ang kabutihan sa iba't ibang panig ng mundo.

Ang mismong ideya ng “mga gantimpala ng kabutihan” ay isang konseptong sumasakop sa mundo ngayon. Ang paghikayat sa mga tao na piliin ang kabutihan ay napakatagal nang hamon. “Ang likas na tao ay kaaway ng Diyos” (Mosias 3:19). Noon pa man ay mayroon nang “pagsalungat sa lahat ng bagay” (2 Nephi 2:11).

Ang kaibhan ngayon ay ang mga namimintas na nasa “malaki at maluwang na gusali” (1 Nephi 8:31) ay mas malakas, mas mahilig makipagtalos, at di-gaanong mapagparaya kaysa noong kapanahunan ko. Kitang-kita ang panghihina ng kani-lang pananampalataya kapag, sa maraming isyu, mas gusto pa nilang magkama-ling pumanig sa kasaysayan kaysa magkamaling pumanig sa Diyos. May panahon na naunawaan ng karamihan sa mga tao na hahatulan sila ayon sa mga utos ng Diyos, hindi ayon sa umiiral na mga pananaw o nananaig na mga pilosopiya ng panahon. Ang ilan ay mas nag-aalala tungkol sa pangungutya ng iba kaysa sa paghatol sa kanila ng Diyos.

Ang digmaan sa pagitan ng mabuti at masama ay hindi na bago. Ngunit ngayon mas marami nang tao ang nagkakamaling magsalita nang patapos na walang moral at matwid na pamantayang dapat panindigan ng lahat ng tao.

Gayunpaman, mas marami ngayong matatapat na miyembro Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga miyembro ng Simbahan, kasama ang ibang katulad nila na may magandang-asal, ay nananatiling matwid kahit napapaligiran sila ng kasamaan. Alam natin, tulad ng ipinahayag ng propeta si Alma, na “ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan” (Alma 41:10) at na ang plano ng Ama para sa Kanyang mga anak ay isang “plano ng kaligayahan” (Alma 42:8, 16).

Hangad kong magbigay ng ilang mungkahi na makakatulong sa bawat isa sa inyo at sa inyong pamilya sa kabuuan na mas maunawaan at makamtan ang mga gantimpala ng kabutihan.



***Kung hindi tayo
maingat, pa-
pangyayarihin
ng mundo na
magtuon tayo
sa mga bagay
na naglalayo sa
atin sa malalim
na espirituwal
na katapatan.***

Ang Gantimpala ng Pagiging Espirituwal


“Paano ko maiwawasto ang aking pananaw tungkol sa mga materyal na bagay sa pagsisikap kong mapaunlad ang aking espirituwalidad?”

Tayo ay malaking bahagi ng mundong ito. Ang mga makamundong bagay sa araw-araw na pamumuhay ay isang partikular na hamon. Tinitingnan ng lipunan ang lahat ayon sa pananaw ng mga makamundong gantimpala.

Binibigyang-diin ang problemang ito mismo sa pambungad ng Doktrina at mga Tipan para balaan tayo tungkol sa mga panganib, magabayan tayong ihanda at protektahan ang ating sarili ngayon at sa hinaharap, at mabigyan ng mahahalagang ideya tungkol sa paksang ito: “Hindi nila hinanap ang Panginoon upang itatag ang kanyang kabutihan, kundi ang bawat tao ay lumalakad sa sarili niyang paraan, at alinsunod sa larawan ng sarili niyang diyos, na kung kaninong larawan ay kahalintulad ng daigdig, at kung kaninong kaanyuan ay yaong sa diyus-diyusan” (tingnan sa D at T 1:16).

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) na maaaring ibilang sa mga diyus-diyusan ang mga kredensyal, digri, ari-arian, bahay, muwebles, at iba pang mga materyal na bagay. Kapag iniangat daw natin ang karapat-dapat sanang mga adhikaing ito sa paraan na mababawasan ang ating pagsamba sa Panginoon at hihina ang mga pagsisikap nating ipalaganap ang Kanyang kabutihan at isagawa ang gawain ng kaligtasan sa mga anak ng Ama sa Langit, lumikha na tayo ng mga diyus-diyusan.¹

Ang mundo ay nakatuon sa temporal na araw-araw nating mga problema sa ekonomiya, ngunit kailangan tayong magtuon sa mga espirituwal na bagay.



Kung minsan ang ating pananaw sa mundo ang dahilan kaya tayo nagtutuon sa mga isyung di-gaanong kapansin-pansin na tulad ng pagnanasang yumaman ngunit magkagayunman ay inilalayo tayo sa malalim na espirituwal na katapatan.

Maraming taon na ang nakararaan nalaman ko ang tungkol sa isang nakatutuwang display na may ilang natatanging tagpo. Ang iba't ibang tagpo ay nasa ilalim ng isang malaking bandila na nagsasabing, “Kung paparito si Cristo ngayong gabi, kanino Siya lalapit?” Kung tama ang pagkaalala ko sa mga paglalarawan, naglalaman ito ng sumusunod na mga tagpo:

- Isang maysakit na matandang babae na nasa kama na inaasikaso ng isang nars.
- Isang masayang bata pang ina kasama ang bagong-silang na sanggol.
- Isang pamilya na nagugutom at umiiyak ang mga bata.
- Isang mayamang pamilya.
- Isang magiliw ngunit mapagpakumbabang pamilya na maraming anak na masayang kumakanta nang sabay-sabay.

Alam natin na kapag muling pumarito ang Tagapagligtas, hindi natin malalaman ang araw o oras. Alam din natin na bilang mga Kristiyano, kinakalinga natin ang maralita at nangangailangan at ang mga balo at ulila. Gayunman, mas tumpak sana ang bandila kung ang nakasulat doon ay, “Kung pumarito si Cristo ngayong gabi, sino ang magiging handang sumalubong sa Kanya?”

Ang pangalawang naisip ko ay na sinabi sa atin ng mga tagpo ang lahat ng pisikal na kalagayan ng mga tao ngunit walang sinabi tungkol sa kanilang espirituwal na kalagayan at katapatan kay Cristo.

Ang panimula sa pagrerepaso sa ating buhay at katapatan sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo ay ang pagpapabinyag. Maliban sa mga bagong binyag at mga batang-bata pa, nabinyagan tayo ilang taon na ang nakararaan.

Malinaw na nangusap sa atin ang dakilang propetang si Alma nang sabihin niyang: “At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, aking mga kapatid, kung inyo nang naranasan ang pagbabago ng puso, at kung inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig, itinatanong ko, nadarama ba ninyo ang gayon ngayon?” (Alma 5:26.)



*Kailangan nating ituon ang ating buhay
at lalo pa nating bigyang-diin ang mga
espirituwal na bagay.*

Pagkatapos ay nagpatuloy si Alma sa kanyang taimtim na mensahe, na nauukol sa ating panahon. Itinanong niya sa mga Banal, na kung sila ay mamamatay, handa ba silang humarap sa Diyos. Pagkatapos ay binigyang-diin ni Alma ang apat na katangiang kailangan natin para maging walang-bahid ng kasalanan sa harapan ng Diyos:

Una, “[tayo ba] ay naging sapat na mapagpakumbaba?” Sa isang banda, isa itong pagbalik sa kailangan para sa binyag—magpakumbaba tayo at magkaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu.

Ikalawa, “nahubad na ba sa [atin] ang kapalaluan?” Nagbabala si Alma laban sa pagyurak sa Banal sa ilalim ng ating mga paa at pagiging palalo—na inilalagak ang ating puso sa walang kabuluhang mga bagay sa mundo at pag-aakalang mas angat tayo kaysa sa iba.

Ikatlo, tayo ba ay “[nahubaran na] ng inggit?” Para sa mga tao na may mga malalaking pagpapala ngunit hindi nagpapasalamat dahil nakatuon lamang sila sa mga bagay na mayroon ang iba, maaaring makamatay ang inggit. Ang “pamumuhay sa inggit”² ay nadagdagan nang mapalitan ng katanyagan at magandang kapalaran ang pananampalataya at pamilya bilang mga pangunahing adhikain ng karamihan sa lipunan.

Ikaapat, kinukutya o inuusig ba natin ang ating mga kapatid? Sa mundo ngayon malamang na tawagin natin itong pananakot (tingnan sa Alma 5:27–30, 53–54).

May iba pa bang mas nauugnay sa mga isyu sa sarili nating panahon kaysa sa mensaheng ito tungkol sa pag-papakumbaba, kapalaluan, inggit, at pang-uusig? Ang malaking debate sa iba’t ibang panig ng mundo ay tungkol sa araw-araw na temporal nating mga problema sa ekonomiya. Subalit di-gaanong pinag-uusapan ang pagbalik sa mga alituntuning katulad ng kay Cristo na nakatuon sa paghahandang humarap sa Diyos at sa kalagayan ng ating espiritu. Kailangan nating ituon

ang ating buhay at lalo pa nating bigyang-diin ang mga espirituwal na bagay.

Ang Gantimpala ng Mabubuting Pamilya

“Dapat ba nating palakihin ang ating pamilya sa mga lugar na kakaunti ang mga miyembro ng Simbahan at napapaligiran tayo ng labis na kasamaan, pagtatalo, at oposisyon sa kabutihan?”

Nagkaroon kami ng asawa kong si Mary ng ganitong mga problema nang simulan naming palakihin ang aming mga anak sa San Francisco Bay Area sa California, USA, noong mga huling taon ng 1960s. Kakaunti ang mga Banal sa mga Huling Araw doon. Ngunit kahit mababait ang karamihan sa mga tao, ang Bay Area ay naging pugad ng mga gumagamit ng droga at lahat ng uri ng mahahalay at masasamang gawain.

Napakahalagang magkaroon ng pagbabago sa lipunan kaya itinanong ng isang nag-aalalang stake president sa pamunuan ng Simbahan kung dapat ba niyang hikayatin ang mga miyembro ng Simbahan na manatili sa Bay Area. Si Pangulong Harold B. Lee (1899–1973), na noon ay senior member ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang inata-sang magsalita tungkol sa isyu. Ipinaliwanag niya na hindi binigyang-inspirasyon ng Panginoon na magtayo ng templo sa aming lugar para lang iwanan ito ng mga miyembro. Ang payo niya sa amin ay simple ngunit malalim:

1. Lumikha ng Sion sa aming puso at tahanan.
2. Maging tanglaw sa mga taong kasalamuha namin.
3. Magtuon sa mga ordenansa sa templo at sa mga alituntuning itinuturo doon.

Pinahalagahan namin ang payo ni Elder Lee at sinikap naming sundin ito sa aming pamilya.

Sa pagtatayo ng Sion sa ating puso at tahanan, kailangan nating bigyang-diin ang paggalang sa relihiyon sa loob ng

tahanan sa pamamagitan ng araw-araw na panalangin ng pamilya at pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagda-raos ng lingguhang family home evening. Sa kontekstong ito matuturuan at masasanay natin ang ating mga anak. Ginagawa natin ito nang may pagmamahal at kabaitan, na iniwasang pintasan ang ating mga anak at asawa.

Saanman tayo nakatira at kahit gawin natin nang tama ang lahat, maaaring gumawa ng mga maling pasiya ang ilang anak na humahantong sa mga bawal na landas. Dahil dito, mahalagang tulungan ang ating mga kabataan na magpasiya nang maaga kung ano ang kanilang sasabihin o gagawin kapag nang-udyok ang iba ng mali o imoral na asal.

Nag-aral ang aming mga anak sa mga paaralan kung saan dadalawa o tatatlo ang mga batang LDS. Sa simula ng bawat taon sa paaralan at bago magsimula ang mga aktibidad sa paaralan, tinalakay namin sa family home evening ang angkop na mga sagot kung maipit sila sa gayong mga sitwasyon. Tinanong namin sila kung ano ang sasabihin nila sa mga kaibigan na maaaring magsabi sa kanila na, “Huwag kang hangal, ginagawa iyon ng lahat,” “Hindi malalaman ng mga magulang mo,” o “Minsan lang naman.”

Pinag-usapan namin ang tungkol sa aming pananagutan sa Panginoon.

Itinuro namin na sinusunod natin ang halimbawa ni Cristo kapag tayo ay nananamit nang disente, gumagamit ng malinis at angkop na pananalita, at umiiwas sa pornograpiya, na ngayon ay kailangang ituro sa mga batang Primary para maging dalisay ang kanilang buhay.

Pinag-usapan namin si Jose ng Egipto, na tumakas nang maharap sa panunukso ng asawa ni Potiphar (tingnan sa Genesis 39:7–12).

Bawat isa sa aming mga anak ay nagkaroon ng kahit isang karanasan kung saan ang paghahandang ito ay mahalaga, ngunit kadalasan ay protektado sila ng kanilang mga kaibigan dahil alam ng mga ito ang kanilang mga pamantayan at paniniwala.

Nang tawagan ng aming anak na si Kathryn ang kanyang ina nang mapawalay siya para mag-aral sa kolehiyo, sinasabihan siya ni Mary ng mga bagay na gustung-gusto niya tungkol sa Tagapagligtas. Palaging ginagamit ni Mary ang Kanyang halimbawa at pagkatao para makatulong sa problemang itinawag ni Kathryn sa kanya.

Naniniwala ako na makapagpapalaki tayo ng matwid na mga anak sa halos lahat ng dako ng mundo kung matibay ang kanilang pagsalig kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Inilarawan ni Nephi ang pagtuturo sa kanyang

*Maaari tayong
magpalaki ng
matwid na mga
anak sa halos
lahat ng dako
ng mundo kung
matibay ang
pagsalig nila kay
Jesucristo at
sa Kanyang
ebanghelyo.*



pamilya at mga tao, na sinasabing, “At nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan” (2 Nephi 25:26).

Kung gagawin natin ito, kapag gumawa ang ating mga anak ng mga maling pasiya, malalaman nila na hindi nawala ang lahat at matatagpuan nila ang daan pauwi. Gusto kong tiyakin sa inyo na kayo ng inyong pamilya ay pagpapalain kapag sinikap ninyong palakasin ang bawat miyembro ng inyong pamilya sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Panginoong Jesucristo.

Kung susundin natin ang payo ni Elder Lee na maging tanglaw sa mga nakapaligid sa atin, hindi natin maaaring itago kung sino tayo. Dapat makita sa ating pag-uugali ang ating mga pinahahalagahan at paniniwala. Kapag angkop, dapat tayong makibahagi sa mga usapin sa pulitika.

Ang pamumuhay nang marapat para sa temple recommend, pagtanggap ng mga ordenansa sa templo, at pagiging tapat sa ating mga tipan ay nagbibigay sa atin ng tuon at pananaw na manatili sa landas ng tipan. Kapag ang ating mga kabataan ay namuhay nang marapat upang magpabinyag para sa mga patay, magiging maayos ang kanilang buhay.

Kailangan nating ituon ang ating lakas sa pagpapatatag sa ating pamilya sa pamamagitan ng pagsasalita, pagsasaya, pangangaral, at pagpopropesiya tungkol kay Cristo para matamasa natin ang mga gantimpala ng matwid na mga pamilya at maging walang-hanggang pamilya.

Para sa mga walang asawa ngunit matwid ang pamumuhay, ang ating doktrina ay nagbibigay-katiyakan: “Ang matatapat na miyembro na dahil sa sitwasyon ay hindi natanggap ang mga pagpapala ng walang-hanggang kasal at hindi naging magulang sa buhay na ito ay tatanggapin ang lahat ng ipinangakong pagpapala sa mga kawalang-hanggan, kapag tinupad nila ang mga tipang ginawa nila sa Diyos.”³

Ang Gantimpalang Kaligayahan

“Anong mga kapakinabangan ang dapat kong ibigay sa aking mga anak para maging maligaya at matagumpay sa buhay?”

Pagmamahal ang susi sa kaligayahan sa mundong ito.



Si Lucifer ay lumikha ng huwad o kathang-isip na kaligayahan na hindi tugma sa kabutihan at ililigaw ang ating landas kung hindi tayo maingat. Marami sa ating mga problema ngayon ang nangyayari dahil mali ang pakahulugan ng mundo sa kaligayahan. Alam natin mula sa Aklat ni Mormon na umiiral ang problemang ito sa lahat ng henerasyon. Alam din natin ang mga pagpapalang nagmumula sa pagsunod sa mga utos.

Sabi ni Haring Benjamin, “Bukod dito, ninanais kong inyong isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Sapagkat masdan, sila ay pinagpala sa lahat ng bagay, kapwa temporal at espirituwal; at kung sila ay mananatiling matapat hanggang wakas, sila ay tatanggapin sa langit upang doon sila ay manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan. O tandaan, tandaan na ang mga bagay na ito ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang siyang nagsabi ng mga ito” (Mosias 2:41).

Sa loob ng maraming taon sinubaybayan ko ang isang proyektong pagsasaliksik na nagsimula noong 1930s. Noong una, kasama sa pag-aaral ang 268 kalalakihan sa isang pangunahing unibersidad at ang kanilang buhay ay manaka-nakang pinag-aralan. Kalaunan, naging bahagi ng pag-aaral na ito ang mga babae. Inabot nang mga 70 taon ang pag-aaral na ito. Ang mithiin ng orihinal na pag-aaral ay alamin hangga’t maaari ang tungkol sa tagumpay at kaligayahan.

Nakita sa pag-aaral na hindi nahulaan sa college entrance scores at grade averages ang tagumpay o kaligayahan sa buhay kalaunan. Ngunit ang isang aspetong may malaking kaugnayan ay ang kaligayahan sa pamilya habang bata pa. Karaniwang iniulat ng maliligaya at matatagumpay na matatanda na ang kanilang ina ay nagpahayag ng pagmamahal

at malasakit sa salita at hindi sa matinding pagdisiplina. Ang kanilang mga magulang ay kapwa hayagang nagpakita ng pagmamahal sa isa't isa at nariyan at nalalapitan ng kanilang mga anak, na mainit at madamdamin nilang sinasabihang mahal nila. Ang mga magulang ay lumikha ng matatag na pamilya at pinaniniwalaang iginalang nila ang kalayaan ng kanilang mga anak.

Iniulat sa isang aklat na inilathala noong 2012 nang matapos ang pag-aaral na: “Mas mahuhulaan ang tagumpay sa buhay ayon sa isang minahal at mapagmahal na panahon ng kabataan kaysa sa maaagang pagyaman at pagiging popular.” Ang masayang panahon ng kabataan ay mas malaki ang kaugnayan sa tagumpay kaysa sa katalinuhan, katayuan sa lipunan, o pagiging atleta. Nalaman din sa pag-aaral na “ang tamang nangyayari sa panahon ng kabataan ay mas nagsasaad kung ano ang mangyayari sa hinaharap kaysa sa maling nangyayari.”⁴

Sa kabuuan, ipinahiwatig ng pag-aaral na kahit may mga hamon at pagkakamali sa ilang bagay, karamihan sa mga bata ay matatag, at ang pagtitiwalang binuo ng mapagmahal na ugnayan sa mga magulang, lalo na sa ina, ay maaaring mauwi sa nagtatagal at habambuhay na kaligayahan. Ang nakakatuwa para sa akin, ngunit hindi nakakagulat, ay na ang pag-aaral ay lubos na naaayon sa itinuturo sa mga banal na kasulatan at sa Simbahan tungkol sa pamilya. Binibigyang-diin ng Simbahan ang family home evening, panalangin ng pamilya,

mga pagpapakita ng pagmamahal, pagsasama-sama ng pamilya, at mga tradisyon sa pamilya, na mismong mga uri ng aktibidad na ipinahiwatig sa pag-aaral na magbubunga ng maligaya at matagumpay na adult.

Sinimulan ni Nephi ang Aklat ni Mormon sa pasasalamat para sa “butihing mga magulang” (1 Nephi 1:1), ngunit ang tunay na aral ay na malalaman ng bawat isa sa atin kung anong uri ng mga magulang ang kalalabasan natin para masayang maiulat ng ating mga inapo na sila man ay isinilang sa butihing mga magulang.

Ang pinakamahalagang bagay na magagawa ninyo ay tiyakin na alam ng inyong mga anak at ng mga pinangangalagaan ninyo na mahal ninyo sila. Pagmamahal ang susi sa kaligayahan.

Ang Gantimpalang Umunlad sa Lupain


“Ang aming pamilya ay hindi nagkakamit ng malaking tagumpay sa mundo. Dahil kaya sa hindi sapat ang aming kabutihan?”

Malinaw sa mga banal na kasulatan na ang pag-sunod sa mga kautusan ay nagtutulot sa atin na umunlad sa lupain. Ngunit tinitiyak ko sa inyo na ang pag-unlad sa lupain ay hindi nalalarawan sa laki ng inyong ipon sa bangko. Mas puno ng kahulugan ito kaysa riyen.

Sa pagsasalita ng propetang si Alma sa kanyang anak, sinabi niya, “Habang sinusunod mo ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay uunlad sa lupain; at nararapat mo ring malaman, na habang hindi mo sinusunod ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay itatakwil mula sa kanyang harapan” (Alma 36:30).

Alinsunod dito, ang patnubay ng Espiritu sa ating buhay ang pangunahing sangkap sa pag-unlad sa lupain. Kung susundin natin ang mga kautusan, may partikular ding mga pangako sa atin (tingnan sa Mga Taga Efeso 6:1–3). Ipinangako sa Doktrina at mga Tipan bahagi 89, halimbawa, na sa pamumuhay ng Word of Wisdom, bibiyyaan tayo ng kalusugan at malalaking kayamanan ng kaalaman.

Ang paghihiwalay ng isang elemento ng Word of Wisdom, ang pag-iwas sa alak, ay nagtuturo ng aral. Natuklasan sa matagalang pag-aaral na binanggit ko kanina na ang pag-inom ng alak ay nakakaimpluwensya sa isa sa tatlong pamilyang Amerikano,





*Ang pinakamagandang
gantimpala ng kabutihan
ay “kapayapaan sa da-
igdig na ito, at buhay na
walang hanggan sa daig-
dig na darating.”*

may kinalaman ito sa isang quarter o sangkapat ng lahat ng ipinasok sa malalaking ospital, at malaki ang papel na ginagampanan nito sa kamatayan, diborsyo, masamang kalusugan, at kabawasan ng tagumpay.

Natuklasan sa isang matagalang pag-aaral ng mga aktibong miyembro ng Simbahan sa California na karaniwang mas mabaha ng 5.6 na taon ang buhay ng kababaihan at mas mahaba ng 9.8 taon ang buhay ng kalalakihan kaysa sa mga babae at lalaki sa U.S. Ipinahiwatig ng mga doktor na nagsasagawa ng pag-aaral na ang isang dahilan ay ang pagsunod sa Word of Wisdom. Ang pagsunod sa Word of Wisdom ay nagtutulot sa atin na umunlad sa lupain.⁵

Sa pag-uusap namin ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) habang sakay ng eroplano papunta sa paglaan ng isang templo, masaya niyang ikinuwento na may pondo ang Simbahan para dagdagan ang mga templo dahil umuunlad na ang mga Banal sa mga Huling Araw sa lupain. Bilang matatapat na nagbabayad ng ikapu, nakapaglaan sila ng mapagkukunang pondo para makapagtayo ng mga templo.

Ang pag-unlad at pagiging mayaman ay maaaring hindi magkapareho. Ang mas magandang pakahulugan ng ebanghelyo sa pag-unlad sa lupain ay pagkakaroon ng sapat para sa ating mga pangangailangan habang tumatanggap ng saganang pagpapala ng Espiritu sa ating buhay. Kapag binubuhay natin ang ating pamilya at minamahal at pinaglilingkuran natin ang Tagapagligtas, matatamasa natin ang gantimpalang mapasaatin ang Espiritu at pag-unlad sa lupain.

Ang Gantimpalang Kapayapaan

Ang pinakamagandang ipinangakong gantimpala ng kabutihan ay malinaw na itinakda Doktrina at mga Tipan 59:23: “Subalit matutuhan na siya na gumagawa ng mga

gawa ng kabutihan ay makatatanggap ng kanyang gantimpala, maging [ng] kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.”

Mahigit 35 taon na ang nakararaan, itinuro ni Pangulong Kimball na magkakaroon ng malaking pag-unlad sa Simbahan dahil maraming “mabubuting kababaihan . . . ang mapupunta sa Simbahan nang maramihan.” Sinabi niya, “Mangyayari ito dahil magpapakita ng kabutihan at kahusayan sa pananalita ang kababaihan ng Simbahan sa kanilang buhay at makikitang natatangi at kakaiba ang kababaihan ng Simbahan—sa masayang paraan—kumpara sa kababaihan ng sanlibutan.”⁶

Nangyari nga ito at patuloy na mangyayari sa hinaharap.

Tunay ngang ang Panginoong Diyos ay isang araw at kalasag at magbibigay ng biyaya at kaluwalhatian. Walang mabuting bagay na ipagkakait sa kanila na namumuhay nang matwid (tingnan sa Mga Awit 84:11). Dalangin ko na anihin ninyo ang mga gantimpala ng kabutihan habang tapat ninyong sinusunod ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. ■

Mula sa mensaheng, “*The Rewards of Righteousness*,” na ibinigay sa *BYU Women’s Conference* noong Mayo 2, 2014.

MGA TALA

1. Tingnan sa Spencer W. Kimball, “The False Gods We Worship,” *Ensign*, Hunyo 1976, 2–6.
2. Tingnan sa Lane Anderson, *Deseret News*, “The Instagram Effect: How the Psychology of Envy Drives Consumerism,” Abr. 15, 2014, C7.
3. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.3.3. Muli itong pinagtibay ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2014 na, “Ang Saksi,” *Liahona*, Mayo 2014, 94–97.
4. George E. Vaillant, *Triumphs of Experience: The Men of the Harvard Grant Study* (2012), 108–9.
5. Tingnan sa James E. Enstrom at Lester Breslow, “Lifestyle and Reduced Mortality among Active California Mormons, 1980–2004,” *Preventive Medicine* 46 (2008), 135.
6. Tingnan sa Spencer W. Kimball, “The Role of Righteous Women,” *Ensign*, Nob. 1979, 103–4; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 266.

A man and a woman are walking away from the camera on a railway track. They are holding hands and looking towards a bright sunset on the horizon. The woman is on the left, wearing a dark long-sleeved top and dark pants. The man is on the right, wearing a dark striped long-sleeved shirt and dark pants. The railway tracks are made of wooden sleepers and metal rails, and they lead towards the horizon. The sky is filled with orange and yellow clouds from the setting sun.

*Ang relihiyon at pamahalaan ay
magkaiba ngunit magkaagapay
ang landas na tinatahak. Lubhang
matagumpay at epektibo ang mga ito
kapag pinoprotektahan at itinataguyod
ng mga ito ang isa't isa.*

Ni Elder
Wilford W. Andersen
Ng Pitumpu



Relihiyon at Pamahalaan

Ang relihiyon at pamahalaan ay parang mag-asawa na kung minsan ay nahihi-rapang magsama sa ilalim ng iisang bubong ngunit hindi mabubuhay nang magkahiwalay. Ang relihiyon at pamahalaan ay kapwa nangangailangan ng kalayaan para umunlad, ngunit ayon sa kasaysayan ay hindi makabubuting magkahiwalay ang mga ito. Magkaiba ngunit magkaagapay ang landas na tinatahak ng mga ito. Lubhang matagumpay at epektibo ang mga ito kapag pinoprotektahan at itinataguyod ng mga ito ang isa't isa.

Mahalaga ang papel ng pamahalaan sa pagprotekta at pag-iingat sa kalayaan sa relihiyon at sa pagkandili sa papel ng mga simbahan sa lipunan. Mabuti na lang, kinikilala ng karamihan sa mga pamahalaan sa mundo ngayon kahit paano ang kalayaan sa relihiyon at tinitiyak sa kanilang mga mamamayan ang karapatang sumamba at sundin ang kanilang relihiyon ayon sa idinidikta ng kanilang sariling budhi. Hindi iyan palaging nangyayari.

Maraming henerasyon na ang nakaranas ng kawalan ng kalayaan bunga ng panggigiit ng pamahalaan na magkaroon ng isang relihiyon para sa buong estado. Naranasan na ng iba ang paglalaho ng kagandahang-asal na kalakip ng lubusang pagbabawal ng pamahalaan sa relihiyon. Nagpapasalamat kami na nakikinita ng karamihan ng mga konstitusyon ng mga bansa sa mundo ngayon ang isang lipunan kung saan ang paniniwala sa relihiyon at paggalang sa relihiyon, kahit hiwalay sa pamahalaan, ay dapat protektahan at pangalagaan laban sa pang-uusig.¹

Ang pamahalaang binigyang-inspirasyon ng langit na inilarawan sa Aklat ni Mormon ay naniniwala at gumagalang sa kalayaan ng mga mamamayan nito sa relihiyon:

“Ngayon, kung nais ng isang tao na maglingkod sa Diyos, ito ay kanyang pribi-lehiyo; o sa lalong maliwanag, kung siya ay naniniwala sa Diyos ay kanyang pribi-lehiyong paglingkuran siya; subalit kung hindi siya naniniwala sa kanya ay walang batas upang siya’y parusahan. . . .

“Sapagkat may batas na ang mga tao ay nararapat hatulan alinsunod sa kanilang mabibigat na kasalanan. Gayon pa man, walang batas laban sa paniniwala ng isang tao” (Alma 30:9, 11).

Bilang mga taong may pananampalataya dapat tayong magpasalamat sa mga proteksyong ibinibigay ng pamahalaan na nagtutulot sa atin na lubusang tanggapin at igalang ang ating mga paniniwala sa relihiyon ayon sa gusto natin.

Ang Mahalagang Papel ng Relihiyon

Marahil ay di-gaanong kita ng ilan na mahalaga ang papel ng relihiyon at moralidad sa pag-iingat at pagtata-guyod ng mabuti at epektibong pamahalaan. Ang tanging mga tunay na solusyon sa marami sa mabibigat na problemang kinakaharap ng ating mundo ngayon ay espirituwal, hindi sa pulitika o sa ekonomiya. Ang pagkapoot sa ibang lahi, karahasan, at mga krimeng nagawa dahil sa galit, halimbawa, ay mga espirituwal na problema, at ang tanging tunay na solusyon sa mga ito ay espirituwal. Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol:

“Marami sa mga pinakamahalagang pag-unlad ng moralidad sa lipunan ng mga taga-Kanluran ang nahikayat ng mga alituntuning pangrelihiyon at nahimok ang mga tao na lubusang tanggapin ang mga bagong ideya sa pamamagitan ng pangangaral sa pulpito. Kabilang sa mga halimbawa ang pagpapatigil sa pagbebenta ng mga alipin sa England at Emancipation Proclamation (Pagpapalaya sa mga Alipin) sa [Estados Unidos]. Totoo rin iyan sa Civil Rights



ANG MAHALAGANG IMPLUWENSYA NG PANINIWALA SA RELIHIYON

“Nabibigkis ang ating lipunan hindi lamang ng batas at ng pagpapatupad nito, kundi lalong-lalo na ng mga taong kusang-loob na sumusunod sa mga batas na hindi maipatupad dahil sa nakalakhan nilang mga pamantayan ng mabuti o wastong pag-uugali. Ang paniniwala sa relihiyon tungkol sa tama at mali ay isang mahalagang impluwensyang lilikha ng gayong kusang-loob na pagsunod ng malaking bilang ng ating mga mamamayan.”

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Strengthening the Free Exercise of Religion,” mensaheng ibinigay sa The Becket Fund for Religious Liberty Canterbury Medal Dinner, New York City, Mayo 16, 2013, 1; [nasa mormonnewsroom.org](http://nasa.mormonnewsroom.org).

Movement (Kilusan para sa mga Karapatan ng Mamamayan) nitong huling kalahating-siglo.”²

Labis na umaasa ang mga lipunan sa relihiyon at mga simbahan na magtatag ng kaayusang moral. Hinding-hindi makakagawa ang pamahalaan ng sapat na mga bilangguan para ikulong ang mga kriminal na dulot ng isang lipunang walang moralidad, masama ang ugali, at walang pananampalataya. Ang mga katangiang ito ay mas nahihikayat ng paggalang sa relihiyon kaysa sa utos ng batas o ng pulisya. Imposibleng makontrol ng pamahalaan ang mga pag-uugali, hangarin, at pag-asang sumisibol sa puso ng tao. Subalit ito ang mga binhing nauuwi sa pag-uugaling kailangang kontrolin ng pamahalaan.

Isinulat ng French historian at statesman na si Alexis de Tocqueville, “Maaaring manaig ang kalupitan kung walang pananampalataya, ngunit hindi ang kalayaan.”³ At kahit ang kalupitan ay hindi maaaring manaig nang walang katapusan kung walang pananampalataya. Sapagkat tulad ng sabi ni Boris Yeltsin, unang pangulo ng Russian Federation, “Makakapagtayo ka ng trono gamit ang mga bayoneta, pero mahirap itong upuan.”⁴

Sa Sermon sa Bundok, ikinumpara ni Jesus ang batas na nakasulat sa mga aklat sa batas na nakasulat sa puso.

“Narinig ninyo na sinabi ng mga tao sa una, Huwag kang papatay; at ang sinomang pumatay ay mapapasa panganib sa kahatulan:

“Datapuwa’t sinasabi ko sa inyo, na ang bawa’t mapoot sa kaniyang kapatid ay mapapasa panganib sa kahatulan” (Mateo 5:21–22).

Habang ipinatutupad ng mga pamahalaan ang batas na nakasulat sa mga aklat, itinuturo at hinihikayat ng relihiyon ang pagsunod sa batas na nakasulat sa puso. Ang mga sumusunod sa huli kung sakali man ay bihirang labagin ang una. Tulad ng mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan, “Siya na sumusunod sa mga batas ng Diyos ay hindi kailangang lumabag sa mga batas ng lupain” (58: 21).

Ngunit kapag binalewala ng lipunan ang mga bagay na espirituwal, ang legal na batas at ang legal na sistema kalaunan ay hindi na magiging epektibo. Ang paggalang sa lipunan ay nakakamtan kapag mabuti ang asal ng karamihan sa mga tao dahil naniniwala sila na iyon ang dapat nilang gawin, hindi dahil sa pinipilit sila ng batas o ng pulisya.

Ang pamahalaan ang bahala sa pag-uugali ng mga mamamayan nito. Hinihikayat nitong kumilos sila sa disente at moral na paraan. Sa kabilang banda, hinihikayat ng relihiyon na *hangarin* nilang kumilos sa disente at moral na paraan. Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson



(1899–1994), isang miyembro ng gabinete sa ilalim ni U.S. President Dwight D. Eisenhower, ang napakahalagang pagkakaibang ito:

“Binabago ng Panginoon ang puso. Binabago ng mundo ang panlabas na anyo. Maaalis ng daigdig ang mga tao sa magulo at maruming lugar. Inaalis ni Cristo ang di-magagandang ugali ng mga tao, at inaalis naman nila ang kanilang sarili sa magulo at maruming lugar. Hinuhubog ng daigdig ang mga tao sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang kapaligiran. Binabago ni Cristo ang mga tao, na siya namang nagbabago ng kanilang kapaligiran. Mahuhubog ng daigdig ang kilos ng mga tao, subalit mababago ni Cristo ang ugali ng mga tao.”⁵

Sa paglipas ng panahon lahat ng malayang pamahalaan ay kailangang umasa sa huli sa kusang-loob na kabutihan at suporta ng kanilang mga mamamayan. Tulad ng sabi ng bantog na statesman at political philosopher na si Edmund Burke, “Inorden sa walang-hanggang konstitusyon ng mga bagay-bagay, na ang mga taong hindi makapagpigil sa sarili ay hindi maaaring maging malaya. Ang mga silakbo ng kanilang damdamin ang pumipigil sa kanila.”⁶

Dahil diyan, pinoprotektahan ng mabuting pamahalaan ang relihiyon at tinatangkilik ang kalayaan sa relihiyon. At hinihikayat ng mabuting relihiyon ang pagiging mabuting mamamayan at pagsunod sa batas ng lupain.

Ang mabuting pamahalaan ay hindi kailangang kumiling sa isang panig. Hindi nito dapat tangkilikin o katigan ang

Hinihikayat tayong pag-aralan at kilalaning mabuti ang mga isyu at kandidato at iboto ang mga taong pinaniniwalaan nating kikilos nang may dangal.

isang relihiyon kaysa sa iba. Ang mga kinatawan nito ay kailangang maging malaya na maniwala at kumilos ayon sa dikta ng sarili nilang budhi. Gayundin, ang mabuting relihiyon ay hindi dapat i-endorso ni kalabanin ang anumang partido o kandidato sa pulitika. At ang mga miyembro nito ay kailangang maging malaya at hikayatin pa ngang maki-bahagi sa botohan at suportahan ang partido o kandidatong inaakala nilang pinakamainam.

Iparinig ang Inyong Opinyon

Bagama’t ang Simbahan, bilang institusyon, ay paulit-ulit nang napagtibay na wala itong kinikilingang partido, hinihikayat ang mga Banal sa mga Huling Araw na makibahagi sa botohan at idagdag ang kanilang opinyon sa mga pam-publikong debate. Bahagi ng ating relihiyon ang maging mabubuting mamamayan saanman tayong nakatira.

Nakasaad sa *Handbook 2: Administering the Church*, “Alinsunod sa mga batas ng kani-kanyang pamahalaan, ang mga miyembro ay hinihikayat na magrehistro para bumoto, pag-aralan ang mga isyu at kilalaning mabuti ang mga kandidato, at iboto ang mga tao na pinaniniwalaan nilang kikilos nang may dangal at mabuting pagpapasiya. Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay may espesyal na obligasyong hanapin, iboto, at suportahan ang mga pinunong tapat, mabuti, at marunong (tingnan sa D at T 98:10).”⁷

Balang-araw ay muling paparito ang Tagapagligtas. Kapapatan Niyang mamuno at mamahala bilang Hari ng mga hari at bilang ating dakilang Mataas na Saserdote. Sa gayon ang setro ng pamamahala at kapangyarihan ng priesthood ay magiging isa.

Hanggang sa sumapit ang dakilang araw na iyon, kailangang magtulungan ang relihiyon at pamahalaan sa kasaysayan ng sangkatauhan—bawat isa ay iginagalang ang kalayaan ng isa’t isa, bawat isa ay pinahahalagahan ang mahalagang kontribusyon ng isa’t isa. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa W. Cole Durham Jr., Silvio Ferrari, Cristiana Cianitto, Donlu Thayer, mga patnugot, *Law, Religion, Constitution: Freedom of Religion, Equal Treatment, and the Law* (2013), 3–5.
2. Dallin H. Oaks, “Strengthening the Free Exercise of Religion,” mensaheng ibinigay sa The Becket Fund for Religious Liberty Canterbury Medal Dinner, New York City, Mayo 16, 2013, 1; nasa mormonnewsroom.org.
3. Alexis de Tocqueville, *Democracy in America*, 2 tomo (1835–40), 1:306.
4. Boris Yeltsin, sa Donald Murray, *A Democracy of Despots* (1995), 8.
5. Ezra Taft Benson, “Born of God,” *Ensign*, Nob. 1985, 6.
6. Edmund Burke, *A Letter from Mr. Burke, to a Member of the National Assembly; in Answer to Some Objections to His Book on French Affairs*, ika-2 ed. (1791), 69.
7. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 21.1.29.

HINDI AKO MANDARAYA

Noong freshman ako sa kolehiyo, madalas akong mainis sa mga kaklase ko. Kasi marami sa kanila ang nandaraya sa eksamin. Ang ilan ay lihim na nagdadala ng kodigo sa klase. Ang ilan ay itine-text ang mga sagot sa iba. May ilan pa na nangongopya ng sagot sa mga kaklase nila.

Ang mga nandaya ay laging mas mataas ang marka kaysa sa akin. Gayunpaman, hindi ako natuksong sumali sa kanila. Lagi kong isinasapuso't isipan na mas mainam na makakuha ng markang zero nang hindi nandaraya kaysa makakuha ng markang 100 dahil sa pandaraya.

Kung nandaya ako, hindi magandang halimbawa iyon sa kanila. Hindi ako mamumuhay sa paraan na maibabahagi ko ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kanila. Hindi ko maipapakita sa kanila na ang Simbahan ay totoo.

Isang hapon nagpunta ako sa college cashier office para magtanong kung magkano pa ang balanse ko sa matrikula. Kinailangan kong bayaran ang buong matrikula ko bago ako makakuha ng final exams nang sumunod na linggo. Habang naglalakad ako, nag-alala ako kung saan ko kukunin ang perang kailangan ko. Ang isang self-supporting student na katulad ko ay gipit sa pera.

Pagdating ko sa opisina, tinanong ko ang kahera kung magkano pa ang kulang ko.

"Magbabayad ka lang kapag nakatapos ka na," sabi niya.

Gulat na itinanong ko kung sigurado siya o nagbibiro lang siya.

"Oo, sigurado ako, at seryoso ako," sabi niya. "Ipinroseso ng guidance counselor ang application para makakuha ka ng scholarship mula

sa isang senador. Scholar ka na."

Tuwang-tuwa akong marinig ang mga salitang iyon. Pinasalamatan ko siya at tumakbo na ako sa opisina ng guidance counselor para pasalamatan ang taong gumawa niyon.

"Hindi mo ako kailangang pasalamatan," sabi ng counselor matapos kong sabihin sa kanya kung gaano kalaki ang pasasalamat at katuwaan ko. "Naging kasangkapan lang ako."

Paglisn ko, naalala ko ang talata sa banal na kasulatan na gustung-gusto ko palaging ibahagi: "At pinagpala siya na matatagpuang tapat sa aking pangalan sa huling araw, sapagkat siya ay dadakilain upang manirahan sa kahariang inihanda para sa kanya mula pa sa pagkakatatag ng daigdig. At masdan, ako [si Jesucristo] ang siyang nagsabi nito" (Eter 4:19).

Sa paggawa ng tama, naipakita ko ang aking katapatan sa pagsunod sa mga utos ng ating Ama sa Langit—maging sa isang sitwasyon kung saan karaniwan ang pandaraya. Alam ko na sa paninindigan sa aking pananampalataya, hindang-hindi Niya ako iiwan.

Natutuwa ako na makakapag-aral na ako nang walang inaalang babayaran. Nahikayat din akong patuloy na gawin ang tama, hindi dahil sa mga gantimpala at pagpapalang matatanggap ko kundi dahil mahal ko ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, na nagpakita sa akin ng halimbawa. ■

Joanna Mae Rangga,
Southern Leyte, Philippines

Ang mga kaklase kong nandaraya ay laging mas mataas ang marka kaysa sa akin. Gayunpaman, hindi ako natuksong tumulad sa kanila.





Gustung-gusto kong isuoat ang damit-pangkasal ng nanay ko pagsapit ng araw ng kasal ko.

ANG DAMIT-PANGKASAL NG NANAY KO

Bata pa ako nang una kong makita ang damit-pangkasal ng nanay ko. Nakabalot itong mabuti sa loob ng isang kahon, at naaalala ko na magiliw itong binuksan ng nanay ko para makita ko ito. Napakaganda! Gustung-gusto kong isuoat ang damit na iyon pagsapit ng araw ng kasal ko.

Maingat na ibinalik iyon ni Inay sa kahon at ipinangako na ipapahiram iyon sa akin sa hinaharap. Espesyal na regalo raw ng tatay ko ang damit na iyon. Mukhang mahal na mahal niya si Itay at napakaganda niya sa mga retrato niya sa kasal. Ang mga magulang ko, na hindi mga miyembro ng Simbahan, ay kahanga-hangang mga tao.

Nalaman ko ang tungkol sa Simbahan nang makilala ko ang lalaking mapapangasawa ko. Kakaiba ang miting na iyon dahil, kahit hindi siya aktibo sa Simbahan, napunta ang pag-uusap namin sa kuwento tungkol sa Unang Pangitain. Namangha ako sa kuwentong iyon, pero hindi pa ako handang tanggapin ito.

Matapos kaming magdeyt nang 16 na buwan, nagkatotoo ang pangarap ko nang isuoat ko ang damit-pangkasal ng nanay ko na may

mahabang pabuntot at maglakad ako papunta sa nobyo ko. Mahal na mahal ko rin siya. Maraming nagsabi na kamukha raw ako ni Inay nang ikasal siya.

Lumipas ang mga taon, at nagkaroon kami ng dalawang anak na lalaki. Nang sikapin ng asawa ko na bumalik sa simbahan, hinadlangan ko siya. Bagama't hindi ako aktibo noon sa simbahang kinalakhan ko, nahirapan akong tanggapin ang ibang simbahan.

Nagbago rin iyon sa huli pagkaraan ng 19 na taon naming pagsasama. Bumalik ang asawa ko sa simbahan, at pagkaraan ng ilang linggo ay nagsimula akong sumama sa kanya. Mabilis na lumakas ang aking patotoo, at nabinyagan at nakumpirma ako. Hindi nagtagal pagkatapos niyon ay hinangad ko talagang ihanda ang aking sarili na mabuklod sa asawa ko sa templo.

Nang sumapit ang masayang araw ng aming pagbubuklod, muli kong isinuot ang damit-pangkasal ng nanay ko. Inayos ito ng isang kaibigan sa simbahan para maging angkop itong isuoat sa templo. Simula noon ay ito na ang palagi kong suot sa loob ng templo.

Nang pumanaw ang tatay ko at malapit na ring pumanaw ang nanay ko, hindi pa rin siya handang tanggapin ang ipinangbabalik na Simbahan. Ngunit marami akong sinabi sa kanyang magagandang bagay tungkol sa Panunumbalik. Sinabi ko rin sa kanya na kapag sumakabilang-buhay na siya, maririnig niya ang mensahe ng tunay na ebanghelyo. Nangako ako sa kanya na pagkaraan ng isang taon, isusuot ko ang aming damit para sa kanya para matanggap niya ang mga ordenansa sa templo at mabuklod siya sa tatay ko sa pamamagitan ko. At ginawa ko nga iyon.

Luma na ang damit ko ngayon, at alam ko na balang-araw ay kakailanganin ko na itong itabi. Hanggang sa araw na iyon, patuloy ko itong isusuot nang may pagmamahal—para sa aking asawa, para sa aking ina at ama, para sa mga kapamilyang naganap ko ng mga ordenansa sa templo, para sa tunay na ebanghelyo, para sa aking mga sagradong tipan, at para sa aking Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. ■

Angélica Flores Algaba,
Querétaro, Mexico

ANG PANGINOON AY NANGUSAP NG KAPAYAPAAN SA AKIN

Ilang araw nang maysakit ang anak naming si Carlie, at akala ko'y sipon lang iyon. Ngunit nang lumala ang mga sintomas niya, naisip ko na baka mas malubha iyon.

Napatonayan at tumindi ang takot ko nang makipagkita kami sa doktor—napag-alaman na may diabetes type 1 si Carlie. Malapit na siyang mawalan ng malay dahil sa diabetes niya at kailangang dalhin siya kaagad sa ospital. Taimtim kong ipinagdasal na kumalma ako at matulungan siya ng mga doktor.

Pagdating namin sa emergency room, agad kumilos ang mga doktor at nars para isalba siya. Hiniling kong panatagin at payapain ako ng aking Ama sa Langit.

Sa isang sandali ng katahimikan, binigyan ng asawa ko at ng kanyang ama ng basbas ng priesthood si Carlie. Sa kanyang basbas, tiniyak sa kanya ng aking asawa na kalooban ng kanyang Ama sa Langit na mabuhay siya. Nakaramdam ako ng kapayapaan.

Pagkaraan ng ilang oras pang pagtusok ng iniksyon, pagsusuri,

at pagtingin ng nagbabantay na mga doktor kung umaayos ang lagay ni Carlie, napagod na ako. Nabawasan ang kaguluhan sa kanyang silid bandang ala-1:00 n.u. Hindi ko alam kung ano ang aasahan, hindi ako makatulong, at nadama kong nag-iisa ako.

Kinuha ko ang Aklat ni Mormon na dinala ng kapatid ko sa ospital at ipinagdasal ko na iparamdam sa akin ng mga banal na kasulatan ang kompiyansang kailangan ko. Nabuksan ang aklat sa Alma 36:3. Nang basahin ko ito, pakiramdam ko'y nangungusap ang Panginoon sa akin: "Nalalaman ko na sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap, at dadakilain sa huling araw."

Sa ikalawang pagkakataon noong gabing iyon, nakaramdam ako ng kapayapaan. Alam ko na alam ng Ama sa Langit ang nangyayari sa amin. Gusto niyang malaman ko na naroon Siya at na kailangan kong sumampalata sa Kanya.

Habang iniisip ko ang mga nangyari sa maghaponing iyon, naisip ko kung gaano kami pinagpala ng Panginoon. Nadama ko na kailangan kong dalhin kaagad si Carlie sa doktor. Ligas kaming nakarating sa ospital. Dumating kaagad ang mga mayhawak ng priesthood para basbasan siya.

Simula sa araw na iyon ay araw-araw na naming tinitingnan ang blood sugar niya at naghahanda ng merienda. Natutuhan namin kung paano maapektuhan ng diabetes management ang katawan. Patuloy na naging pagsubok ang sakit ni Carlie, ngunit natutuhan naming magtiwala sa aming Ama sa Langit araw-araw.

Ayaw kong sariwain ang araw na iyon sa ospital, ngunit lagi ko iyong pasasalamatang magpakailanman. Iyon ay araw ng pagkatuto, ng pagsampalataya, ng pasasalamat. Nalaman ko na alam ng Ama sa Langit ang nangyayari sa bawat isa sa Kanyang mga anak at na talagang sinusuportahan Niya tayo sa ating mga pagsubok. ■

Trisha Tomkinson Riggs, Arizona, USA

Pagdating namin sa emergency room, agad kumilos ang mga doktor at nars para isalba ang buhay ni Carlie.





WALONG MALILIIT NA PIRASO NG MANOK

Dahil pansamantalang nawalan ng trabaho ang asawa ko, mahirap makaraos ang isang pamilyang may limang anak na kasalukuyang luma-laki. Isang araw bago ang brodkast ng pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2013, tiningnan namin ang aming suplay ng pagkain at nagpasiya kaming maghanda ng simpleng tanghalian na fried chicken at kanin sa pagitan ng mga sesyon ng kumperensya.

Sumapit ang Linggo, at handa na kaming lahat. Nagkita-kita ang iba pa naming mga kamag-anak, na binubuo ng aking mga magulang at kapatid na babae at kanilang mga pamilya sa stake center kalahating oras bago nagsimula ang brodkast.

Napakalaking kagalakan at pagpapalang marinig ang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag na magbahagi ng mga mensahe lalo na para sa ating henerasyon. Habang nakikinig ako sa payo at nagagalak sa magandang diwa ng kapayapaan at pagmamahal na nadama ko mula sa aking Ama sa

Langit, natanggap ko ang katiyakan na magiging maayos ang lahat, na matutugunan ang mga pangangailangang espirituwal at temporal ng aking pamilya, at na kung patuloy akong sasampalataya at ipauubaya ko ang lahat sa aking Tagapagligtas, makakalaya kami mula sa mga gapos ng karukhaan at iba pang mga paghihirap.

Habang tinatamasa ang magandang diwa ng araw ng Sabbath, nawala sa isip ko ang aming tanghalian. Pagkatapos ng isang sesyon, saka ko lang natanto na 17 pala kami. Siyam na matatanda at walong bata ang maghahati-hati sa kakatiting na tanghalian na walong maliliit na piraso ng manok at isang bandehadong kanin, na may kasamang isang mangkok na pasta na dala ng isa sa mga kapatid ko.

Nag-alay ng panalangin ng pasasalamat at pagbabasbas sa aming pagkain ang walong-taong-gulang na si Henry, na hinihiling na lahat ng kumain ay mabusog. Pagkatapos

Siyam na matatanda at walong bata ang maghahati-hati sa kakatiting na tanghalian na walong maliliit na piraso ng manok, isang bandehadong kanin, at isang mangkok na pasta.

ay pinagputul-putol ko pa nang mas maliliit ang bawat piraso ng manok at iniabot ito sa mga bata habang naglagay ng pasta at kanin ang kapatid ko sa kanilang pinggan. Hindi ko napigil na mapaluha nang matanto ko na sumapat sa lahat ang isang maliit na plato ng pagkain at may natira pang isang plato matapos maputul-putol ang manok at mapaghatian namin ang pasta at kanin. Pagkatapos ay kumain kaming lahat—at nabusog.

Sinabi ko sa mga magulang at asawa ko na natitiyak ko na talagang hinati ng Tagapagligtas ang limang tinapay at dalawang isda at pinakain ang “limang libong lalake, bukod pa ang mga babae at ang mga bata” (tingnan sa Mateo 14:14–21). Sinasabi ng ilang kritiko at di-naniniwala na ang himala ay isang talinghaga, pinalabis, o imposible. Ngunit para sa amin ng aking pamilya, totoo ang salaysay ayon ng pagkasulat dito.

Dininig ng Ama sa Langit ang panalangin ng isang tapat na batang nagpasalamat at humiling ng basbas na lahat ng makibahagi ay mabusog at mapangalagaan.

Nang bumalik kami sa bulwagan para sa pangkalahatang kumperensya, busog ang puso ko. Pakiramdam ko ay kasama ako sa napakaraming taong pinakain ni Jesus, na inaasam na manatili at matuto mula sa Kanya na nangangakong kung tayo’y maki-kinig at susunod, hinding-hindi tayo magugutom o mauuhaw (tingnan sa Juan 6:35).

Kasama ang aming mga anak tahimik kaming naupo sa loob ng chapel at naghandang makinig sa hinirang na mga lingkod ng Ama sa Langit. Isang pangyayari iyon na hinding-hindi ko malilimutan. ■

Abigail Almeria, Cebu, Philippines

PUNONG BUHAY AT SIGLA



Ni Randal A. Wright

Kunwari lumapit sa iyo ang isang kaibigan para humingi ng payo kung paano tumanggap ng personal na paghahayag. Kung may maiaalok kang isang ideya, ano kaya iyon?

Bilang bagong General Authority, nakadama ng kakulangan si Elder Marion G. Romney (1897–1988) sa pagganap sa kanyang mahalagang tungkulin, kaya humingi siya ng payo sa kanyang kaibigang si Elder Harold B. Lee (1899–1973) ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ang payong ibinigay noong araw na iyon ay kapwa nakagulat at nakaganyak kay Elder Romney. Sabi ni Elder Lee: “Kung gusto mong magtagumpay bilang General Authority, kailangan mo ng inspirasyon. Kailangan mong tumanggap ng paghahayag. Bibigyan kita ng isang payo: *Matulog nang maaga at gumising nang maaga*. Kung gagawin mo iyan, mapapahinga ang iyong katawan at isipan at sa katahimikan ng mga oras na iyon sa madaling-araw, tatanggap ka ng mas maraming inspirasyon at ideya kaysa sa ibang oras ng maghapon.”

Pagkaraan ng ilang taon, habang pinag-iisipan ang karanasang iyon, sinabi ng kasalukuyang Pangulong Romney noon na: “Mula noong araw na iyon, sinunod ko na ang payong iyon, at alam kong totoo iyon. Tuwing may maibigat akong problema, o isang tungkulin kung saan kailangan kong maging malikhain at inaasam kong makatanggap ng impluwensya ng Espiritu, lagi akong tumatanggap ng mas maraming tulong sa madaling-araw kaysa sa iba pang oras ng maghapon.”¹

Nang una kong mabasa ang salaysay na ito, nagulat din ako sa payong ibinigay ni Elder Lee. Hinding-hindi ko sana naikonekta ang araw-araw na paggising nang maaga sa paghahayag. Gayunman, alam ko na ngayon

na may tuwirang koneksyon ang mga ito. Nalaman ko rin na ang mga kilos na nakaugaliang iugnay sa pagtanggap ng paghahayag na gaya ng panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, pag-aayuno, pagdalo sa templo, at paglilingkod ay lalong nag-iibayo kapag natutulog ako nang maaga at gumigising nang maaga.

Mga Halimbawa sa Banal na Kasulatan

Sinunod ng binigyang-inspirasyong kalalakihan at kababaihan na iba-iba ang edad ang banal na payong ito hinggil sa pagtulog. “Si Abraham ay *sumampang maaga ng kinaumagahan* sa dakong kinatayuan niya sa harap ng Panginoon” (Genesis 19:27; idinagdag ang pagbibigay-diin). “Si Moises ay *bumangon na maaga sa kinaumagahan*, at sumampa sa bundok ng Sinai, *gaya ng iniutos ng Panginoon sa kaniya*, at kinuha sa kaniyang kamay ang dalawang tapyas na bato” (Exodo 34:4; idinagdag ang pagbibigay-diin). “At si Josue ay *bumangong maaga sa kinaumagahan*, at binuhat ng mga saserdote ang kaban ng Panginoon” (Josue 6:12; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Paano sinisimulan ng Panginoon ang Kanyang araw noong mortal na ministeryo Niya sa lupa? Itinala ni Marcos, “*Nagbangon siya nang madaling-araw, na malalim pa ang gabi*, at lumabas, at napasa isang dakong ilang, at doo’y nanalangin” (Marcos 1:35). Tinularan ni Maria, isang tapat na disipulo, ang Kanyang halimbawa at sa paggawa nito ay tinuruan tayo ng matinding aral: “Nang unang araw nga ng sanglinggo ay naparoong *maaga . . . si Maria Magdalena, samantalang madilim pa, . . . sa libingan*” (Juan 20:1). Sa madaling-araw siya ang naging unang mortal na nakakita sa nabuhay na mag-uling Panginoon.

**Anong
kaugalian, na
kung susundin palagi
at nang may disiplina,
ang makakatulong sa
iyo na mas lumusog,
sumigla, at magkaroon
ng inspirasyon?**

• • • • •



Mga Pagpapala ng Paggising nang Maaga

Ginagamit din ng mga dakilang pinuno sa ating panahon ang mga oras sa madaling-araw para tumanggap ng paghahayag. Kamakailan lang narinig kong binanggit ng isang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu sa isang stake conference na maaga siyang gumigising. Pagkatapos ng pulong, saglit ko siyang kinausap tungkol sa paggising niya nang maaga, at itinanong ko kung ilan sa Unang Panguluhan at sa Korum ng Labindalawa ang maaga ring gumising. Sagot niya, “Lahat sila!” Isa iyong makapangyarihang sandali, at pinatotohanan ng Espiritu sa akin na ang pagtulog nang maaga at paggising nang maaga ay talagang may koneksyon sa pagtanggap ng paghahayag.

May iba pang mga pagpapala na ipinangako sa mga taong sumusunod sa payo ng Panginoon tungkol sa pagtulog. Isipin ang pambihirang mga pangakong ito: “Tumigil sa pagtulog nang mahaba kaysa sa kinakailangan; magpahinga sa inyong higaa nang maaga, upang kayo ay maaaring *hindi mapagal*; gumising nang maaga, upang ang inyong mga katawan at inyong mga isip ay *mabigyang-lakas*” (D at T 88:124; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ang ibig sabihin ng *mabigyang-lakas* ay “mapuspos ng buhay at lakas.”

Nagmungkahi ang sinaunang philosopher na si Aristotle ng iba pang mga pakinabang sa mga natutulog at gumigising nang maaga: “Makabubuting gumising bago sumikat ang araw, sapagkat ang gayong gawi ay nakakatulong sa kalusugan, kayamanan at karunungan.”² Ginawang bantog na kasabihan ng US statesman noong araw na si Benjamin Franklin ang kaisipang ito: “Sa maagang paggising at maagang pagtulog, ang isang tao ay nagiging mayaman, matatino, at malusog.”³ Karamihan sa mga tao ay inuuna ang kalusugan, kayamanan, at karunungan sa lahat ng pinakagusto nilang matamo sa buhay.

Kalusugan

Ang karaniwang edad ng isang chief executive officer sa Amerika ay 55 taong gulang.⁴ Magugulat ba kayong malaman na ang CEO ng isang international organization ay isang 97-taong-gulang na lalaki? Paano kung malaman

mo rin na nilakbay pa niya ang mundo para magbigay ng mga mensahe, mag-train ng mga pinuno, kausapin ang mga opisyal ng pamahalaan, at interbyuhin ng malalaking media organization sa maunlad na panahong ito? Paano kung ang dalawang nangungunang VP niya ay mga napa-kaaktibong 79- at 87-taong-gulang? Subalit iyon mismo ang sitwasyon noong patapos na ang administrasyon ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) bilang Pangulo ng Simbahan. Malamang na ang pagtulog at paggising nang maaga, bagamat hindi ito lang ang nakakatulong, ay kabilang sa mga dahilan kaya mahaba ang buhay ng mga pinuno ng Simbahan.

Iminungkahi ng dating Brigham Young University president Ernest L. Wilkinson na ang pagtulog at paggising nang maaga ay may koneksyon sa mabuting kalusugan. Sa pagtukoy kay Pangulong David O. McKay (1873–1970), Pangulo ng Simbahan noong panahong iyon, sinabi niya: “Ang isa sa malalaking dahilan, natitiyak ko, kaya naging masaya, mahaba, at masigla ang buhay ni Pangulong McKay hanggang sa kanyang pagtanda ay dahil noong binata pa siya ay nakagawian niyang matulog nang maaga, gumising nang maaga, karaniwa’y bago sumikat ang araw, na malinaw ang isipan at masigla ang katawan, para gawin ang kanyang trabaho sa maghapon.”⁵

Naikonekta rin ang pagtulog at paggising nang maaga sa kalusugan ng isipan at damdamin. Sabi ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Sa mga tao na nadaramang sila ay talunan at inaapi, malaki ang maitutulong sa inyo ng paggising nang maaga.”⁶

Karunungan

Ang koneksyon sa pagitan ng pagtulog at karunungan ay hindi lamang isang teorya. Nakasaad sa isang pag-aaral na isinagawa ng mga researcher sa Brigham Young University: “Ang mga estudyante na nakagawiang matulog nang hatinggabi at matagal gumising kinabukasan ay mas mababa ang grade point averages (GPAs) kaysa mga estudyanteng natutulog nang maaga at gumigising nang maaga. Kapag mas matagal matulog ang mga estudyante sa umaga, mas mababa ang mga markang nakukuha nila. Sa lahat ng dahilang pinag-aralan, ang mga oras ng paggising



sa karaniwang araw at sa Sabado't Linggo ang may pinakamalaking koneksyon sa GPAs ng mga estudyante. Bawat oras na lagpas sa karaniwang tulog ng mga estudyante sa karaniwang araw ay may koneksyon sa pagbaba nang 0.13-puntos sa GPA (0.0-4.0 scale).⁷

Kailan lang ay nagsagawa ako ng survey sa 203 mga estudyanteng Banal sa mga Huling Araw sa kolehiyo tungkol sa kanilang pagtulog. Karaniwan sa mga estudyanteng ito ay gumigising nang alas-7:30 n.u. tuwing may pasok at alas-9:15 n.u. tuwing Sabado't Linggo. Ang karaniwang pagtulog nila ay hatinggabi tuwing may pasok at ala-1:00 n.u. tuwing Sabado't Linggo. Tahasang kinakalaban ng mga estudyanteng ito ang pagsasaliksik na nagkokonekta sa pagtulog at paggising nang maaga sa pagtatamo ng kaalaman. Marahil ang pagkatuklas na ang mas mataas na GPA ay bunga ng pagtulog at paggising nang maaga ay napakasimple para paniwalaan. Kagaya na ba tayo ng mga anak ni Israel, na ayaw sundin ang panlunas ng Panginoon sa mga tuklaw ng ahas "dahil sa kagaanan ng paraan"? (1 Nephi 17:41; tingnan din sa Helaman 8:14–15).

Isipin ang payo ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na may kinalaman sa pagtatamo ng karunungan: "Pinapayuhan ko ang aming mga anak na gawin ang kanilang mahalagang pag-aaral sa mga unang oras ng umaga habang sariwa at alisto ang kanilang isipan, sa halip na labanan ang kapaguran ng katawan at isipan sa gabi. Natutuhan ko ang bisa ng kasabihang, 'Matulog nang maaga, gumising nang maaga.'⁸ Isang dahilan ito marahil kaya natutulog at gumigising nang maaga ang mga full-time missionary.

Iba pang mga Pagpapala

Nang sulatan niya ang kanyang asawang si Barbara, binanggit ni Elder Joe J. Christensen, emeritus member ng Pitumpu, ang mas marami pang pagpapala sa mga taong sumusunod sa payo ng Panginoon tungkol sa pagtulog: "Kailangang magkaroon ng magandang dahilan para sa utos na matulog at gumising nang maaga [tingnan sa D at T 88:124]. . . . Mas maganda ang mundo sa madaling-araw. Mas payapa pa ang buhay. Mas maraming maisasagawa sa mas maikling panahon."⁹ Sa isang mensahe sa

fireside sa Brigham Young University, sinabi pa ni Elder Christensen: "Ang ilan sa inyo ay hindi nagkakaroon ng sa-pat na pahinga. Ang ilan ay sanay matulog nang hatinggabi at mas matagal kaysa talagang kailangan ng katawan ninyo, sa gayo'y pinalalampas ninyo ang personal na inspirasyong maaaring matanggap ninyo."¹⁰

Nagdagdag si Pangulong Hinckley ng isa pang pangako sa mga masunurin: "Kung matutulog kayo nang alas-10:00 at gigising nang alas-6:00 n.u., magiging maayos ang lahat para sa inyo."¹¹

Ang pagsunod sa payo ng Panginoon tungkol sa pagtulog ay maaaring tila isang maliit na bagay, subalit "sa maliliit na pamamaraan ay maisasagawa ng Panginoon ang mahahalagang bagay" (1 Nephi 16:29). Pinatotohanan ko na ang pagtulog at paggising nang maaga ay naghahatid ng maraming pagpapala sa ating buhay, maging ng paghahayag. Kamangha-mangha na mas marami akong nagagawa sa maghapon kapag natulog at gumising ako nang maaga. Ang mga pakinabang ng disiplinang ito sa sarili ay mas higit pa sa pagsisikap na kailangan. Kapag nanalo tayo sa unang pakikibaka sa maghapon laban sa pagtulog nang matagal, mas malamang na manalo tayo sa iba pang mga pakikibaka sa buong maghapon. Mas malamang tayong mapuspos ng buhay at lakas. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Texas, USA.

MGA TALA

1. Tingnan sa Joe J. Christensen, *To Grow in Spirit: A Ten-Point Plan for Becoming More Spiritual* (1989), 27–28.
2. Aristotle, sa *Wit and Wisdom of Socrates, Plato, Aristotle*, ed. N. B. Sen (1967), 100.
3. *Selections from the Writings of Benjamin Franklin*, inedit ni U. Waldo Cutler (1905), 16.
4. Tingnan sa *Forbes* magazine, "Emerging Culture, Worldwide Success," Okt. 25, 2012.
5. Ernest L. Wilkinson, *Lifting One's Sights*, Brigham Young University Speeches of the Year (Okt. 1, 1963), 4.
6. Russell M. Nelson, "Joy Cometh in the Morning," *Ensign*, Nob. 1986, 70.
7. *Journal of American College Health* 49 (2000): 125–30.
8. Boyd K. Packer, *Teach Ye Diligently* (1975), 205.
9. Joe J. at Barbara K. Christensen, *Making Your Home a Missionary Training Center* (1985), 33.
10. Joe J. Christensen, "Resolutions" (Brigham Young University fireside, Ene. 9, 1994), 5, speeches.byu.edu.
11. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 166–67.

Mga Haligi ng Lakas sa Hungary

Ni McKelle George

Sinabi ng Hungarian young adult na si Krisztian Eszther* na pinalalakas ng ebanghelyo ang kanyang pananampalataya—hindi lamang sa Diyos kundi maging sa isang buhay na may magandang kinabukasan at matagumpay. “Iniisip ng mga Hungarian ang aming madilim na nakaraan sa halip na isipin ang aming magandang kinabukasan,” sabi niya. Ang nakaraan na tinutukoy ni Eszther ay isang panahon sa kasaysayan ng Hungary (1949–56) nang ang mga titik ng pambansang awit—*Isten, áldd meg a magyart*, na ibig sabihin’y “pagpalain ng Diyos ang mga Hungarian”—ay hindi kinanta kailanman.

Umabot ang Ebanghelyo sa Hungary

Opisyal na kinilala ng Hungary ang Simbahan noong 1988, isang taon matapos magbigay ng panalangin ng paglalaan si Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol sa tuktok ng Mt. Gellért, kung saan tanaw ang Budapest. Noong 1990 binuksan ang isang mission sa Budapest, sa isang bansang umuusbong mula sa 40 taon na kawalan ng kalayaan sa relihiyon. Ngayon ay malakas na ang impluwensya ng Diyos, lalo na sa puso ng mga young adult na Banal sa mga Huling Araw.

Mga Institute Outreach Center

Ang mga outreach center ay malaking bahagi ng pagtulong sa mga young adult sa Central at Eastern Europe. Noong gabi bago bumisita si Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol sa Central Europe, nagising siya sa isang makapangyarihang paghahayag. Nadama niya na ang lakas ng Simbahan sa bahaging iyon ng mundo ay nasa mga young adult. Ang mga outreach center ngayon ay isa nang magandang lugar kung saan matatagpuan ng mga young adult ang mga klase, aktibidad, at kaibigan na katulad nila ang mga pinaniniwalaan. “Dito’y maaari tayong maging masaya nang hindi nag-aalala na mahihirapan tayong sundin ang ating mga pamantayan,” sabi ni Eszther.

Nakilala ni Eszther ang mga missionary sa kanyang bayang sinilangang Újfehértó at dumalo siya sa libre nilang lingguhang English class. Di-nagtagal ay inanyayahan siya ng mga missionary sa mga aktibidad ng branch. “Sa simula ay dumalo ako sa mga laro gabi-gabi, family home evening, at sayawan,” sabi niya. “Nabinyagan ako tatlong linggo bago ako nag-18 anyos. Ngayoy alam ko nang ako ay anak ng Diyos, at hinding-hindi iiwanang mag-isa ng Ama sa Langit ang Kanyang anak.”

Ang Hungary ay winasak ng digmaan at pang-aapi, ngunit ang mga young single adult ng Simbahan ay puno ng pag-asa.

Mga Aktibidad ng mga Young Adult

Nagpupunta pa rin si Eszther sa mga aktibidad ng mga young adult sa kanyang branch sa Nyíregyháza. Wala pang mga young adult ward o branch sa Hungary, pero “nagsasama-sama pa rin kami,” sabi ni Eszther. “Nakapunta na kami sa mga Flower Festival, sa isang frog festival, at sa zoo.”

Tulad ng ipinropesiya ni Elder Perry, ang mga miyembrong young adult sa Hungary ang nagbibigay ng liwanag sa lahat. ■

Ang autor ay naninirahan sa Utah, USA.

**Sa Hungary, nauuna ang apelyido sa pangalan.*

TUNGKOL PA RIN KAY ESZTHER

Paano makipagdeyt sa Hungary?

Ang mga miyembrong young adult ay lumilikha ng mga pagkakataon para magkakilalanang, ngunit mahirap iyon dahil maaaring nakatira sila sa magkaiibang panig ng bansa.

Gaano kadalas kayo magpunta sa templo?

Isa ako sa pinakamapapalad na miyembro dahil nabibisita ko ang Freiberg Germany Temple minsan sa isang taon.

Mahalaga ba ang edukasyon sa Hungary?

Oo, pero mahirap itong paniwalaan dahil marami namang diploma ang mga magulang ko pero nahirapan pa rin ang pamilya namin. Ngayon ay nakikita ko na ang kabutihang dulot nito, at nagsimula akong magkolehiyo noong Enero 2014.

HUNGARY AYON SA ESTADISTIKA

9,877,365 mamamayan (hanggang 2014)

35,919 square miles (93,030 km²)
ng lupain

Kilala sa maiinit na bukal, ang Hungary ay may 450 pampublikong paliguan 14 na patinig sa wikang Hungarian

ANG SIMBAHAN SA HUNGARY

5,050 mga Banal sa mga Huling Araw
22 mga ward at branch
1 stake (binuo noong 2006)
6 na family history center
1 mission (Budapest)

IMPORMASYON TUNGKOL SA HUNGARY

Kabisera: Budapest

Wika: Hungarian (*Magyar*)



Jesucristo—Ating Prinsipe ng Kapayapaan

*Ang kapayapaan ay mapapasalahat ng taimtim
na naghahanap sa Prinsipe ng Kapayapaan.*



**Ni Elder
Russell M. Nelson**

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

Ang pagtutuo ng pansin sa Panginoon at sa buhay na walang hanggan ay makatutulong sa atin sa mga hamon sa buhay. Kasama ng mga di-perpektong tao sa mundong ito ang iba pang di-perpektong mga tao. Ang ating mundo ay puno ng kasamaan at sinisira ng labis na pangungutang, mga digmaan, mga kalamidad, karamdaman, at kamatayan.

Dumarating ang mga hamon sa bawat isa. Anuman ang sanhi ng pag-aalala, nais ng bawat isa sa atin ng kapayapaan ng kalooban.

Ang mensahe ko sa gabing ito ay tungkol sa tanging pinagmumulan ng tunay at tuma-tagal na kapayapaan, si Jesus ang Cristo—na ating Prinsipe ng Kapayapaan.¹

Sinabi ni Jesus, “Pabayaang ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin: sapagka’t sa mga ganito ang kaharian ng langit.”²

Makapaghahatid Siya ng kapayapaan sa mga taong ang buhay ay winasak ng digmaan. Ang mga pamilyang ginulo ng serbisyo sa militar ay may mga alaala ng digmaan, na naukit sa aking isipan noong Korean War.

Ang mga digmaan sa ating panahon ay mas makabago ngunit pumipinsala pa rin sa mga pamilya. Ang mga nagdurusa ay makababaling sa Panginoon. Hatid Niya ang

nakapapanatag na mensahe ng kapayapaan sa mundo at kabutihan sa mga tao.³

Ang kapayapaan ay maaaring dumating sa mga may dinaramdam. Ang katawan ng ilan ay sugatan. Ang iba naman ay espirituwal na nagdadalamhati dahil sa pangungulila sa mga mahal sa buhay o iba pang kapighatian. Mga kapatid, darating ang kapayapaan sa inyong kaluluwa kapag nanampalataya kayo sa Prinsipe ng Kapayapaan.

“Mayroon bang may karamdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, . . . o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin.”⁴

“Nakikita ko na sapat ang inyong panampalataya upang kayo ay pagalingin ko.”⁵

Ang kapayapaan ay maaaring dumating sa taong nalulungkot. Kung ang kalungkutan ay dulot ng kamalian o kasalanan, ang hinihingi lang ng Panginoon ay taos na pagsisisi. Hinihiling sa atin ng mga banal na kasulatan na “layuan mo ang masasamang pita ng kabinataan: . . . [at tumawag] sa Panginoon mula sa pusong malinis.”⁶ At mapapagaling ng Kanyang “balsamo sa Galaad” maging ang kaluluwang makasalanan.⁷

Isipin ang pagbabago kay John Newton, na isinilang sa London noong 1725. Pinagsisihan niya ang nagawa niyang mga

kasalanan bilang mangangalakal ng alipin at naging pari sa simbahang Anglican. Sa malaking pagbabagong iyon ng puso, isinulat ni John ang mga titik sa himnong “Amazing Grace.”

Kamangha-manghang biyaya! Kaysarap pakinggan Sinagip ang masamang tulad ko.

*Minsan akong naligaw, ngunit ngayo’y natagpuan, Bulag, ngunit ngayo’y nakakakita na.*⁸

“Magkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi.”⁹

Ang kapayapaan ay darating sa mga taong mabibigat ang gawain:

“Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.

“Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

“Sapagka’t malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan.”¹⁰

Darating ang kapayapaan sa mga nahahapis. Sabi ng Panginoon, “Mapapalad ang nangahahapis: sapagkat sila ay aaliwin.”¹¹ Kapag nakayanan natin ang pagpanaw ng isang mahal sa buhay, tayo ay mapupuspos ng kapayapaan ng Panginoon sa pamamagitan ng mga bulong ng Espiritu.

“Yaong namatay sa akin ay hindi matitikman ang kamatayan, sapagkat ito ay magiging matamis para sa kanila.”¹²

“Ang kapayapaan ay iniwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man.”¹³

“Ako ang pagkabuhay na mag-uli, at ang buhay: ang sumasampalataya sa akin, bagama’t siya’y mamatay, gayon ma’y mabubuhay siya:

“At ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailan man.”¹⁴

Ang kapayapaan ay mapapasalahat ng taimtim na naghahanap sa Prinsipe ng Kapayapaan. Sa Kanya ang masaya at nagliligtas



na mensaheng hatid ng ating mga missionary sa buong mundo. Ipinapangaral nila ang ebanghelyo ni Jesucristo na ipinanumbalik Niya sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Itinuturo ng mga missionary ang mga salitang ito ng Panginoon na nagpapabago ng buhay: “Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.”¹⁵

Darating ang kapayapaan sa lahat ng pipiliing lumakad sa landas ng Panginoon. Ang Kanyang paanyaya ay nakasaad sa magiliw na mga salita: “Pumarito ka, sumunod ka sa akin.”¹⁶

Umawit tayo ng papuri sa Prinsipe ng Kapayapaan,¹⁷ sapagkat Siya’y muling darating. Pagkatapos “ang kaluwalhatian ng Panginoon ay ipahahayag, at lahat ng laman ay sama-sama itong makikita.”¹⁸ Bilang Mesiyas ng milenyo, Siya ay mamumuno bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.¹⁹

Sa pagsunod natin kay Jesucristo, aakayin Niya tayo upang makapiling Niya at ng ating Ama sa Langit, kasama ang ating mga pamilya. Sa kabila ng maraming pagsubok sa mortalidad, kung mananatili tayong tapat sa ginawa nating mga tipan, kung magtitiis tayo hanggang wakas, tayo’y magiging marapat sa pinakadakilang kaloob ng Diyos, ang buhay na walang-hanggan.²⁰ Sa Kanyang banal na presensya, ang ating mga pamilya ay maaaring magkasama-sama nang walang hanggan.

Pagpalain kayo ng Diyos, minamahal kong mga kapatid. Nawa matasama ninyo at ng inyong mga mahal sa buhay magpakailanman ang lahat ng pagpapala ng ating Panginoon—na ating Prinsipe ng Kapayapaan. ■

Mula sa mensahe sa Pamaskong Debosyonal noong 2013.

MGA TALA

1. Tingnan sa Isaias 9:6; 2 Nephi 19:6.
2. Mateo 19:14.
3. Tingnan sa Lucas 2:14.
4. 3 Nephi 17:7.
5. 3 Nephi 17:8; tingnan din sa Mateo 13:15; 3 Nephi 18:32; Doktrina at mga Tipan 112:13.
6. 2 Timoteo 2:22; tingnan din sa 3 Nephi 9:13.
7. Tingnan sa Jeremias 8:22; tingnan din sa “Naisip Bang Manalangin?” *Hymns*, blg. 140; “There Is a Balm in Gilead,” *Recreational Songs* (1949), 130.
8. “Amazing Grace,” *Olney Hymns* (1779), blg. 41; tingnan din sa Juan 9:25.
9. Lucas 15:7; tingnan din sa talata 10.
10. Mateo 11:28–30.
11. Mateo 5:4; tingnan din sa 3 Nephi 12:4; Doktrina at mga Tipan 101:14.
12. Doktrina at mga Tipan 42:46.
13. Juan 14:27.
14. Juan 11:25–26.
15. Juan 14:15.
16. Lucas 18:22.
17. Tingnan sa “Tayo’y Magpuri kay Jesus,” *Mga Himno*, blg. 108.
18. Isaias 40:5.
19. Tingnan sa Apocalipsis 19:16.
20. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.



TUWIRANG SAGOT



Bilang **14 anyos**

na teacher, ano ang talagang

maiaambag ko sa

home teaching?

Ayon sa mga banal na kasulatan, ang layunin ng mga home teacher ay “dumalaw sa bahay ng bawat kasapi, hinihikayat silang manalangin nang malakas at nang lihim at isagawa ang lahat ng tungkulin sa pamilya” (D at T 20:51). [Tungkulin] ng mga home teacher na “pangalagaan . . . at makapiling at palakasin” ang mga taong inatas na turuan nila (D at T 20:53). Sila ay “magbababala, magpaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at mag-aanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo” (D at T 20:59).

Ngayon itanong sa iyong sarili, “Kaya ko bang gawin ang mga bagay na iyon?” Ang sagot ay oo. Itanong sa iyong kompanyon kung paano ka makapag-aambag. Matutulungan ka niyang matutong makipag-appointment, magpatotoo, magbigay ng mga aralin, at marami pang iba. Pagkatapos ay makikita mo mismo kung paano mo mapagpapala ang buhay ng mga binibisita ninyo, at magkakaroon ka ng tiwala sa paggamit sa mga kaloob na ibinigay sa iyo ng Diyos para gampanan ito at ang marami pang tungkulin sa priesthood sa buong buhay mo. ■

Bakit kailangan kong patawarin ang isang taong nagdulot sa akin ng hirap at dusa?

Ang utos na patawarin ang lahat ng tao ang nahihirapang sundin ng marami sa atin. Ngunit sinabi ng Panginoon na kailangan natin silang patawarin dahil kung hindi nasa atin ang mas malaking kasalanan (tingnan sa

D at T 64:9–11). Maaaring parang walang-saysay iyan sa atin sa una, ngunit sinikap tayong tulungan ng Panginoon na maging higit na katulad Niya at magkaroon ng mas malaking kagalakan. Kung ibibigay natin sa Kanya ang ating

pasanin at kalilimutan ang galit, hinanakit, at pasakit, magkaroon tayo ng kapayapaan sa buhay na ito at malalaking pagpapala sa kawalang-hanggan. Maaaring gumugol ng panahon, mga luha, pag-aayuno, panalangin, paghingi ng payo sa mga lider ng priesthood, at mga pagbisita sa templo, pero sulit lahat ito.

Gaya ng itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

“Alisin natin ang ating mga hinanakit. Bahagi ng layunin ng mortalidad ang

matutong alisin ang gayong mga bagay. *Iyan ang pamamaraan ng Panginoon.*

“Alalahanin, karaniwan ang pangyayaring ito sa mga naroon sa langit: Sila ay napatawad. At sila ay nagpatawad” (“Ang Mahabagin ay Kahahabagan,” *Liahona*, Mayo 2012, 77). ■

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa pagpapatawad sa iba, tingnan sa Gordon B. Hinckley, “Pagpapatawad,” Liahona, Nob. 2005, 81–84; James E. Faust, “Ang Nagpapagaling na Pangyarihan ng Pagpapatawad,” Liahona, Mayo 2007, 67–69.

**MGA ARALIN SA
ARAW NG LINGGO**

Paksa sa Buwang Ito:
**Mga Ordenansa
at Tipan**

HANDA NANG TANGGAPIN ANG **MELCHIZEDEK PRIESTHOOD?**

“Kaya nga, lahat yaong tumanggap ng pagkasaserdote, ay tumanggap ng sumpa at tipang ito ng aking Ama, na hindi niya masisira, ni matitinag” (D at T 84:40).

Hindi tulad ng Aaronic Priesthood, na tinatanggap nang walang panunumpa, ang Melchizedek Priesthood ay tinatanggap nang may panunumpa na ginawa ng Ama sa Langit at sa isang tipan na ginawa ninyo sa Kanya. Ang sumusunod na mga ideya ay tutulong sa inyo na maunawaan ang mahahalagang parirala sa Doktrina at mga Tipan 84: 33–44, kung saan inihayag ng Panginoon ang sumpa at tipan ng priesthood.

ANO ANG SUMPANG GINAWA NG ATING AMA SA LANGIT?

“Ang pamumuhay nang karapat-dapat sa sumpa at tipan ang naghahatid ng pinakadakilang kaloob ng Diyos: buhay na walang hanggan. Iyan ang isang layunin ng Melchizedek Priesthood. Sa pagtupad ng mga tipan sa pagtanggap natin ng priesthood at sa pagsariwa sa mga ito sa mga seremonya ng templo, pinangakuan tayo ng isang tipang ginawa ng ating Ama sa Langit, si Elohim, na makakakamtan natin ang kabuuan ng Kanyang kaluwalhatian at mamumuhay na tulad Niya.”

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Panampalataya at ang Sumpa at Tipan ng Priesthood,” Liahona, Mayo 2008, 61.

ANO ANG INYONG BAHAGI SA TIPAN?

“Ang tipan ng tao ay ang gagampanan niya ang kanyang tungkulin sa priesthood [tingnan sa D at T 84:33], at na siya ay mabubuhay sa bawat salita na magmumula sa bibig ng Diyos, at susundin niya ang mga utos.”

Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972), “Magnifying Our Callings in the Priesthood,” sa Conference Report, Abr. 1970, 59.

ANO ANG IBIG SABIHIN NG MAGBAGO ANG IYONG KATAWAN?

“Nakita ko ang katuparan ng pangakong iyon sa buhay ko mismo at sa buhay ng iba. Isang kaibigan ko ang naging mission president. Sinabi niya sa akin na pagkatapos ng bawat araw noong naglilingkod pa siya, na hindi pa siya nakakapanhik para matulog sa gabi ay iniisip na niya kung magkakaroon siya ng lakas para harapin ang bukas. At kinaumagahan, nakikita niyang nanunumbalik ang kanyang lakas at tatag ng kalooban. Nakita ninyo ito sa buhay ng matatandang propeta na tila nag-iibayo ang sigla sa tuwing tatayo sila para magpatotoo tungkol sa Panginoong Jesucristo at sa ipinangnumalik na ebanghelyo. Pangako ito sa mga taong sumusulong nang may pananalig sa kanilang paglilingkod sa priesthood.”

Tingnan sa Henry B. Eyring, “Panampalataya at Sumpa at Tipan ng Priesthood,” Liahona, Mayo 2008, 62.

ANO ANG IBIG SABIHIN NG TANGGAPIN ANG PANGINOON?

“Ang mga lalaking kaparat-dapat na tumatanggap ng priesthood ay tumatanggap sa Panginoong Jesucristo, at ang mga tumatanggap sa Panginoon ay tumatanggap sa Diyos Ama. At ang mga tumatanggap sa Ama ay tatanggapin ang lahat ng mayroon Siya. Pambihirang mga pagpapala ang dumadaloy mula sa sumpa at tipang ito sa karapat-dapat na kalalakihan, kababaihan, at mga bata sa buong mundo.”

Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labin-dalawang Apostol, “Mga Tipan,” Liahona, Nob. 2011, 88.



MATATANGGAP RIN BA NG MGA DALAGITA ANG MGA PAGPAPALANG ITO?


“Ang mga pagpapala ng priesthood ay hindi lamang para sa kalalakihan. Ang mga pagpapalang ito ay ipinagkakaloob din sa ating asawa at mga anak na babae at sa lahat ng matatapat na kababaihan ng Simbahan. Maaaring ihanda ng mabubuting kababaihang ito ang kanilang sarili, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan at paglilingkod sa Simbahan, para sa mga pagpapala ng sambahayan ng Panginoon. Ibinibigay ng Panginoon sa kanyang mga anak na babae ang bawat espirituwal na kaloob at pagpapalang maaaring matamo ng kanyang mga anak na lalaki.”

Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972), “Magnifying Our Callings in the Priesthood,” sa Conference Report, Abr. 1970, 59.

Scripture Chain: Pagtanggap sa Panginoon

Ang pagtanggap sa priesthood ay isang paraan ng pagtanggap sa Panginoon. Basahin ang mga talatang ito para malaman ang dalawa pa: Juan 13:20 at Doktrina at mga Tipan 112:20.

PAGTANGGAP NG LAHAT NG MAYROON ANG AMA: MAKABAGONG TALINGHAGA



May isang binata na naghahan-dang magmisyon. Pumayag ang kanyang mga magulang na sila ang gagastos para sa kanyang misyon basta tuparin niya ang mga patakaran ng mission at magsikap na mabuti. Pumayag siya.

Nang makapasok na sa mission field, napag-alaman niya na ang gawaing misyonero pala ay mas mahirap kaysa inakala niya. Ang pag-aaral ng bagong wika, pag-kikibagay sa ibang kultura, at pagharap sa pagtangga ng mga tao ay nagpahina sa loob niya. Sinikap siyang hikayatin ng kanyang kompanyon at mission president, ngunit parang gusto pa rin niyang sumuko na.

Sinabi niya sa kanyang mission president na gusto na niyang umuwi. Tinawagan ng mission president ang ama ng binata at pinayagan siyang tawagan ang kanyang anak.

Sinabi ng missionary sa kanyang ama na pinaghihinaan na siya ng loob. Sabi ng kanyang ama, “Maraming taon naming inasam ng iyong ina ang araw na maglilingkod ka sa full-time mission. Alam namin kung gaano kahalagang ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa mga taong wala pa nito.”

Sumagot ang anak, “Itay, hindi ko po naisip na napakahalaga sa inyo ng mission.”

“Ito ang lahat sa akin,” sabi

ng ama. “Buong buhay akong nagtrabaho, itinayo ko ang aking negosyo, at nag-ipon at isang tao lang ang nasa isip ko: ikaw. Gusto ko sanang bigyan ka ng malaking mana.”

“Pero, Itay,” sagot ng anak, “hindi naman po nagbago ang katotohanan na hindi ako nasisiyahan sa . . .”

Sumagot agad ang ama, “Paano ko maipagkakatiwala sa iyo ang aking negosyo kung hindi mo mapapatunayan ang sarili mo sa pamamagitan ng paglilingkod sa Panginoon sa loob ng dalawang maiikling taon?”

May sandaling katahimikan habang pinag-iisipan ng anak ang tanong ng ama.

Pagkatapos ay sinabi ng ama, “Anak ko, kung magiging tapat ka sa tungkuling ito at patutunayan mong karapat-dapat ka, lahat ng pag-aari ko ay mapapasaiyo.”

Naantig sa pangakong ito, buong lakas-ng-loob na sinabi ng anak sa kanyang ama, “Tatapusin ko po ang misyon ko.”


Nanatili ang anak sa misyon, at matapat siyang naglingkod. Sinunod niya ang mga patakaran ng mission at nagsikap nang husto. At oo, nang matapos ang kanyang misyon, natanggap niya mula sa kanyang ama ang ipinangakong mana, maging lahat ng maaaring ibigay ng kanyang ama.

Mula kay Elder Carlos E. Asay (1926–1999) ng Pitumpu, “The Oath and Covenant of the Priesthood,” Ensign, Nob. 1985, 45.

MGA PAGPAPALANG NATATANGGAP KO SA PAMAMAGITAN NG PRIESTHOOD

Kung mamumuhay ako nang matwid bilang anak ng Diyos, matatanggap ko ang maraming pagpapala sa pamamagitan ng Kanyang priesthood. Maaari akong maging miyembro ng Simbahan ni Jesucristo, na ipinanumbalik sa pamamagitan ng priesthood. Maaari akong makibahagi ng sakramento na binasbasan ng kapangyarihan ng priesthood ni Jesucristo para sariwain ang aking mga tipan at tulungan ako na mas lubos na magsisi. Tumanggap ako ng personal na patnubay mula sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng mga basbas ng priesthood. Maaari akong i-set apart sa ilalim ng patnubay ng isang taong mayhawak ng mga susi ng priesthood at bigyan ng awtoridad na kumilos sa mga tungkulin. Magagamit ko ang awtoridad na iyan para pagpalain ang buhay ng iba. Maaari akong gumawa ng marami pang tipan sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood na matatagpuan sa mga templo. Maaari akong makasal sa isang karapat-dapat na maytaglay ng priesthood sa loob ng templo, at magkasama naming aakayin ang aming pamilya sa kabutihan. Kasama ang aking walang hanggang pamilya, maaari kong matanggap ang lahat ng mayroon ang aking Ama sa Langit (tingnan sa D at T 84:38).

Melissa Hart, Utah, USA



SUMALI SA USAPAN

Mga Bagay na Pag-iisipan sa Araw ng Linggo

- Sa palagay ninyo paano kayo inihahanda ng pagtupad ng inyong mga tipan sa pagtanggap ng lahat ng mayroon ang Ama?
- Ano sa palagay ninyo ang kaibhan ng “pagtatamo” ng priesthood (D at T 84:33) at ng “pagtanggap” ng priesthood (tingnan sa talata 35)?
- Paano kayo matutulungan ng mga turo sa Doktrina at mga Tipan 98:11–12 na “mabuhay sa bawat salita ... ng Diyos” (D at T 84:44)?

Mga Bagay na Maaari Ninyong Gawin

- Hangaring maging karapat-dapat sa Espiritu Santo. Tutulungan ka ng inspirasyon na mas maunawaan ang doktrina ng priesthood.
- Isaulo ang sumpa at tipan ng priesthood, na matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 84:33–44.
- Mapanalanging pag-aralan ang karagdagang mga banal na kasulatan tungkol sa priesthood, tulad ng Alma 13 at Doktrina at mga Tipan 13; 20; 107; 121.



**Ni Elder
Kent F. Richards**
Ng Pitumpu at
Executive Director
ng Temple
Department

PAGHAHANDA SA PAGPASOK SA BAHAY NG PANGINOON

*Ngumiti kapag iniisip ninyo ang templo.
Ito ay lugar ng kapangyarihan at pagpapala.*

Sa isang temple open house, napansin ko ang ilang batang babae na nakasunod sa kani-lang mga magulang sa pagpasok sa templo. Ngumiti sila nang makita nila ang sarili nila sa salamin sa silid ng mga babaeng ikinakasal. “Tandaan,” bulong ng lola nila, “kung gaano kayo kaespesyal at kung gaano kayo kama-hal ng Ama sa Langit.” Inisip ng bawat babae ang panahon na babalik siya sa templo bilang babae ng pananampala-taya, na dalaga na at may kakayahan, handang gampanan ang kanyang misyon sa lupa. Nasulyapan din ng mga batang lalaki na dumalo sa open house ang kanilang magiging mga pagpapala at responsibilidad.

Tama ang nadama ng mga batang ito sa loob ng templo. Nais ng Ama sa langit na pagpalain kayo. Ang Kanyang pinakamalalaking pagpapala ay darating sa pagpasok ninyo sa templo para tanggapin ang sagradong mga ordenansa at para gawin at tuparin ang mga sagradong tipan. Responsibilidad ninyo ang maghanda at maging handa.

Ang templo ay mahalaga sa inyong buhay, lalo na habang bata pa kayo: “Kailangan ng batang lalaki ang kanyang lugar sa temple nang higit kaysa sa kanyang ama at kanyang lolo, na

naging matatag dahil sa buhay na puno ng karanasan; at kailangan ng batang babaeng nagsisimula pa lang sa buhay ang espiritu, impluwensya at patnubay na nagmumula sa partisi-pasyon sa mga ordenansa sa loob ng templo.”¹ Simulan ngayon na ihanda ang inyong puso at isipan para lubos ninyong *matanggap* at *maunawaan* ang mga pagpapalang ito (tingnan sa Mateo 13:23; Marcos 4:20).

Pagtanggap sa Kabuuan ng Ebanghelyo

Kung ihahanda ninyo ang inyong sarili sa pagpasok sa templo, kayo ay magiging “*handang* tumanggap ng kabuuan ng [Kanyang] ebanghelyo” sa loob ng templo (D at T 35:12; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ang templo ay isang lugar ng kapangyarihan at pagpapala. Inutusan ng Panginoon si Propetang Joseph Smith at ang naunang mga Banal na magtipon sa Kirtland, Ohio, USA, kung saan kalaunan ay magtatayo sila ng templo. “Doon ikaw ay *pagkakalooban ng kapangyarihan* mula sa kaitaasan” (D at T 38:32; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sa isang temple open house kama-kailan, tinipon ng isang Apostol ang kanyang pamilya sa paligid ng banal

na altar sa sealing room. Itinuro niya sa kanila na lahat ng ginagawa natin sa Simbahan—mga klase, aktibidad, programa, at miting—ay naghahanda sa atin sa paglapit sa altar ng templo upang tumanggap ng ordenansa ng pagbubuklod. Ang templo ay kumakatawan sa pinakadiwa ng plano ng inyong Ama sa Langit para sa inyong walang hanggang kaligayahan at pag-unlad.

Paghahandang Makipagtipan sa Diyos

Ang iyong paghahanda sa pagpasok sa templo at pakikipagtipan ay hindi biglaang nangyayari. Nagsimula ito sa iyong binyag at sa nagpapatibay na kaloob na Espiritu Santo at pagkatapos ay lumalago sa panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, pag-sunod, at paglilingkod. Nag-aanyaya ito ng kalinisan linggu-linggo sa paglahok mo sa sakramento. Nangyayari ito habang natututo kang humingi ng tawad sa pamamagitan ng pagsisisi, sa pagsunod mo sa mga pamantayan, at kapag karapat-dapat kang humawak ng limited-use temple recommend. Tutulungan ka ng mga programa para sa kabataan, ngunit ang iyong paghahanda ay personal; dinaragdagan



MAHAHALAGANG PUNTO

- Sa templo natatanggap mo ang mga ordenang kailangan sa iyong kaligtasan.
- Dapat kang pumasok sa templo na malinis at dalisay, malaya sa anumang hindi napatawad na kasalanan.
- Tulad ng nakasaad sa mga banal na kasulatan, marami sa mga turo at ordenansa sa templo ay may isinisimbolo, kaya marami ka pang natutuhan tuwing bumabalik ka sa templo.

mo ang *iyong* pagkamarapat, *iyong* patotoo, *iyong* pagbabalik-loob. Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay angkop sa iyo.

Habang nadaragdagan ang antas ng iyong espirituwalidad, hahangarin mong maghanda para sa templo at makapasok dito. Doon mo matatanggap ang mga ordenansa at gagawa ka ng mga tipan, mga hakbang na kailangan para mapalapit sa iyong Ama sa Langit. Ang mga ordenansa sa templo ang “pinakadakilang . . . mga ordenansa na inihayag sa sangkatauhan.”²

Sa pagtanggap mo ng mga ordenansa sa templo, minsan ka lang gagawa ng mga sagradong tipan sa iyong Ama para sa iyong sarili, at pagkatapos ay sisikapin mong sundin ito habambuhay. Tuwing papasok ka sa templo, maaari mong madama ang Kanyang Espiritu at tumanggap ng karagdang paghahayag at pag-unawa habang naglalaan ng kailangang mga ordenansa para sa iba. Mauunawaan mo at tatanggap ka ng katiyakan tungkol sa walang-hanggang pag-iral mo at sa walang hanggang kapangyarihan ng iyong mga tipan. Kung hindi tayo mga walang-hanggang nilalang, ang templo ay walang kabuluhan. Pumapasok ka sa templo at gumagawa ng mga tipan *dahil* ikaw ay iiral sa kawalang-hanggan at gusto mong makasama ang iyong Ama sa Langit at ang iyong pamilya sa “walang katapusang kaligayahan” (Mosias 2:41). Ang katiyakang ito ay lumalago sa sarili mong kaluluwa at pinagtibay ng Espiritu santo.

Pagiging Karapat-dapat

Ang papel na ginagampanan ng Espiritu Santo ay tunay. Siya ang nagtuturo sa iyo, nagpapadalisa sa iyo, at nagpapahiwatig ng pagmamahal ng Ama (tingnan sa Mga Taga Roma 5:5).



Ang Banal na Espiritu ng Pangako ang nagpapatibay na kapangyarihan ng Espiritu Santo, na nagbibigay-bisa sa bawat tipan magpasawalang-hanggan.

Para matanggap ang Espiritu, dapat kang pumasok sa templo na malinis at dalisay, malaya sa anumang hindi napatawad na kasalanan. Kung ang kalaban ay magtatagumpay sa anumang paraan para daigin ka, ito ay para hadlangan ka sa pagpasok sa templo o para akitin ka na magpunta roon nang hindi karapat-dapat.

Dahil dito, aanyayahan ka na personal na mainterbyu ng iyong bishop o branch president, para malaman kung karapat-dapat ka at handang tumanggap ng recommend para makapasok sa templo. Maging tapat at magtiwala na tutulungan ka niya. Sa katunayan, ikaw ang nagpapasiya tungkol sa katayuan mo sa harap ng Panginoon (tingnan sa D at T 109:24). Ikaw ang unang lalagda sa sarili mong recommend. Sumasaksi ka sa harap ng Panginoon na ikaw ay karapat-dapat.³


Ang pagiging karapat-dapat ay hindi nangangahulugang perpekto ka na. Ibig sabihin nito matuwid ang puso mo, na ipinamumuhay mo ang mga kautusan, at nais mong maging mas mabuti bawat araw.

Pagkatuto mula sa mga Simbolo

Sa loob ng templo, tulad sa mga banal na kasulatan, ang Panginoon ay nagtuturo gamit ang mga simbolo. Marami kang makikitang mga simbolo sa mga banal na kasulatan, tulad ng bato, binhi, bunga, punungkahoy ng buhay, at tinapay at tubig ng sakramento (tingnan, halimbawa sa, 1 Nephi 11; Alma 32; Helaman 5:12). Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog ay simbolo ng bagong buhay, muling pagsilang, at kalinisan (tingnan sa Mga Taga Roma 6:3–5). Sa loob ng templo lahat tayo ay nagsusuot ng puti, na sagisag ng kadalisan, kabanalan, liwanag, at pagkakapantay-pantay.

Ang ilang simbolo sa templo ay kapwa pisikal at espirituwal. Halimbawa, ang pagsusuot ng garment ay pisikal na paalala araw-araw tungkol sa mga tipan sa templo at mga ipinangakong pagpapala. Kung pagpipitaganan at igagalang, ang garment ay magpoprotekta sa atin laban sa mga tukso at masasamang impluwensya.

Bawat isa sa mga ordenansa sa templo ay may isinasagisag. “Sa isang sagradong seremonya, ang isang tao ay maaaring hugasan at pahiran ng langis,”⁴ katulad ng mga hari at saserdote ng sinaunang Israel na inihahanda sa pagluklok sa kanilang posisyon (tingnan sa I Samuel 10:1; 16:13). Ang tagubilin at mga tipan sa endowment ay nagpapahiwatig na ang tao ay binibihisan o pinagkakalooban ng dagdag na kapangyarihan at mga pangako mula sa Diyos (tingnan sa Lucas 24:49). Marahil ang pinakamagandang simbolo ay ang ordenansa ng pagbubuklod, kung saan ang mag-asawa ay pinagkakaisa sa isang matibay na bigkis na maaaring magtagal hanggang sa buong kawalang-hanggan.



Marangal ang mga pangako sa loob ng templo. Ang mga ito ang “[kinasihan]” at “mga dakilang pagpapala” (3 Nephi 10:18) na inilaan ng ating Ama para sa iyo mismo. Kaya ngumiti kapag iniisip mo ang templo.

Anuman ang edad mo, gawin ang lahat ng kailangan para maging handa sa pagtanggap ng mga pinakadakilang pagpapalang ibinibigay sa iyo ng inyong Ama sa Langit. Magtiwala sa nadama mo noong bata ka pa at kinakanta ang, “Templo’y ibig makita, Doon ay pupunta. Habang bata pa’y maghahanda, Tungkulin kong sagrado.”⁵ Maaaring totoo ito para sa iyo. ■

MGA TALA

1. John A. Widtsoe, “Temple Worship,” *Utah Genealogical and Historical Magazine*, Abr. 1921, 91–92.
2. *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo* (buklet, 2002), 1.
3. Tingnan sa Josue 24:22, 27: “Kayo’y mga saksi laban sa inyong sarili na inyong pinili sa inyo ang Panginoon, upang paglingkuran siya. At sinabi nila, kami ay mga saksi.” Pagkatapos ay kumuha ng isang malaking bato si Josue at inilagay ito sa ilalim ng encina (oak), sinasabing, “Ang batong ito [tulad ng ating sariling temple recommend] ay magiging saksi sa atin; sapagka’t narinig nito ang lahat ng mga sinalita.”
4. *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo* 1.
5. “Templo’y Ibig Makita,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 99.

BAKIT TAYO NAGTATAYO NG MGA TEMPLO?

“Kailangan nating maunawaan kung bakit tayo nagtatayo ng mga templo, at kung bakit hinihingin sa atin na isagawa ang ordenansa. Sa gayon patuloy tayong tinuturuan at naliliwanagan sa mga bagay na may espirituwal na kahalagahan. Dumarating ito nang taludtod sa taludtod, alituntunin sa alituntunin, hanggang magtamo tayo ng kaganapan ng liwanag at kaalaman. Ito ay nagiging malaking pananggalang sa atin—sa bawat isa sa atin nang personal...”

“...Walang ibang gawaing higit na makapipino sa espiritu. Walang ibang gawaing nagbibigay sa atin ng higit na kapangyarihan. Walang ibang gawaing nangangailangan ng mas mataas na pamantayan ng kabutihan.

“Ang ating mga ginagawa sa templo ay nagbabalot sa atin ng isang kalasag at isang pananggalang...”

“...Kung makikipagtipan tayo nang walang pasubali o pagdadahilan, pangangalagaan tayo ng Panginoon. Tatanggap tayo ng inspirasyong sapat para sa mga hamon ng buhay...”

“Kaya halina sa templo—halina at angkinin ang inyong mga pagpapala.”

Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo (buklet, 2002), 40–41.



Paghahanap ng Paraan na **MAGPATAWAD**

Ni Bonnie Brown

Mahaharap tayong lahat sa panahon na masasaktan tayo ng isang tao. Kung minsan parang imposibleng kalimutan ang sakit na dulot nito. Ngunit kahit na napakalaki ng nagawang kasalanan, tinuruan tayo ng Taga-pagligtas na patawarin ang lahat ng tao. Maaaring mahirap magpatawad, ngunit sa paggawa ng mga bagay na naglalapit sa atin kay Cristo, makakamit natin ang kapayapaang hatid ng pagpapatawad. Sa ibaba ay ibinahagi ng dalawang kabataang babae ang kanilang mga karanasan sa pagpapatawad sa iba.

Pagpapatawad sa Isang Kaibigan

Nang lumipat si Renee* sa isang bagong paaralan sa Belgium, masaya siyang nakipagkaibigan. Pagkatapos ay may ginawa ang isang kaibigan na nagpahirap sa mga bagay-bagay. Paliwanag ni Renee:

“Ang kaibigan kong si Nora ay lumikha ng Facebook account gamit ang pangalan ng isa pang kaibigan, si Kate. Sinimulan niyang mang-harrass ng mga tao gamit ang profile na iyon, at pinagbintangan si Kate ng lahat na siya ang may gawa niyon. Ginawa pa akong katatawanan ni Nora sa paaralan, binatikos ang aking relihiyon

at ang aking pagkatao. Sinikap kong iwasan ang mga pag-atake ng ito pero hindi ko magawa, kaya nagsimula akong makibarkada sa ibang tao.

“Nang aminin ni Nora ang tungkol sa pekeng profile nagalit ang lahat sa kanya. Ibinigay sa akin ni Nora ang liham ng paghingi ng tawad, pero parang hindi ko siya kayang patawarin. Galit na galit ako.

“Isang araw binabasa ko ang mga banal na kasulatan, at nabasa ko sa Doktrina at mga Tipan 64:9–10: ‘Dahil dito, sinasabi ko sa inyo, na narapat ninyong patawarin ang isa’t isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad

sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan. Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao.'

"Agad kong naisip si Nora. Alam kong hindi tama na makadama ako ng sobrang galit. Nagdasal ako at hiniling sa Ama sa Langit na tulungan Niya akong patawarin siya. Hindi iyon madali, ngunit nagawa ko pa rin iyon. Sinimulan ko sa pagpapadala sa kanya ng mga mensahe na nangungumusta kung ano ang nangyari sa kanya sa maghapon, at paminsan-minsan kaming nag-uusap sa tanghalian. Nalaman ko na namatay ang ama ni Nora apat na taon na ang nakararaan. Nahirapan siya sa buhay, at naisip niya na ayaw ng mga tao sa kanya. Natuwa ako na hindi ako nanatiling galit sa kanya. Hindi maunawaan ni Kate at ng iba pa kung paano ko napatawad si Nora, pero alam kong tama ang ginawa ko, at alam ko na ipinagmamalaki ako ng Ama sa Langit dahil sa ginawa ko."

Natutuhan ni Renee na inuutusan tayo ng Diyos na patawarin ang lahat. Sa pagsunod sa kautusang iyon, nagkaroon siya ng habag at naunawaan niya si Nora at nagawa niyang lubos na magpatawad.

Pagkakaroon ng Kapayapaan sa Pagkamatay ng Kapatid Ko

Nang mamatay ang kapatid ni Janet sa isang aksidente na sanhi ng lasing na tinedyer at ng mga pasahero nito, alam niyang kailangan niyang kalimutan ang pait na nadarama niya, pero hindi niya alam kung paano.

"Mahirap sabihin kung ano ang pinakamasakit sa akin—ang galit ko

sa mga tinedyer na ito na hindi nag-iisip o ang taos-pusong pananabik na bumalik ang kapatid ko. Hindi ko maubos maisip ang malaking kahungkagan sa buhay ko. Naaalala kong taimtim akong nagdasal sa loob ng maraming oras. Ang gusto ko lang ay magbalik si Nathan.

"Nakadama ako ng awa sa mga batang naging sanhi ng pagkamatay ni Nathan dahil alam ko na binabagabag sila ng kanilang konsiyensya. Ngunit nadama ko rin ang galit at poot. Madaling ibato sa kanila ang sisi. Sinabi ko sa aking isipan na pinatawad ko na ang mga binatang ito, ngunit puno pa rin ng galit ang isipan ko kapag naiisip ko ang aksidente. Madalas kong itanong sa sarili ko, 'Paano ko tunay na mapapatawad ang mga binatang ito, at paano ko malalaman na napatawad ko na sila?'

"Matapos ang daan-daang mga panalangin, taimtim na pag-aayuno, at maraming pag-aaral at pag-iisip ay doon ko lang nadama na talagang napatawad ko na sila. Naaalala ko na isang araw ay nagnilay-nilay ako. Naisip ko, 'Pinatatawad ko na sila. Paano ko silang hindi patatawarin? Lahat ay nagkakamali, at sino ako para humatol? Hinding-hindi ko malulutas ang anumang bagay kung palagi ko itong iisipin, kaya hahayaan ko na.' Napakaganda ng damdaming iyon! Palagi kong inaasam noon na malaman na tunay ko nang pinatawad ang mga binata, at dumating din ang oras na iyon. Hindi ko na mababago pa ang nangyari kay Nathan, pero maaari kong piliing tumugon nang may pagpapatawad at pagmamahal sa halip na magalit."

Nalaman ni Janet na kailangan ng panahon at pagsisikap para tunay na makapagpatawad. Sinabi ng Tagapagligtas, "Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo" (D at T 88:63). Lumapit

si Janet sa Panginoon sa pag-aayuno, panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at iba pang mga gawain. Kapag ginawa din natin ito, maaari nating hayaan ang ating galit at hinanakit na mapalitan ng damdamin ng kapayapaan at pagpapatawad.

Puno ng Pagmamahal

Tulad nina Janet at Renee, ang pagpapatawad ay tumutulong sa atin na makadama ng pagkahabag, pang-unawa, at pagtitiis. Kapag pinatawad natin ang iba, pupunuin tayo ng Panginoon ng Kanyang dalisay na pagmamahal at tayo ay magiging higit na katulad Niya. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.


** Pinalitan ang mga pangalan.*



DALISAY NA PAG-IBIG

"Mapapawi ng dalisay na pag-ibig ni Cristo ang hinanakit at pagkamuhi, na nagtutulot sa atin na ituring ang iba tulad ng pagturing sa atin ng ating Ama sa Langit: na mga mortal na may kahinaan at hindi perpekto ngunit may potensyal na higit pa sa inaakala natin. Dahil mahal na mahal tayo ng Diyos, dapat din nating mahalin at patawarin ang isa't isa."

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang Mahabagin ay Kahahabagan," *Liahona*, Mayo 2012, 76.



LIWANAG AY IBAHAGI

Ang isang ngiti ay maghahatid ng
kabutihan sa mundo. Bigyang-sigla
ang araw ng isang tao.

(Tingnan sa Mateo 5:14-16.)

MUSIKA

sa Aking Buhay

Tumigil ako sa pagtugtog ng piano dahil sa takot na magkamali. Ngayon ay may pagkakataon akong labanan ang takot ko.

Ni Sabrina de Sousa Teixeira

Bata pa ako ay pangarap ko nang tumugtog ng piyano. Nang ako ay 12 anyos, isang minamahal na miyembro ng Simbahan ang nagturo sa aking tumugtog. Kalaunan nakatanggap ako ng keyboard bilang regalo mula sa itay ko. Gayunman, unti-unting nawala ang kasabikan kong tumugtog dahil kinakabahan ako kapag tumutugtog ako sa sacrament meeting. Marami akong mali, nahihiya, at ayaw ko nang tumugtog ng piyano. Sinabi ko sa sarili ko na susubukan ko itong muli kapag nakapagpraktis ako nang husto at halos perpekto ang pagtugtog ko. Ngunit pinanghinaan ako ng loob at sa huli ay ibinenta ko ang keyboard ko at itinago ang talentong ito.

Makalipas ang maraming taon, may isang Linggo na walang taga-saliw. Ang sister na tumutugtog ng piyano sa aming ward ay lumipat. Nang makita ko ang mga miyembro na kumakanta nang walang saliw ng piyano o organo, nadama kong hinikayat ako ng Espiritu na kausapin ang bishop. Sabi ko, “Ayos lang po ba kung tutugtog ako?” Pumayag siya.

Matapos ang maraming taon ng pag-iwas sa piyano, nadaig ko ang


takot ko na magkamali. Nagulat ako na parang hindi naman ako tumigil sa pagtugtog ng piyano. Nagkamali ako sa ilang nota pero hindi naman marami. Ang karanasang iyon ay nagbigay sa akin ng lakas na imungkahi sa bishop ko na ako na ang tutugtog tuwing Linggo.

Nagpapraktis ako linggu-linggo, at muling napamahal sa akin ang piyano. Tuwing nagpapraktis ako, damangdama ko ang Espiritu sa aking tahanan. Kung minsan kapag tumutugtog ako, sumasabay sa pagkanta ang mga kapamilya ko na gumagawa ng gawaing-bahay. Nagkakaisa kami, sa pagkanta ng iisang himno.

Maraming miyembro ng ward ang nakapansin sa progreso ko at binati ako. Nagpapasalamat ako na nakakapag-ambag ako sa espirituwalidad ng mga pulong ng aming ward at nagpapasalamat na nabalikan ko ang isang talentong iniwan ko.

Natutuhan kong pahalagahan ang musika ng piyano; kagila-gilalas ang kahinahunang hatid nito. Umaasa ako na sa langit ay maririnig natin ang ganitong estilo ng musika, at malay ninyo, baka naroon ako at tumutugtog sa mga selestiyal na koro! ■

Ang awtor ay naninirahan sa Brazil.





Ni Elder
Juan A. Uceda
Ng Pitumpu


Nakipag-usap Ako sa Diyos Bilang Isang Kaibigan

“Manalangin, naririnig Niya” (Aklat ng mga Awit Pambata, 6).

Noong bata pa ako, napakamahiya ko, at nahirapan akong makipagkaibigan. Palagi akong nagdarasal sa Diyos na mapaglabanan ko ang takot ko at pagkamahiya ko. Nagdasal ako sa Kanya bilang isang kaibigan. Walang nagturo sa akin kung paano gawin ito—kailangan ko lang talaga ng makakausap. Wala akong mga kaibigan, kaya Siya ang naging kaibigan ko sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa Kanya.

Pagkatapos ay nakilala ko ang mga missionary. Binigyan nila ako ng Aklat ni Mormon, at sinimulan kong basahin ito. Nang basahin ko ang 3 Nephi 17, talagang humanga ako sa pagkalong ni Jesus sa maliliit na bata at ipinagdasal sila. Alam ko na ito ang tamang paraan ng pagdarasal.

Ipinasiya kong basahin ang lahat ng banal na kasulatan tungkol kay Jesucristo na nagdarasal. Sa Lucas 3:21, matapos Siyang binyagan ni Juan, nanalangin si Jesus sa Ama sa Langit at ang kalangitan





ay nabuksan. Nang mabasa ko iyon, alam ko na gusto kong manalangin sa paraan na mabubuksan din ang kalangitan.

Kung minsan napapagod ako at parang ayaw kong magdasal. Pero pagkatapos niyon naaalala ko kung paano nanalangin si Jesus. Sinisikap kong maging tapat at totoo sa aking panalangin para ang kalangitan ay mabuksan din para sa akin.

Kung minsan ay maiikli ang mga panalangin ko dahil hindi ko mabigkas sa mga salita ang nadarama ko. Ang dami ko lang nadarama sa loob ko, at sinasabi ko, “Alam po Ninyo ang gusto kong sabihin. Tulungan po Ninyo ako.”

Kung minsan kapag nagdarasal ako para basbasan ang pagkain, naaalala ko na kahit sa maliit na panalangin iyon, ang kalangitan ay mabubuksan. Sinisikap ko nang kalimutan ang mundo at makipag-ugnayan sa Ama sa Langit. At sa

lubos na mapagpakumbabang paraan, sinasabi ko sa mga bagay na nagmumula sa puso ko.

Kapag nakadarama ako ng kapayapaan at kapanatagan, alam ko na ang kalangitan ay nakabukas para sa akin.

Matapos ituro ng mga missionary sa pamilya ko ang tungkol sa ebanghelyo, ako, ang nanay ko at kapatid kong babae ay nabinyagan. Ngunit ang aking ama, kapatid na lalaki, at ate ko ay hindi sumapi sa Simbahan. Gusto ko talagang maging miyembro ng Simbahan ang tatay ko. Nag-ayuno ako, at araw-araw akong nagdasal na tanggapin ng tatay ko ang ebanghelyo at magpabinyag.

Alam ko na kailangan kong magdasal para sa aking ama, ngunit

alam ko rin na kailangan kong hintayin ang sagot ng Diyos. Kung minsan sinasabi Niyang, “Hindi, hindi pa.” Kalaunan nakinig at nakaunawa ang tatay ko, at nabinyagan siya.

Kung ang iyong ina o ama ay hindi pa miyembro ng Simbahan, kausapin ang iyong kaibigan—ang iyong Ama sa Langit. Hilingin sa Kanya na antigin puso ng iyong ina o ama. Kausapin Siya nang buong pagpapakumbaba at katapatan, sa taos-pusong paraan. Pero relaks ka lang. Siya ang bahala. Alam niya kung paano gawin ang mga bagay-bagay. Kilala Niya ang tatay at nanay mo nang higit kaysa pagkakakilala mo. Alam Niya kung paano sila tutulungan.

Huwag mag-alala. May kaibigan ka. Manalangin sa iyong puso, at pakikilingan ka ng Ama sa Langit. Ang kalangitan ay mabubuksan. Kilala ka Niya at pagpapalain ka Niya. ■

ANO ANG MAGAGAWA MO?

Ano ang mangyayari kung may isa sa inyong pamilya na hindi miyembro ng Simbahan? O paano kung hindi nabuklod sa templo ang inyong pamilya? Narito ang limang bagay na ginawa ni Elder Uceda na magagawa mo rin:


1. Makipag-usap sa Ama sa Langit sa panalangin. Kaibigan mo Siya.
2. Ipagdasal ang iyong pamilya.
3. Magtiwala sa Ama sa Langit Kilala Niya ang inyong pamilya, at alam Niya kung paano sila tutulungan.
4. Magrelaks at huwag mag-alala. Ang Ama sa Langit ang bahala.
5. Dapat mong malaman na kilala ka ng Ama sa Langit at pagpapalain ka Niya.

Naganap ang kuwentong ito noong Mayo 1889.

Nakisukob si Anna Matilda Anderson sa kanyang ina at kapatid na si Ida sa itim na payong. Sa sulok ng kanyang mga mata, nakita niyang papalapit ang tren. Sabik na sabik siya. Dadalhin siya ng tren na ito mula sa Sweden at sisimulan niya ang kanyang paglalakbay papuntang Amerika.

“Magpakabait kayo at makinig kayo kay Elder Carlson,” bulong ng ina ni Anna sa wikang Swedish. Niyakap niya ang mga bata. Si Elder Carlson ay isang misyonaryo na tatlong taon nang naglilingkod sa Sweden, mula nang walong taong gulang si Anna. Panahon na para bumalik sa kanyang pamilya sa Idaho, sa Estados Unidos.

Nang magpasiya si Mamma na ipadala sina Anna at Ida sa Amerika para takasan ang pang-uusig sa Sweden, nag-alok si Elder Carlson na siya ang magbabantay sa kanila. Ngayon nakatayo na siya sa tabi ng tren. Pinalapit niya ang dalawang batang babae na sumama sa kanya. Niyakap nang mahigpit ni Ida ang kanyang ina at naglakad na, ngunit naiwan si Anna.



“Mahal ko po kayo,” sabi ni Anna. “Mami-miss ko po kayo.”

“Mami-miss din kita. Makinig kang mabuti. Kung mapupunta ka sa isang lugar kung saan hindi mo maunawaan ang sinasabi ng mga tao, huwag kalimutang manalangin sa inyong Ama sa Langit dahil mauunawaan *Niya* kayo.”

Habang iniisip pa rin ang mga salita ng kanyang ina, sumakay na si Anna sa tren at tumabi kina Ida at Elder Carlson. Sabik siya sa unang pagsakay niya sa tren, pero ngayon gusto niyang minsan pang masyupapan ang kanyang ina. Mas-yadong mataas ang tren para makita niya ang mukha ng mga tao, pero ngumiti siya nang makita niyang itinaas ng kanyang ina ang itim na payong sa gitna ng mga tao. Ipinaalala nito sa kanya na nakamasid si Mamma.

Sa napakalaking buga ng usok, umandar na ang tren. Noong una mabagal ang takbo nito kaya nakasabay sa pagtakbo ang kanyang Mamma. Kumaway ang itim na payong kay Anna. Ngunit hindi nagtagal ay hindi na matanaw ang itim na payong. Sumandal si Anna sa bintana at inisip kung ano ang naghihintay sa kanila.

Ang Paglalakbay ni Anna

Ni Jessica Larsen

Batay sa tunay na buhay



Makalipas ang ilang linggo, muling sumandal si Anna sa bintana ng isa pang tren. Ito ang maghahatid sa kanya sa Salt Lake City, Utah. “Iba ang hitsura ng Amerika sa Sweden, *ja?*” sabi niya kay Ida.

“*Ja*,” pabulong na sagot ni Ida sa wikang Swedish. “Pero sa Amerika na tayo titira, at kung magsisipag tayo sa pagtatrabaho, madadala din natin si Mamma dito.”

Hindi sapat ang pera para makabili si Mamma ng kanyang tiket. May isang pamilya sa Ogden, Utah, na nagbayad ng pamasaha ni Ida papuntang Amerika. Titira si Ida sa kanila sa kanilang bukirin at magtatrabaho para mabayaran sila. Ngunit si Anna ay titira sa kanyang tita sa Salt Lake City. Nagpunta ang tiya ni Anna sa Utah ilang taon na ang nakararaan, at sinulatan siya ni Mamma at sinabing darating si Anna.

Pagkatapos ng tren, sumakay sila ng bangka sa North Sea papuntang Denmark. Pagkatapos ay naglayag sila papuntang England at Ireland bago tumawid ng Atlantic Ocean at dumaong sa New York City. Hilung-hilo si Anna dahil sa alon sa halos 15-araw na paglalakbay.

Nakahinga siya nang maluwag nang sumakay siya ng tren sa New York papunta sa Utah.

“Ogden, Utah!” sigaw ng konduktor. Wala pa rin alam na Ingles si Anna, pero nakilala niya ang pangalan ng lunsod. Nalungkot siya nang labis. Lalo siyang nalungkot nang tumayo na si Elder Carlson at dinampot ang bag nito at ang bag ni Ida.

“Kailangan ka bang sumama?” tanong niya sa kanyang kapatid.

“Oo,” marahang sabi ni Ida. “Huwag kang mag-alala, susunduin ka ni Auntie pagdating mo sa Salt Lake City.”

Minasdan ni Anna si Ida at si Elder Carlson habang kausap nila ang pamilya nito sa istasyon. Dadalhin nila si Ida sakay ng may takip na bagon papunta sa kanyang bagong tahanan sa bukirin at pagkatapos ay maglalakbay papuntang Idaho. Ngayon ay talagang nadama ni Anna na nag-iisa siya.

Magdamag na tumakbo ang tren hanggang sa huminto ito sa istasyon sa Salt Lake City. Halos hatinggabi na noon. Kinuha ni Anna ang kanyang bag at bumaba



na siya sa platform. Hinanap ng pagod niyang mga mata ang kanyang tita.

Pero walang sumundo sa kanya.

Nakadama ng takot si Anna. Muli siyang tumingin sa platform, umaasang hindi lang niya ito nakita sa una. Minasdan niya ang mga anino. Sinikap niyang aninagin ang hitsura ng mga tao sa umaandap-andap na ilaw ng gasera. Pero wala roon ang kanyang tita.

Nilapitan siya ng mga dayuhan at nagtanong sa kanya. Naisip ni Anna na nais nilang tumulong, pero hindi niya maintindihan ang sinasabi nila.

Noon lamang siya nakadama ng ganoong takot. Hindi siya natakot noong nililibak ng mga kaklase niya sa Sweden ang kanyang bagong relihiyon. Hindi siya natakot nang mahilo siya sakay ng bangka papuntang New York. At kahit noong nagpaalam siya kay Mamma.

Pumikit si Anna at inisip ang sinabi ng kanyang ina: “Huwag kalimutang manalangin sa inyong Ama sa Langit dahil mauunawaan *Niya* kayo.”

Lumuhod si Anna sa tabi ng kanyang maleta na nasa platform at nagdasal nang ubod nang taimtim na noon lang niya ginawa. Nagdasal siya na magsugo ang Ama sa Langit ng isang taong nagsasalita ng Swedish at makauunawa sa kanya.

Nang matapos siyang manalangin, tumingala siya sa langit. Wala pa ring naghihintay sa kanya. Ngunit pagkatapos ay nakita niya ang isang pamilyang Aleman na nakilala niya sa tren. Kumaway ang ina at sumenyas na sumunod siya sa kanila. Umiiyak pa rin, kinuha ni Anna ang kanyang bag at mabigat ang paang sumunod sa kanila.

Sumunod siya sa kanila hanggang sa south gate ng Temple Square block. Tumingin siya sa lugar na pinagtayuan ng magandang bagong templo. Pagkatapos ay biglang nakarinig si Anna ng mabibilis na yapak. Isang babae ang nagmamadali sa paglapit sa kanila, nakatinging mabuti sa lahat ng mga dumating na imigrante. Nalampasan ng tingin ng babae ang pamilyang Aleman.

Pagkatapos ay tumitig siya kay Anna. Nang tumingala si Anna, tumigil ang babae at tumitig. Tumitig din si Anna, at nakadama siya ng pag-asa.

Kilala siya ni Anna! Ito ay ang kanyang guro sa Sunday School na nagpunta sa Utah isang taon pa lang ang nakararaan! Kilala niya siya!

Mahigpit na niyakap ng guro si Anna. Pinahid niya ang luha ni Anna at bumulong sa wikang Swedish, “Paulit-ulit akong nagising. Nakikinita ko sa isip ko ang mga dumarating na imigrante. Hindi na ako nakatulog muli. Nadama kong dapat akong pumunta sa templo para tingnan kung may kakilala ako rito.” Hinawakan niya ang kamay ni Ana at inakay na niya ito. “Halika, sumama ka sa akin.”

Kalaunan nalaman ni Anna na ang kanyang tiya at tiyo ay lumipat mula sa Salt Lake at hindi nila natanggap ang liham ng kanyang ina. Ipinasabi sa kanila ng kanyang guro na naroon na si Anna, at nagpunta sila para sunduin si Anna makalipas ang apat na araw. Kalaunan ay nadala nina Ida at Anna si Mamma sa Amerika.

Ngunit sa ngayon, hindi na mahalaga iyon. Habang naglalakad si Anna papunta sa tahanan ng kanyang guro, naisip niya, “*Hindi lang* sinagot ng Ama sa Langit ang dasal ko. Hiniling ko lang na magsugo siya ng isang taong makauunawa sa akin, at isinugo Niya ang isang taong *kilala ko*.” ■

Ang awtor ay naninirahan sa Arizona, USA.

HANAPIN ANG MGA BAYANI NG INYONG PAMILYA

Hilingin sa inyong mga magulang o lolo’t lola na magkuwento sa inyo tungkol sa inyong pamilya. Baka may makilala kayong bayani mula sa inyong pamilya!



Sinasagot ng Ama sa Langit ang Aking mga Dalangin



Ni George R., edad 9, New Mexico, USA

Maraming beses nang dininig at sinagot ng Ama sa Langit ang aking mga dalangin. Ang una kong alaala na nangyari ito ay noong apat na taong gulang ako. Nawala sa mga block na gusto kong paglaruan. Kaya nagpunta ako sa kuwarto ko at lumuhod para manalangin. Hiniling ko sa Ama sa Langit na tulungan akong makita ang mga laruan ko. Agad sinagot ang dasal ko—nakita ko ang mga block sa kabilang kuwarto.

Ang isa sa pinakamahahalagang sandali na sinagot ang dasal ko ay nang kasama ko ang buong pamilya ko. Ilang buwan pagkatapos magmisyon ng pinsan kong si Christian, nagmamaneho siya sa kalaliman ng gabi sa isang daan sa bundok. Nagkabanggaan sila ng

isa pang kotse. Maayos ang lagay ng drayber sa kabilang kotse, pero isinakay ng helikopter ang pinsan ko papuntang ospital.

Malubha ang tinamong mga sugat ni Christian sa buong katawan niya. Na-coma siya, at inisip ng mga doktor na hindi na siya magkakamalay pa. Nagpasiya ang aming pamilya na mag-ayuno. Ang aking mga magulang, kapatid, lolo't lola, tiya, tiyo, at lahat ng pinsan ko ay nagpalitan sa pag-aayuno para kay Christian. Nag-ayuno ako sa araw na may pasok sa paaralan. Kinailangan kong ipaliwanag sa aking guro at mga kaklase kung bakit hindi ako manananghali sa araw na iyon. Ayos lang sa akin na hindi

kumain sa isang araw dahil nag-aayuno ako para sa pinsan ko.

Sinagot ng Ama sa Langit ang mga dasal namin, at sa huli ay nagkamalay si Christian. Hindi pa rin lubusang bumabalik ang kanyang lakas, pero may kaunting progreso siya. Alam kong matatagalan pa ang paggaling ni Christian. Ipinagdarasal pa rin namin siya. Posibleng mangyari ang anuman sa tulong ng Ama sa Langit. ■

TANONG PARA SA IYO

Sa anong mga bagay ka nangangailangan ng tulong? Alalahaning makipag-usap sa Ama sa Langit!

Magsisunod Kayo sa Akin

(Pinasimple)

May pagpapakumbaba ♩ = 69-76

Mga titik ni John Nicholson
Himig ni Samuel McBurney

Chords: C, F, C, F, C, A⁷, Dm, G, C, Cm, Gm, D⁷, G, G⁷, C, D⁷, G⁷, C

Lyrics:

1. "Mag - si - su - nod ka - yo sa 'kin,"
2. "Mag - si - su - nod ka - yo sa 'kin,"
3. Sa - pat na bang ma - la - man lang
4. 'Di la - mang di - to su - sun - din,

Ang wi - ka ni Cris - to sa 'tin,
Sim - pleng tu - ran, at ta - im - tim
Na di - to'y da - pat S'yang sun - dan,
Ha - lim - ba - wang a - lay sa 'tin,

U - pang ta - yo'y ma - ki - i - sa
Di - to'y ang ka - to - to - ha - nang
Ha - bang ta - yo'y na - bu - bu - hay?
Kun - di ka - hit na - ro - on na

Sa Bug - tong ng a - ting A - ma.
S'yang pu - pu - kaw sa i - si - pan.
Hin - di, hang - gang sa la - ngit man.
At sa la - ngit ka - pi - ling S'ya.

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa angkop at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.

Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

Ang Talinghaga ng mga Talento

Ni Jean Bingham

Nagsalaysay si Jesus ng isang kuwento, o talinghaga, tungkol sa isang lalaking nagpahiram ng ilang barya sa tatlong tao na nagtrabaho para sa kanya. Pagkatapos ay umalis ang lalaki. Habang wala siya, nagsikap nang husto ang dalawa sa kanila at ginamit ang kanilang mga barya para kumita ng mas maraming baryang maibabalik sa lalaki. Ngunit ibinaon lang ng isa sa kanila ang kanyang barya dahil natakot siyang mawala ito. Nang bumalik ang lalaki, binigyan niya ng mga gantimpala ang mga tao na palaguin ang mga baryang ipinahiram niya. Pero binawi niya ang barya sa taong hindi nagsikap na palaguin ito. (Tingnan sa Mateo 25:14–29.)


Tulad ng lalaki sa talinghaga, binigyan ng Ama sa Langit ang bawa't isa sa atin ng ilang bagay na napakahalaga—hindi barya, kundi natatanging mga kakayahan o talento, tulad ng pag-awit, pagpapakita ng pagmamahal, pagtakbo, o pagtulong sa iba. Tulad ng mga tao sa talinghaga, kailangan kayong magsikap na mabuti na palaguin ang inyong mga talento!

Paano ninyo masusunod ang mga turo ni Jesus sa paggamit at pagpapahusay ng inyong mga talento? Maaari kayong maging mas masaya at tumulong sa iba kapag ginawa ninyo ito. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

ALAMIN PA

Ang talento ay isang espesyal na kakayahan, tulad ng talento sa pagdrowing. Ngunit noong panahon ni Jesus, ang ibig sabihin ng salitang *talento* ay malaking halaga ng pera. Paano nagkapareho ang dalawang uring ito ng mga talento?



Magplano ng isang pagtatanghal para ibahagi ang inyong mga talento.

1. Ipabahagi sa bawat miyembro ng pamilya ang isang bagay na mahusay nilang nagagawa, tulad ng pagbabasa nang malakas, pagluluto ng pagkain, pagtatanghal ng isang bilang-musikal, pagsasabi ng biro, pag-somersault, o masayang pagngiti.
2. Pagkatapos magbahagi ng talento ang bawat isa, hayaan ang iba pang mga miyembro ng pamilya na magsabi ng isang mabuting bagay na napansin nila tungkol sa taong iyon.
3. Para sa miryenda, pagsama-samahin ang paboritong prutas ng bawat isa para makagawa ng masarap na fruit salad!


PAG-UUSAP NG PAMILYA

Tulungan ang bawat miyembro ng pamilya na bumanggit ng kahit isang talento niya. Paano ninyo matutulungan ang isa't isa na mapaulad ang inyong mga talento? Pag-usapan kung paano nakakatu-long sa iba ang paggamit sa inyong mga talento at nagpapakita ng inyong pasasalamat sa Ama sa Langit. Hamunin ang mga miyembro ng pamilya na hanapin ang mga talento ng isa't isa at magbigay ng tapat na papuri bawat araw.

Awitin: " 'Magbigay,' Wika ng Munting Sapa" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 116)

Banal na Kasulatan: Doktrina at mga Tipan 46:11

Video: Magpunta sa Biblevideos.lds.org para mapanood ang "The Parable of the Talents."



Maaari kang mag-print ng mas maraming imbitasyon sa liahona.lds.org.

TIP SA BANAL NA KASULATAN

Ang pagsasadula ng isang kuwento sa banal na kasulatan ay nakatutuwang paraan para malaman pa ang iba tungkol dito.

1. Atasan ang isang tao na gampanan ang isang tauhan sa kuwento. Maaari kayong gumamit ng mga simpleng costume at props tulad ng bathrobes o baryang papel.
2. Ipabasa sa isa ang kuwento, at huminto pagkatapos ng bawat talata para maiakto ng mga gumaganap ang binasa.
3. Isadulang muli ang kuwento para magkaroon ng pagkakataon ang lahat.


ANG ATING PAHINA



NAGDASAL AKO PARA MALAMAN ANG GAGAWIN KO

Noong nasa ikatlong baitang ako, nagdaos kami ng party para ipagdiwang ang katapusan ng taon. Lahat ay naghagis ng tubig, nagsigawan, at nagsalita ng masama. Hindi ako komportable sa sitwasyong iyon, kaya nagdasal ako at tinulungan ako ng Espiritu Santo na bumuti ang pakiramdam ko at malaman ang gagawin ko. Lumayo ako sa kanilang lahat at lumipat ako sa ibang silid. Nakadama ko ng kaligtasan at gumanda ang aking pakiramdam.

Cristina V., edad 11, Uruguay



Ang Aklat ni Mormon ay totoo. Ito ang salita ng Diyos. Gusto kong basahin ito dahil isinalaysay nito ang mga kuwento at turo ng mga propeta.

Z. Pei-chen, edad 7, Taiwan



Gusto ko ang kuwento tungkol sa arka ni Noe sa Biblia, at mahilig akong magdrowing, magpinta, maglaro, at mag-ukol ng panahon sa aking pamilya. Ito ang drawing ko ng Kirtland Temple.


Leonardo G., edad 7, Venezuela



Joaquin V., edad 9, California, USA


Mga Temple Card

Gupitin ang pahinang ito, idikit ito sa makapal na papel, at gupitin ang mga card.
Magpunta sa **liahona.lds.org** para mag-print ng mas maraming kopya ng mga card at maghanap ng mga card para sa iba pang mga templo.



Kyiv Ukraine

Inilaan noong Agosto 29, 2010,
ni Pangulong Thomas S. Monson




San Salvador El Salvador

Inilaan noong Agosto 21, 2011,
ni Pangulong Henry B. Eyring




Quetzaltenango Guatemala

Inilaan noong Disyembre 11, 2011,
ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf




Kansas City Missouri

Inilaan noong Mayo 6, 2012,
ni Pangulong Thomas S. Monson




Manaus Brazil

Inilaan noong Hunyo 10, 2012,
ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf




Brigham City Utah

Inilaan noong Setyembre 23, 2012,
ni Pangulong Boyd K. Packer




Calgary, Alberta

Inilaan noong Oktubre 28, 2012,
ni Pangulong Thomas S. Monson



Tegucigalpa, Honduras

Inilaan noong Marso 17, 2013,
ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf



Gilbert, Arizona

Inilaan noong Marso 2, 2014,
ni Pangulong Thomas S. Monson

Ano ang Ginagawa Natin SA TEMPLO?

Ni Carolyn Carter

Ang templo ang bahay ng Panginoon. Pagpasok natin, nadarama nating malapit tayo sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Madarama natin ang Espiritu Santo. Sa templo nakikibahagi tayo sa mga sagradong *ordenansa*, gaya ng binyag. Gumagawa din tayo ng espesyal na mga pangako, o *mga tipan*, sa Ama sa Langit. Mabibigyan natin ng pagkakataon ang mga namatay na tanggapin ang ebanghelyo. Magiging napakaespesyal na araw ang unang pagpasok mo! ■



BAUTISMUHAN

Pagtuntong mo ng 12 anyos, maaari kang binyagan para sa mga taong namatay nang hindi nabinyagan. Ang bautismuhan ay nakapatong sa mga baka na sumasagisag sa labindalawang lipi ni Israel.

CELESTIAL ROOM

Maganda ang celestial room! Ipinapaalala nito sa atin kung gaano kapayapa at kaligaya tayo kapag namuhay tayo sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo balang-araw.



Pagtuntong mo ng 12 anyos, maaari kang makipagkita sa iyong bishop para kumuha ng sarili mong temple recommend. Pagkatapos ay makakasok ka na sa templo para magsagawa ng mga binyag.



SEALING ROOM

Sa ganitong mga silid, ang mga pamilya ay maaaring mabuklod sa kawalang-hanggan. Ibig sabihin nito ay makapamumuhay sila nang sama-sama bilang isang pamilya magpakailanman—hindi lang sa buhay na ito.



*Pagkat templo'y tahanan
ng Diyos,
Kagandaha't pag-ibig.
Habang bata pa'y
maghahanda;
Tungkulin kong sagrado.*

*("Templo'y Ibig Makita,"
Aklát ng mga Awít
Pambata, 99)*

Para sa mga larawan ng mga templo sa iba't ibang panig ng mundo, bisitahin ang temples.lds.org at mag-klik sa "Gallery."

ORDINANCE ROOM

Sa ganitong mga silid, natututo tayo tungkol sa plano ng Ama sa Langit para sa atin, at nakikipagtipan tayo na magtutulot sa atin na muli Siyang makapiling. Natututo rin tayo tungkol sa Paglikha ng mundo, tungkol kina Eva at Adan, at tungkol kay Jesucristo. Natututo rin tayo tungkol sa mga pagpapalang matatanggap natin sa kabilang-buhay kung tayo ay tapat.



Doon ay Pupunta

Ni Mary N., edad 12, Maryland, USA

Noong halos 12 anyos ako, sabik na sabik akong makapunta sa templo. Pinag-usapan namin ng pamilya ko kung ano ang pakiramdam ng makapasok sa loob nito, at tiningnan ko rin ang mga larawan ng loob ng templo.

Ilang linggo bago ako nagpunta para magsagawa ng mga binyag sa templo, nagdaos ang pamilya ko ng isang espesyal na family home evening. Nakinig kami sa magagandang kuwento tungkol sa ilan sa aming mga ninuno at nalaman namin kung saan sila tumira at ano ang naging buhay nila. Nalaman ko pa na tinamaan ng kidlat ang kalololohan ko at nakaligtas! Ang ilan sa mga ninuno ko ay nagmula sa England, kaya kinulayan namin ng nakababatang mga kapatid ko ang mga larawan ng bandilang English. Pakiramdam ko ay nakaugnay ako kahit paano sa aking mga ninuno.

Maganda ang loob at labas ng templo. Lahat ng naroon ay napakababait, at may magiliw at payapang diwa roon. Kaiba ito sa anumang nadama ko na. Talagang perpekto ang lahat. Nagdala ang tita ko ng mga pangalan ng ilang miyembro ng pamilya na hindi pa

nabinyagan. Habang naghihintay kami, inisip namin ng nanay at tita ko kung ano kaya ang hitsura nila noong nasa lupa sila 300 taon na ang nakararaan. Espesyal ang pakiramdam na bininyagan ako ng tatay ko para sa kanila.

Nang makita kong nakaputi ang lahat ng tao pakiramdam ko'y napaligiran ako ng mga anghel. Ang templo ay parang langit sa lupa. ■



5 TIP PARA SA UNA MONG PAGBISITA SA TEMPLO

Kausapin ang isang magulang o mga guro kung ano ang dapat asahan.

Tingnan ang mga larawan ng mga silid sa loob ng templo.

Makipag-appointment sa bishop mo para makakuha ng recommend. Kakausapin ka niya tungkol sa iyong patotoo at pagsunod sa mga kautusan.

Alamin ang tungkol sa sarili mong mga ninuno. Kung maaari, maghanap ng isang ninuno na maaari mong i-proxy sa binyag! Bisitahin ang FamilySearch.org para malaman ang iba pa.

Ipagdasal na mapasaiyo ang Espiritu Santo. At maging masaya sa una mong pagbisita sa templo!

NATATANGING SAKSI



**Ni Elder
Neil L. Andersen**

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

*Ang mga miyembro ng
Korum ng Labindala-
wang Apostol ay mga
natatanging saksi ni
Jesucristo.*

Ano kaya ang pakiramdam kapag pumasok na ako sa templo?

Malalaman mo ang tungkol sa Paglikha ng mundo.

Malalaman mo ang
tungkol sa ating
Tagapagligtas na si
Jesucristo.

Papanatagin ng
kapayapaan ng
Tagapagligtas ang iyong
mga pag-aalala
at pangamba.

Makadarama ka
ng kabanalan.

Tutulungan ka
nito na mana-
tiling malakas
kapag mahirap
ang buhay.



**Ni Pangulong
James E. Faust
(1920–2007)**

Pangalawang Tagapayo
sa Unang Panguluhan

SA MGA TUPA AT PASTOR

*Natakot ang munti kong kaibigan sa unos,
at naririnig ko ang pag-atungal nito.*

Noong bata pa ako, may natagpuan si itay na tupa na nag-iisa sa disyerto. Nakaalis na ang kawan ng mga tupa na kinabibilangan ng ina nito, at nawalay ang tupa sa ina nito, at marahil hindi alam ng pastol na naligaw ito. Dahil hindi ito mabubuhay na mag-isa sa disyerto, pinulot at iniuwi ito ni itay. Kung iniwan doon ang tupa tiyak na mamamatay ito, maaaring dahil sa mga coyote o sa gutom dahil napakabata pa nito at kinailangan nito ng gatas. Ang tawag ng ilang pastol sa mga tupang ito ay “bummers.” Ibini-gay ni itay sa akin ang tupa at ako ay naging pastol nito.

Sa loob ng ilang linggo nagpapainit ako ng gatas ng baka at inilalagay sa dede ng sanggol at pinakain ang tupa. Naging matatalik kaming magkaibigan. Tinawag ko siyang Nigh—hindi ko maalala kung bakit. Nagsimula itong lumaki. Naglalaro kami ng tupa ko sa damuhan. Kung minsan magkasama kaming nakahiga sa damo at nakaunan ako sa malambot at mabalahibong panig nito at titingala sa asul na kalangitan at mapuputing ulap.



Hindi ko ikinukulong ang tupa ko sa maghapon. Hindi ito tatakbo palayo. Di nagtagal natuto itong kumain ng damo. Puwede kong tawagin kahit saan sa bakuran ang tupa ko sa pag-gaya lang sa tunog ng tupa: *Baa. Baa.*

Isang gabi dumating ang isang malakas na unos. Nalimutan kong isilong ang tupa ko sa kamalig nang gabing iyon na dapat sana ay ginawa ko. Natulog na ako. Natakot ang munti kong kaibigan sa unos, at naririnig ko ang pag-atungal nito. Alam ko na dapat kong tulungan ang alaga kong hayop, pero gusto kong manatiling ligtas, hindi ginawin, at tuyo sa kama ko. Hindi ako bumangon tulad ng dapat sanang ginawa ko. Kinaumagahan lumabas ako at nakita kong patay

na ang tupa ko. Narinig ng isang aso ang pag-iyak nito at pinatay ito. Nagdalamhati ako. Hindi ako naging mabuting pastol o katiwala sa ipinagkatiwala sa akin ng tatay ko. Sabi ng tatay ko, “Anak, hindi ba kita mapagkakatiwalaan sa pag-aalaga ng isa lang tupa?” Mas masakit sa akin ang sinabi ng tatay ko kaysa sa pagkawala ng mabalahibo kong kaibigan. Nagpasiya ako sa araw na iyon, bilang isang bata, na sisikapin kong hindi na muling pabayaan ang ipagkakatiwala sa akin bilang pastol sakaling malagay akong muli sa katungkulang iyon. . . .

Pagkaraan ng mahigit animnapung taon, naririnig ko pa rin sa aking isipan ang iyak, ang takot na pag-iyak ng tupa ko noong bata pa ako na hindi ko naalagaang mabuti. Naaalala ko rin ang magiliw na pangaral ng aking ama: “Anak, hindi ba kita mapagkakatiwalaan sa pag-aalaga ng isa lang tupa?” Kung hindi tayo mabubuting pastol, ano kaya ang madarama natin sa kawalang-hanggan. ■

Mula sa James E. Faust, “Responsibilities of Shepherds,” Ensign, Mayo, 1995, 46, 48.

MGA KABATIRAN



Ang pamilya Rasolo ng Madagascar ay mga pioneer sa kanilang malayong komunidad.

Paano kung wala akong mga ninunong pioneer?

“Mahal ko at iginagalang ang pananalig at kalakasan ng loob ng mga sinaunang pioneer na iyon ng Simbahan. Ang sarili kong mga ninuno ay nanirahan sa ibayong dagat nang panahong iyon. Wala sa kanilang tumira sa Nauvoo o Winter Quarters, at walang naglakbay patawid sa kapatagan. Ngunit bilang miyembro ng Simbahan, mapagpasalamat at buong pagmamalaki kong inaangkin ang pamana ng mga pioneer na ito.

“Inaangkin ko rin nang buong kagalakan ang mga pamana ng makabagong mga pioneer ng simbahan na nakatira sa bawat bansa at ang sarili nilang mga kuwento ng pagtitiyaga, pananalig, at sakripisyo ay nagdaragdag ng maluwalhati at bagong mga taludtod sa magandang koro ng himno ng kaharian ng Diyos sa mga huling araw.”

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Pananalig ng Ating Ama,” *Liahona*, Mayo 2008, 70.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

PUNO NG BUHAY AT SIGLA

Narito ang isang gawi na masisimulan mo para magkaroon ng mas mabuting kalusugan, higit na sigla, at dagdag na inspirasyon.



p. 42

PARA SA MGA KABATAAN

p. 52



HANDANG TUMANGGAP NG **MELCHIZEDEK PRIESTHOOD?**

Tutulungan ka ng mga turong ito mula sa mga pinuno ng Simbahan na mas maunawaan kung ano ang tunay na kahulugan ng sumpa at tipan ng priesthood.

PARA SA MGA BATA

Paglalakbay ni Anna

Nang makababa ng tren si Anna sa Amerika, nag-iisa siya at walang sinumang makaunawa sa kanyang wika. Pero naalala niya ang paalala ng kanyang ina na laging pinakikinggan at nauunawaan ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin.



p. 66



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW